ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • HUNYO 2011

# Liahona



## Priesthood: Ang Kapangyarihan ng Pagiging Makadiyos, mga pahina 14, 16, 19

**Edukasyon: Ang Aking Landas sa Pag-ahon sa Kahirapan, p. 42**

**Pagtuturo sa mga Anak ng Ligtas na Paggamit ng Internet, p. 64**

**75 Taon ng Paglilingkod at Pag-asa sa Sariling Kakayahan, p. 81**




HINDI MAARING KOPYAHIN

*Ang Sagradong Susquehanna,* ni Glen S. Hopkinson

*Noong Mayo 15, 1829, malapit sa Harmony, Pennsylvania, nagpakita si Juan Bautista kina Joseph Smith at Oliver Cowdery. Sa ilalim ng pamamahala ng mga Apostol noon na sina Pedro, Santiago, at Juan, ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa ulo nina Joseph at Oliver at iginawad ang Aaronic Priesthood.*

*Pagkatapos ay sinabi ni Juan Bautista kay Joseph na dapat niyang binyagan si Oliver at pagkatapos ay binyagan naman ni Oliver si Joseph sa Susquehanna River. At kasunod niyan ay ioorden nila ang isa't isa sa Aaronic Priesthood. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–72; D at T 13:1.)*

*Pagkaraan ng ilang linggo, nagpakita sina Pedro, Santiago, at Juan kina Joseph at Oliver malapit sa Harmony, at iginawad sa kanila ang banal na Melchizedek Priesthood, at inorden sila bilang mga Apostol (tingnan sa D at 27:12; 128:20).*



# Liahona, Hunyo 2011


## MGA MENSAHE

**4** **Mensahe ng Unang Panguluhan: Ang mga Pagpapala ng Ikapu**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

**7** **Mensahe sa Visiting Teaching: Pagpapalakas sa mga Pamilya sa pamamagitan ng Temporal na Pag-asa sa Sarili**

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO

**16** **Mga Basbas ng Priesthood: Pagkatutong Magtiwala sa Diyos**
Ni Mark L. Grover

**24** **Gustung-gusto Kong Huminto**
Hindi ibinigay ang pangalan

**28** **Ang Tunay na Landas Tungo sa Kaligayahan**
Ni Elder Quentin L. Cook
*Limang susi sa kaligayahan.*

**34** **Ligtas na Paglalayag Pauwi**
Ni Richard M. Romney

**81** **Ang Planong Pangkapakanan ng Simbahan**
*Ipinagdiriwang ang 75 taon ng pag-asa sa sariling kakayahan at paglilingkod.*

## MGA BAHAGI

**8** **Maliliit at mga Karaniwang Bagay**

**11** **Paglilingkod sa Simbahan: Pinagpala ng mga Council**
Ni Elder M. Russell Ballard

**12** **Nangungusap Tayo Tungkol kay Cristo: Pinasan Niya ang Aking mga Kalungkutan**
Ni Jane Bleak

**14** **Ang Ating Paniniwala: Ang Priesthood ay ang Karapatang Kumilos sa Pangalan ng Diyos**

**19** **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Ang Bisa ng Mabuting Halimbawa**
Ni Jerry Stringam

**20** **Mga Klasikong Ebanghelyo: Ang Konsepto ng Kasal sa mga Banal sa mga Huling Araw**
Ni Pangulong Hugh B. Brown

**38** **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

**74** **Mga Balita sa Simbahan**

**79** **Mga Ideya para sa Family Home Evening**

**80** **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Pagtatayo sa Matibay na Pundasyon**
Ni Joshua J. Perkey


**SA PABALAT**
Harap: *Panunumbalik ng Melchizedek Priesthood,* ni Walter Rane. Likod: paglalarawan ni Matthew Reier.

## MGA YOUNG ADULT




**42 Ang Kapangyarihan ng Edukasyon**
Ni Suzy Taggy Coelho Caldas Nelsen
*Sabi ng nanay ko ito ang bagay na makapag-aahon sa akin sa kahirapan.*




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: tanungin si Nicole.***

## MGA KABATAAN


**46 Mga Tanong at mga Sagot**
*Paano ko masasabi kung ang mga pagsubok sa akin ay para tulungan akong maging mas mabuti o kung paraan ito ng pagbibigay-babala ng Ama sa Langit na naliligaw ako ng landas?*

**48 Ang Inyong Halimbawa ay Mahalaga**
Ni Elder Joseph W. Sitati
*Natutuhan ng mga kabataan sa Kenya, Africa na ang pamumuhay ng ebanghelyo ay nagpapalakas sa kanila at sa iba.*

**51 Taludtod sa Taludtod: Doktrina at mga Tipan 121:41–43**


**52 Poster: Ang Sagradong Kakahuyan**

**53 Mula sa Misyon: Mga Tanda ng Espiritu**
Ni Pedro Ovalles

**54 Turuan ang Tao na Mangisda**
Ni Adam C. Olson
*Nang mamatay ang tkanyang ama, naroon ang Ama sa Langit ni Ezra para tulungan siya.*

**58 Ang Natutuhan Ko sa Paglangoy**
Ni Marissa Thompson
*Hindi lahat ng pamimilit ng barkada ay masama.*



## MGA BATA




**60 Magtiwala sa Panginoon**
Ni Elaine S. Dalton
*Bakit kinailangang mamatay ang tatay ko? Isang talata sa Lumang Tipan ang nagbigay sa akin ng sagot.*

**61 Natatanging Saksi: Anong mga Pagpapala ang Natatanggap Natin sa ng Ipinanumbalik na Simbahan?**
Ni Elder L. Tom Perry

**62 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Dahil sa mga Pangunahing Alituntunin at Ordenansa ng Ebanghelyo Makakapiling Kong Muli ang Diyos**
Nina Ana Maria Coburn at Cristina Franco

**64 Isara at Isumbong**
Ni Danielle Kennington
*Natutuhan ni Connor ang dapat gawin kapag nakakita siya ng malaswang website.*

**67 Ang Ating Pahina**

**68 Ang Aking Malaking Desisyon**
Ni Rebecca Shaw
*Nagdasal si Nicole para malaman kung dapat siyang magpabinyag.*

**70 Para sa Maliliit na Bata**

**HULHO 2011 TOMO 14 BLG. 6**
**LIAHONA 09686 893**
Opisyal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Stanley G. Ellis, Christoffel Golden Jr., Yoshihiko Kikuchi

**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na Patnugot:** Ryan Carr
**Assistant na Patnugot:** Susan Barrett
**Staff sa Patnugutan:** David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Larry Hiller, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Janet Thomas, Paul VanDenBerghe, Mellissa Zenteno

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Mga Senior Designer:** C. Kimball Bott, Thomas S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy
**Staff sa Produksyon:** Cali R. Arroyo, Collette Nebeker Aune, Howard G. Brown, Julie Burdett, Reginald J. Christensen, Kim Fenstermaker, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagasasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2011 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin kung mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala anag mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:** June 2011 Vol. 14 No. 6. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

# Marami Pang Impormasyon Online

Liahona.lds.org



## PARA SA MATATANDA

Ang **"Gustung-gusto Kong Huminto"** (pahina 24) ay kuwento tungkol sa ginawa ng isang lalaki para mapaglabanan ang pagkalulong sa pornograpiya. Nagtipon kami ng listahan ng mga artikulo na may kinalaman sa paksang iyan sa www.liahona.lds.org.

## PARA SA MGA KABATAAN



**Mga kabataan sa Visakhapatnam, India,** nakahanap ng lakas sa kanilang pamilya (tingnan sa pahina 34). Tingnan ang marami pang larawan ng mga kabataang ito sa www.liahona.lds.org.

## PARA SA MGA BATA



Hindi lahat ng website ay ligtas puntahan (tingnan sa pahina 64). Ngunit ang isang ito ay ligtas: **maghanap ng mga laro at aktibidad sa** www.liahona.lds.org.

## SA INYONG WIKA


Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa www.languages.lds.org.

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Basbas, biyaya o pagpapala, mga,*** *16, 38, 39, 41*
***Binyag,*** *62, 68, 73*
***Council, mga,*** *11*
***Edukasyon,*** *42*
***Espiritu Santo,*** *62, 64, 68*
***Gawaing misyonero,*** *53*
***Halimbawa,*** *19, 28, 48, 54*
***Ikapu,*** *4*
***Inspirasyon,*** *40*
***Jesucristo,*** *12*
***Kabaitan,*** *70*
***Kaligayahan,*** *20, 28*
***Kamatayan,*** *12, 54, 60*
***Kasal,*** *20*
***Media,*** *64*
***Pag-aaral ng mga banal na kasulatan,*** *34*
***Pag-asa sa Sariling Kakayahan,*** *7, 81*
***Pagdadalamhati,*** *12*
***Paghihirap,*** *12, 16, 39, 46*
***Pagiging magulang,*** *20*
***Pagkakaibigan,*** *34, 58*
***Pagkalulong,*** *24*
***Pagsisisi,*** *19, 62, 64*
***Pagtitiwala,*** *60*
***Pakikipagdeyt,*** *19*
***Pamantayan, mga,*** *28, 48, 58, 64*
***Pamilya,*** *19, 20, 28, 34, 54, 70*
***Panalangin,*** *67, 68*
***Pananampalataya,*** *60, 62*
***Pangkapakanan,*** *81*
***Panunumbalik,*** *52, 61*
***Patotoo,*** *53, 80*
***Pornograpiya,*** *24*
***Priesthood,*** *14, 16, 19, 38 39, 41, 48, 51*
***Relief Society,*** *7*

**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan



# ANG MGA PAGPAPALA NG Ikapu

Binigyan tayo ng Diyos ng mga kautusan upang pagpalain tayo. Gusto Niya tayong bigyan ng buhay na walang hanggan, ang pinakadakila sa lahat ng Kanyang mga kaloob (tingnan sa D at T 14:7). Para matanggap ang kaloob na makapiling Siya magpakailanman bilang pamilya sa kahariang selestiyal, kailangan nating ipamuhay ang mga batas ng kahariang iyon (tingnan sa D at T 88:22).

Binigyan Niya tayo ng mga kautusan sa buhay na ito upang tulungan tayong makamit iyon. Ang batas ng ikapu ay isa sa mga kautusang iyon na maghahanda sa atin. Ayon sa batas, ibibigay natin sa Panginoon ang ikasampung bahagi ng lahat ng ating kinikita. Simple lang ito kaya't kahit ang bata ay mauunawaan ito. May nakita na akong mga bata na nag-aabot ng tithing envelope na naglalaman ng ikasampung bahagi ng mga baryang kinita nila.

Ang isa sa mga pagpapala ng pagbabayad ng buong ikapu ay ang pagkakaroon ng pananampalatayang sundin ang mas mataas na batas. Upang makapanahanan sa kahariang selestiyal, kailangan nating sundin ang batas ng lubos na paglalaan. Doon dapat nating madama na ang buo nating pagkatao at lahat ng nasa atin ay pag-aari ng Diyos.

May tatlong paraan ng pagbabayad ng buong ikapu sa paghahanda sa atin na *madama* ang kailangan nating madama para matanggap ang kaloob



na buhay na walang hanggan.

**Una,** kapag nagbayad tayo ng ating ikapu sa Simbahan, ibinubuhos ng ating Ama sa Langit ang mga pagpapala sa atin. Alam ng sinumang palagiang nagbabayad ng buong ikapu na iyan ay totoo. Kung minsan ang mga pagpapala ay espirituwal at kung minsan ay temporal. Ibinibigay ang mga ito sa panahong itinakda ng Panginoon at ayon sa alam Niyang pinakamabuti sa atin.

Sa pagdating ng mga pagpapalang iyon, nag-iibayo ang ating pananampalataya na sa Diyos nagmumula ang lahat ng mabuti sa ating buhay. Mas madaling makita na ang paglalaan ay pagkilala lamang sa katotohanan na lahat ng likha ng Diyos ay Kanya. Dahil dito *nakadarama* tayo ng pasasalamat na 10 porsiyento lamang ng mga naibigay Niya sa atin ang hinihingi Niya. Kaya mas handa tayong sundin ang batas ng lubos na paglalaan kapag hiniling ito sa atin.

**Ikalawa,** lahat tayo na laging nagbabayad ng buong ikapu ay *nakadarama* ng mas malaking tiwala sa paghiling sa Diyos ng kailangan natin at ng ating pamilya. Nangako Siya ng mga pagpapalang higit pa sa maaari nating matanggap kung tapat tayo sa ating tipan na magbayad ng ating ikapu (tingnan sa Malakias 3:10). Kaya ang isa sa malalaking pagpapala ng ikapu ay ang pagkakaroon ng tiwala sa mangyayari sa hinaharap. Anuman ang ating mga sitwasyon, magiging maayos ang lahat. Kapag tinupad natin ang ating mga pangako, tutuparin Niya ang sa Kanya. Ang damdamin ng kapayapaan ay isa sa malalaking pagpapala ng pagbabayad ng buong ikapu. Mapapatotohanan ng mga nagbabayad ng ikapu na totoo at mahalaga ang biyaya ng kapayapaan.

**Ikatlo,** yaong mga nagbabayad ng ikapu ay *makadarama* ng ibayong pagmamahal sa Diyos at sa lahat ng anak ng Diyos. Ang ibayong pagmamahal na iyon ay nagmumula sa pagkaunawa kung paano ginagamit ng Ama ang mga ikapung ibinibigay natin upang pagpalain ang mga tao sa mundong ito at sa kawalang-hanggan.

Sa pamamagitan ng Kanyang mga awtorisadong lingkod, ginugugol Niya ang mga ikapu nang buong ingat. Tinutulungan ng nagbabayad ng ikapu ang Panginoon na makapagtayo ng mga templo, kung saan mabubuklod ang mga pamilya magpakailanman. Tinutulungan Siya ng nagbabayad ng ikapu sa pagpapalaganap ng ebanghelyo sa mga tao sa lahat ng dako. Tinutulungan Siya ng nagbabayad ng ikapu na pawiin ang gutom at pagdurusa sa Kanyang sariling paraan sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod. Masasabi ng sinuman sa mga lingkod na iyon kung paano nag-iibayo ang pagmamahal dahil ginamit ang ikapu upang pagpalain ang mga tao. At masasabi rin iyan ng tapat na nagbabayad ng ikapu.

Ilang buwan pa bago ang tithing settlement. Dalangin ko na simulan na ninyo at ng inyong pamilya ngayon na magplano at maghanda para maging karapat-dapat sa mga pagpapalang ibinubuhos ng Diyos sa lahat ng makapagsasabi sa Kanya na sila ay nagbabayad ng buong ikapu. ■

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

- Kung minsan ang pinakamainam na paraan upang ituro ang isang partikular na alituntunin ay sa pamamagitan ng pagtatanghal nito (tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 218). Isiping hilingin sa isang kapamilya na ipakita kung ano ang isinasagisag ng ikasampung bahagi. Maipakikita niya ito sa paghihiwalay ng isang bagay mula sa isang grupo ng 10 bagay. Bilang pagtatapos, isiping anyayahan ang isang kapamilya na ipakita kung paano sulatan ang tithing slip.
- "Makikinabang ang inyong mga tinuturuan mula sa pakikilahok ng isa't isa" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 79). Anyayahan ang mga kapamilya kung ano sa palagay nila ang ibig sabihin ni Pangulong Eyring sa mga katagang "*madama* ang kailangan nating madama para matanggap ang kaloob na buhay na walang hanggan." Isiping talakayin ang tatlong paraan kung saan inihahanda tayo ng pagbabayad ng ikapu upang madama ang kailangan nating madama para matanggap ang mga pagpapala ng Diyos.

MGA LARAWANG KUHA NI ROBERT CASEY



# MGA KABATAAN

## Sapat na Pera

Ni Fabiano dos Santos da Silva

Nakilala ko ang mga misyonero noong 17 anyos ako. Magkasama kami noon ng kuya ko sa bahay. Pumanaw na ang aming ina isang taon bago iyon, at mahirap ang buhay. Nang turuan ako ng mga misyonero, nalaman ko na ang Simbahan ang matagal ko nang hinahanap. Ngunit ang impluwensya ng aking mga kaibigan ang humadlang sa pagsisimba ko tuwing Linggo.

Minsan nagpunta ako sa isang aktibidad sa Simbahan sa karaniwang araw. Tuwang-tuwa akong makita na lahat ng kabataan ay nagtatawanan at naglalaro. Sinamantala ng mga misyonero, pati ng mga kabataan, ang pagkakataong turuan ako tungkol sa ebanghelyo, at napakaganda ng pakiramdam ko kaya nagpasiya akong magpabinyag.

Pero kahit sumapi na ako sa Simbahan, naharap ako sa mga pagsubok. Ako lang ang miyembro ng Simbahan sa bahaging iyon ng bayan at malayo ang tirahan ko sa meetinghouse. Ayaw nang makisama sa akin ang mga kaibigan kong hindi miyembro. Kapag malungkot ako, nagdarasal ako at nadarama ko ang pagmamahal ng Panginoon.

Buwan-buwan, nakakatanggap ako ng kaunting pera mula sa pondong naiwan ng aking ina. Nahirapan akong tustusan ang sarili ko sa kakaunting pera. Pero determinado akong maging masunurin. Nagbayad ako ng ikapu at kinailangan ko ring mamasahe papunta sa seminary at mga miting sa araw ng Linggo. Hindi ko maunawaan kung paano nangyari, pero tuwing katapusan ng buwan, nakikita kong nagkaroon ng sapat na pera para magawa kong lahat iyon.

Alam ko na pinagpala ako dahil sa pagbabayad ng ikapu. Nakatulong sa akin ang pagsunod sa utos na ito para lumakas ang aking patotoo, makapagmisyon, at makita ang mga pagpapalang nakatulong para mapalakas ko ang mga bagong miyembrong nahaharap sa mga pagsubok.



# MGA BATA


## Makakabayad Ako ng Ikapu

Ang ibig sabihin ng pagbabayad ng ikapu ay **pagbibigay ng 10 porsiyento** ng kinikita natin sa Panginoon. Tingnan ang tatlong batang ito na nagtatrabaho. Sa unang blangko sa tabi ng bawat drowing, isulat kung magkano sa palagay ninyo ang dapat kitain ng bawat bata sa trabaho. Sa pangalawang linya, isulat kung magkano ang magiging ikapu.



____________

____________



____________

____________



____________

____________

**Bonus na tanong:** Sino sa mga nagbabayad na ito ng ikapu ang tatanggap ng pinakamaraming pagpapala? (Hint: Tingnan sa huling talata ng mensahe ni Pangulong Eyring.)

MGA PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP

# Patatagin ang mga Pamilya sa pamamagitan ng Pagtuturo sa Kanila na Matustusan ang Temporal Nilang Pangangailangan

*Pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa mga kababaihang binibisita ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang inyong mga kababaihan at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.*

**Pananampalataya • Pamilya • Kapanatagan**

Ang pagkakaroon ng self-reliance—ang abilidad na matustusan ang ating mga pangangailangan at ng ating pamilya—ay responsibilidad ng bawat babae. Nagiging self-reliant tayo habang natutuhan nating mahalin ang trabaho, kapag humihingi tayo ng inspirasyon na mahanap ang pinakamainam na paraan upang maitaguyod ang ating sarili, at kapag nakikipagtulungan tayo sa mga kapamilya upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan.

Kapag self-reliant tayo, ginagamit natin ang ating mga pagpapala at kabuhayan upang maghanda para sa at maiwasan ang mga problema. Gayunman ang self-reliance ay napag-iigi kapag nanalangin tayo at humingi ng lakas ng loob na maharap nang may pananampalataya ang mga hamon na tiyak na darating sa ating buhay. Sa self-reliance ay natutupad din natin ang ating tipan na pangalagaan ang iba.

Itinuturo sa atin sa Relief Society ang mga prinsipyo ng self-reliance at mga kahusayan sa paggawa. Maaaring matutuhan ng mga kababaihan ang tungkol sa pagbabadyet, pag-iwas sa pag-utang, mga kwalipikasyon sa paghahanap ng trabaho, ang mga banal na kasulatan at ang ebanghelyo, pagtuturo sa iba na magbasa at matuto, teknolohiya, kalusugan ng katawan, pag-iwas at paggaling mula sa adiksyon, kalusugang panlipunan at damdamin, pag-iwas sa sakit, paghahalaman, produksyon ng pagkain at pag-iimbak, kahandaan sa oras ng emergency, at marami pang iba na makatutulong sa ating maging self-reliant.[1]

Ipinaliwanag ni Julie B. Beck, Relief Society general president, na "ang paglalaan sa ating sarili at sa iba ay katibayan na tayo ay mga disipulo ng Panginoong Jesucristo. . . . Nang biglang pumanaw [ang biyenan kong babae] noong isang taon, nag-iwan siya ng katibayan ng pag-asa niya sa sariling kakayahan. Mayroon siyang current temple recommend at gamit-na-gamit na mga banal na kasulatan at mga manwal sa pag-aaral ng ebanghelyo. Mapagmahal naming pinaghatian ang mga kaldero, kawali, at pinggan na ginamit niya sa napakaraming pagkakataong naghanda siya ng pagkain. Iniwanan niya kami ng mga quilt na nagawa niya mula sa mga lumang damit. Naniwala siya sa lumang sawikaing 'Gamitin mo ito, hanggang sa masira, pagtiisan mo ito, o magtiis ka sa wala.' Nakita namin ang suplay ng pagkaing kanyang itinanim, ipinreserba, at itinago o inimbak. Lubhang nakaaantig ang kanyang mga munting kuwaderno ng mga kuwenta kung saan tapat niyang itinala ang mga gastusin sa loob ng maraming taon. Dahil masinop siyang namuhay, nag-iwan siya ng kaunting perang inipon niya para sa mga biglaang pangangailangan, at walang iniwang utang! Ang pinakamahalaga, marami pa siyang ibang naturuan at nabigyang-inspirasyon sa mga kasanayang natamo niya sa tapat na pamumuhay."[2]

## Ano ang Magagawa Ko?

**1.** Paano ko matutulungan ang mga kababaihan at kanilang mga pamilya na lalo pang matutong matustusan ang sariling nilang mga pangangailangan?

**2.** Paano ko pa mas lalong matutustusan ang temporal kong mga pangangailangan?

Para sa iba pang impormasyon, puntahan ang www.reliefsociety.lds.org.

MGA TALA

1. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 9.4.2.
2. Julie B. Beck, "The Welfare Responsibilities of the Relief Society President," *Basic Principles of Welfare and Self-Reliance* (2009), 5.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 259.

## Mula sa Ating Kasaysayan

Ang mga kababaihan ng Relief Society noon pa man ay kasali na sa gawain ng pagliligtas ng mga kaluluwa sa temporal at espirituwal na paraan. Bawat linggo sa pagpupulong ng Female Relief Society ng Nauvoo, inirereport ng mga kababaihan ang mga taong nangangailangan. Ang donasyon ng pera, pagkain at iba pang mga kagamitan, talento, at panahon ay naikalat upang bigyang-ginhawa ang mga nangangailangan. Ang batayang gawain ng pagbibigay-ginhawa sa mga naghihirap ay patuloy na naging gawain ng Relief Society sa maraming henerasyon.

Nang dumating ang mga Banal sa Salt Lake Valley, pinayuhan ni Pangulong Brigham Young (1801–77) ang mga kababaihan na tulungan ang mga nangangailangan at magkaroon ng mga kasanayan o kahusayan upang matustusan nila ang kanilang sarili. Sabi niya, "Matutong buhayin ang inyong sarili; mag-imbak ng butil at arina, at mag-ipon para sa araw ng kasalatan."[3] Sa ilalim ng patnubay ng priesthood, patuloy na itinuturo ng Relief Society ang self-reliance, upang mapangalagaan ang pamilya, at mahikayat ang personal na kabutihan at mga pagkakawanggawa o pag-ibig sa kapwa, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo.

## Mula sa mga Banal na Kasulatan

Juan 13:34–35; Santiago 1:27; Mosias 4:26; Doktrina at mga Tipan 29:34–35; 38:30; 44:6



PAGLALARAWAN NI WELDEN C. ANDERSEN

# **Maliliit** at **mga Karaniwang** Bagay


*"At mula sa maliliit na bagay nagmumula ang yaong dakila" (D at T 64:33).*

**KASAYSAYAN NG SIMBAHAN SA IBA'T IBANG DAKO NG MUNDO**

## Germany

Bagama't ang gawaing misyonero ay nagsimula sa Germany noong 1840s, noon lamang 1851 masasabing dalawang tao roon ang unang nabinyagan. Sa taon ding iyon, si Pangulong John Taylor, na noon ay nasa Korum ng Labindalawang Apostol, ay nagpunta sa Hamburg upang tumulong sa pangangasiwa ng pagsasalin ng Aklat ni Mormon sa wikang German. Isang branch ang naorganisa sa Hamburg noong 1852, ngunit karamihan sa mga unang nabinyagan ay nandayuhan sa Utah dahil sa pag-uusig. Kabilang dito si Karl G. Maeser, na kalaunan ay naging pangulo ng Brigham Young Academy sa Provo, Utah.

Matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig, dumami ang mga nabinyagan sa Simbahan sa Germany, lalo na mula 1921 hanggang 1925. Ang German Mission ay nahati sa German-Austrian Mission at Swiss-German Mission. Ang East German Mission ay nilikha noong 1937. Inalis ang mga misyonero sa Germany noong World War II. Nang bumalik sila noong 1947, nahati na ang bansa sa East Germany at West Germany. Gayunman, nagpatuloy ang gawaing misyonero, at noong Hunyo 19, 1985, ang Freiberg Germany Temple ay inilaan sa East Germany—ang unang templo sa isang bansang komunista. Isa pang templo ang inilaan makalipas ang dalawang taon, sa Frankfurt, West Germany. Ang bansa ay pinag-isa noong 1990.



*Si Karl G. Maeser ay nandayuhan sa Utah mula sa Germany na kanyang bansang sinilangan, dumating siya noong 1860.*




*Ang Freiberg Germany Temple, inilaan noong 1985.*



*Itaas: Tanawin sa Munich, Germany. Ibaba: Ang Frankfurt Germany Temple, inilaan noong 1987.*






| ANG SIMBAHAN SA GERMANY | |
|---|---|
| Mga Miyembro | 38,204 |
| Mga Mission | 3 |
| Mga Stake | 14 |
| Mga Ward at Branch | 173 |
| Mga Templo | 2 |

LARAWANG KUHA NG MUNICH © GETTY IMAGES; MAPA NG MOUNTAIN HIGH MAPS © 1993 DIGITAL WISDOM, INC.

## Unahin Muna ang Ebanghelyo

Nakilala at tinuruan ng mga misyonero ang aking lolo-sa-tuhod sa Samoa. Nang sumapi sa Simbahan, kinailangang talikuran ng lolo ko ang ilan sa mga lumang paniniwala at gawi sa relihiyon ng kanyang lipi. Ipinagmamalaki ng aming pamilya ang kaugalian ng mga taga-Samoa, ngunit dahil sa halimbawa ng lolo ko, natutuhan namin na unahin muna ang ebanghelyo.

Noong binatilyo pa ako, kinausap ako ng aking ama tungkol sa mga tato na karaniwan sa tribo at ilan sa mga popular na pagkaing maaaring hindi tugma sa mga turo ng Simbahan. Sabi ni Itay, "Huwag kang sasali sa anuman diyan. Isa kang anak ng Diyos bago ka naging Samoan, bago ka naging malaki at matipunong lalaki mula sa kapuluan." Lagi kong tinatandaan iyan.

Ngayon ay nakatira kaming mag-asawa sa Costa Rica. May mga tradisyon at kultura ng kagandahang-asal dito, tulad sa ibang lugar, na hindi tugma sa itinuturo ng Simbahan. Kung minsan kailangan naming lakas-loob na talikuran ang mga gawing ito at bumaling sa mga turo ng ebanghelyo ni Jesucristo.


**Morgan Sa Mataalii, Costa Rica**


# Lumikha ng Profile sa Mormon.org

Ang mga miyembro ng Simbahan sa iba't ibang panig ng mundo ay makapagbabahagi ng ebanghelyo sa pamamagitan ng paglikha ng profile sa Mormon.org. Ginagamit ng mga bumibisita sa site ang mga profile na ito upang makaalam tungkol sa Simbahan mula mismo sa mga miyembro. Lumikha ng profile at ibahagi ang inyong patotoo sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang na ito:

1. Bisitahin ang **mormon.org/create**. Mag-sign in gamit ang inyong LDS account. Kung wala kayong LDS account, mag-register para sa user name at password sa pamamagitan ng pagbibigay ng inyong membership record number at petsa ng kapanganakan. Hanapin ang inyong membership record number sa inyong temple recommend o magtanong sa inyong ward o branch membership clerk.
2. Lagyan ng impormasyon ang sumusunod na mga puwang: "About Me," "Why I Am a Mormon," "How I Live My Faith," "Frequently Asked Questions," "Personal Stories," at "Additional Information."
3. Sa paglikha ng inyong profile, isaisip na hindi mga miyembro ng Simbahan ang kausap ninyo. Iwasang gumamit ng mga salitang maaaring hindi pamilyar sa kanila. Halimbawa, masasabi ninyong, "Nagtuturo ako sa klase ng kababaihan minsan sa isang buwan mula sa mga salita ng mga buhay na propeta," sa halip na, "Naglilingkod ako bilang guro sa Mga Turo para sa Ating Panahon sa Relief Society."
4. Ilagay ang inyong retrato, pangalan, at maikling pagpapakilala. Maaari din ninyong i-link ang inyong profile sa inyong blog, Facebook account, o Twitter account, bagaman hindi ito kailangan. Iwasang magsama ng detalyadong personal na impormasyon, tulad ng inyong apelyido o tinitirhang lungsod.

Kapag kumpleto na ang inyong profile, ipadadala ito sa mga moderator para aprubahan. Kapag naaprubahan ang profile, mababasa na ng mga bibisita sa site ang inyong patotoo at kokontakin kayo para sa iba pang impormasyon tungkol sa Simbahan.





# Quiz tungkol sa mga Pangulo ng Simbahan

Itugma ang bawat aytem sa ibaba sa Pangulo ng Simbahan kung kanino ito nauugnay.



**1.** Salamin sa mata. Isinuot ng Pangulong ito ng Simbahan sa pagbiyahe niya para bumisita sa mga bayan-bayan sa buong teritoryo ng Utah.



**2.** Sumbrero. Ang aytem na ito ay nagpapakita na kilala ang propetang ito sa kapinuhan ng anyo at pag-uugali.

**3.** Medalya ng Namumukod-tanging Serbisyo. Tinanggap ng Pangulong ito ng Simbahan ang award na ito para sa kanyang serbisyo bilang Secretary of Agriculture ng gabinete ni U.S. president Dwight D. Eisenhower.

**4.** Mga pambayad sa Welfare. Pinasimulan at pinamunuan ng Pangulong ito ang welfare program ng Simbahan noong panahon ng Matinding Kahirapan [Great Depression].



**5.** Sintadera (Upuan sa kabayo). Mahal ng propetang ito ang kanyang kabayong si Sonny Boy.

**6.** Journal. Ang propetang ito ay masigasig sa pag-iingat ng kasaysayan ng Simbahan, at ang kanyang mga talaan ay kabilang sa pinakamahahalagang kasaysayan ng Simbahan.



**7.** Larawan ng BYU Jerusalem Center. Ang Pangulong ito ng Simbahan ang nakipag-ayos para makabili ng lupa sa Jerusalem na pagtatayuan ng center.

**A.** **Joseph Smith Jr. (1805–44)**

**B.** **Brigham Young (1801–77)**

**C.** **John Taylor (1808–87)**

**D.** **Wilford Woodruff (1807–98)**

**E.** **Lorenzo Snow (1814–1901)**

**F.** **Joseph F. Smith (1838–1918)**

**G.** **Heber J. Grant (1856–1945)**

**H.** **George Albert Smith (1870–1951)**

**I.** **David O. McKay (1873–1970)**

**J.** **Joseph Fielding Smith (1876–1972)**

**K.** **Harold B. Lee (1899–1973)**

**L.** **Spencer W. Kimball (1895–1985)**

**M.** **Ezra Taft Benson (1899–1994)**

**N.** **Howard W. Hunter (1907–95)**

**O.** **Gordon B. Hinckley (1910–2008)**

**P.** **Thomas S. Monson (1927–)**



**8.** Maliit na mikropono. Ginamit ng Pangulong ito ang bagay na ito, na nakakabit sa kanyang salamin sa mata, dahil ilang operasyon sa lalamunan sa paggamot sa kanser ang nakaapekto sa kanyang boses.

**9.** Baston. Gumamit ng baston ang Pangulong ito sa kanyang pagtanda, na malambing niyang ikinakaway para bumati sa mga grupo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

**10.** Tithing slip. Binigyang-diin ng Pangulong ito ang mga turo ni Joseph Smith tungkol sa ikapu.

**11.** *Fiddler on the Roof.* Ang Pangulong ito ay mahilig sa literatura at maraming beses na binanggit ang klasikong ito.



**12.** Makinilya. Ang Pangulong ito ay isa sa mga pinakamalikhaing manunulat ng Simbahan.



**13.** Espada. Ang Pangulong ito ay naging kumander ng Nauvoo Legion.

**14.** Kuwintas na bulaklak. Ang propetang ito ay nagpunta sa Hawaii sa edad na 15 bilang isa sa mga unang misyonerong Banal sa mga Huling Araw doon.



**15.** Relong pambulsa. Ang aytem na ito ay suot ng propetang ito noong araw na paslangin siya sa Carthage Jail.



**16.** Scouting Silver Buffalo Award. Ang Pangulong ito ang unang pangunahing tagapagtaguyod ng Scouting sa Simbahan.

KALIWA: LARAWAN NG BYU JERUSALEM CENTER NA KUHA NI D. KELLY OGDEN; LARAWAN NG BASTON NA KUHA NI JOHN LUKE; LARAWAN NG SILVER BUFFALO AWARD NA KUHA NI CHRISTINA SMITH

*Mga sagot: 1. B; 2. G; 3. M; 4. K; 5. I; 6. D; 7. N; 8. L; 9. O; 10. E; 11. P; 12. J; 13. A; 14. F; 15. C; 16. H*

# PINAGPALA NG MGA Council

**Ni Elder M. Russell Ballard**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



Ilang taon na ang nakararaan noong bishop ako, dumanas ng krisis ang isang pamilya sa aming ward nang mawalan ng trabaho ang ama ng tahanan. Nag-alala ako sa kanilang kapakanan, at nagpunta ako sa bahay nila para kausapin sila at mag-alok ng tulong ng Simbahan. Ang nakakapagtaka, atubili silang tumanggap ng pansamantalang tulong, kaya ipinaalam ko ang bagay na ito sa ward council. Maingat at mapagmahal kong ibinahagi sa kanila ang pag-aalala ko sa mabuting pamilyang ito at hiningan ko sila ng mga ideya kung paano namin sila mapagpapala.

Nagboluntaryo ang aming Relief Society president na kausapin ang ina para malaman ang mga temporal nilang pangangailangan at makipagtulungan sa kanila sa pagkuha ng mga kailangan nila—na responsibilidad niya, mangyari pa, ayon sa programa ng Simbahan. Sa loob ng ilang araw, nagawa niya ang hindi ko nagawa, at mapagpakumbaba at mapagpasalamat na tinanggap ng pamilya ang tulong na mga produkto. Kinausap ng elders quorum president ang ama ng pamilya—na karapatan at tungkulin niya,—at tinulungan ito sa paghahanap ng trabaho. Napansin ng Young Men president namin na kailangang-kailangang pinturahan ang bahay ng pamilya, at pinatulong niya ang kanyang mga priest sa grupo ng mga high priest sa pagpipintura ng bahay.

Habang kausap ko ang mga magulang, natuklasan ko na lubog sila sa utang at hindi sila nakakabayad sa sangla ng bahay. Sa pagsunod sa inaprubahang mga tuntunin sa welfare, itinanong ko ang kakayahang tumulong ng kanilang mga kamag-anak pero kakaunti lang ang nakuha kong impormasyon. Gayunman, nalaman ng Relief Society president namin na ang ina ay may kapatid na lalaking mayaman.

"Walang dahilan para kontakin siya," sabi ng ina. "Matagal na kaming hindi nag-uusap."

Naunawaan ko ang kanyang sitwasyon, pero nadama ko na mahalagang sundin ang sinasabi ng Simbahan. Kaya kinausap ko siya at kalaunan ay pinayagan niya akong kontakin ang kanyang kapatid, na nasa malayong lungsod. Tinawagan ko ang lalaki at ipinaliwanag ang mahirap na kalagayan ng kanyang nakababatang kapatid. Sa loob ng tatlong araw nakarating siya sa Salt Lake City at inayos ang problema sa pera ng kapatid. Samantala, tinulungan naman ng elders quorum president namin ang ama na makahanap ng permanenteng trabaho na maganda ang suweldo.

Gayunman, ang mas mahalaga ay lalo silang nagkalapit at nagkaisa bilang pamilya. Palagay ko hindi ko malilimutan kailanman ang napakasayang sandali nang magkitang muli ang magkapatid matapos ang maraming taon ng pagkakalayo. Bagaman nalayo sa Simbahan ang kanyang kapatid, agad niyang nadama na magkabuklod ang kanilang espiritu. Dahil dito, ganap na nagbalik sa Simbahan ang kapatid na ito at muling binuo ang kaugnayan nito sa kanyang pamilya.

Nangyari ang lahat ng ito dahil sa inspiradong pagkilos ng matapat na ward council ayon sa programang ipinlano ng Diyos para sa Kanyang mga anak sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod. ■

*Mula sa* Counseling with Our Councils *(1997), 15–17.*

### PALAKASIN ANG MGA NANGANGAILANGAN NG TULONG

"Sinisikap ng mga miyembro ng ward council na laging alamin ang mga pangangailangan, kapakanan, at espirituwal na pag-unlad ng mga miyembro sa kanilang mga organisasyon. Lagi rin nilang inaalam ang kalagayan ng mga miyembrong nahaharap sa mabibigat na pagsubok o pagbabago sa buhay. Ang impormasyong ito ay nagtutulot sa kanila na mapalakas ang mga taong lubhang nangangailangan ng kanilang tulong."

***Handbook 2: Administering the Church*** **(2010), 4.5.1.**

*Ang Handbook 2* at ang mga brodkast sa pandaigdigang pagsasanay sa pamumuno noong Nobyembre 2010 at Pebrero 2011 ay makukuha sa LDS .org. I-klik ang "Menu" at pagkatapos ay ang "Serving in the Church."

# Pinasan Niya ang Aking mga Kalungkutan

*"Tunay na kanyang pinasan ang ating mga dalamhati, at dinala ang ating mga kalungkutan" (Mosias 14:4).*

**Ni Jane Bleak**

Hinding-hindi ko malilimutan ang tag-init at taglagas ng 2009. Noong Hunyo 9 pumanaw ang tatay ko matapos magkasakit ng dementia sa loob ng mahigit 10 taon. Noong Hunyo 25 ang aming 22-taong-gulang na anak ay namatay nang biglaan, at wala pang isang buwan ang nakaraan, ang pinsan ko naman ang namatay. Noong Agosto 13 ang aking 82-taong-gulang na ina ay inoperahan sa puso at matagal bago siya gumaling. Noong Oktubre 18 ang aking 41-anyos na kapatid na lalaki ay namatay. Noong Oktubre 31 nagkaroon ng matinding atake sa puso ang aking asawa at tumigil ang pagtibok ng puso niya sa loob ng walong minuto. Ang mga bumbero, paramedic, at basbas ng priesthood ang nagbalik sa kanya sa amin.

Madalas akong tanungin ng mga tao kung paano namin nakayanan ang mga pangyayaring ito. Ang palagi kong sagot ay bumabaling kami sa Tagapagligtas, at pinangalagaan Niya kami. Hindi Niya kami pinabayaan sa aming mga pagsubok. Dama kong tinulungan at sinuportahan ako ng kalangitan. Totoong Kanyang "dinala ang aking mga kalungkutan" (Mosias 14:4).

Dinamayan din kami ng aming pamilya, mga kaibigan, at miyembro ng aming ward at stake. Pinagmalasakitan nila kami sa maraming paraan. Ang aking 13-anyos na apo, si Krystal, ay sumulat sa amin pagkamatay ng aming anak na si Michael. Ipinaalala niya sa amin na hindi kami nag-iisa nang isulat niyang, "Binubuhat po kayo ng Diyos." Ang sulat niya ay nagpaalala sa akin ng talata sa Doktrina at mga Tipan 84:88: "Ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo."

Napalakas ako nang basahin ko ang mensahe ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol na may pamagat na "Trust in the Lord." Sabi niya: "Kung kailan tila maayos ang lahat, saka naman kadalasang dumarating nang sabay-sabay ang maraming pagsubok. Kapag ang mga pagsubok na iyon ay hindi bunga ng inyong pagsuway, ang mga ito ay katibayan na nadarama ng Panginoon na handa kayong umunlad pa. Kaya binibigyan Niya kayo ng mga karanasan na magpapaunlad, magpapalawak ng pangunawa at magdaragdag ng pagkahabag, na magpapabuti sa inyong pagkatao para sa inyong walang hanggang kapakinabangan. Upang maialis kayo sa inyong kinalalagyan at maging tulad ng nais Niya kinakailangang subukan kayo nang husto, at iyan



### ANG KAGIPITAN AY MAG-AAKAY PATUNGO SA DIYOS

"May mga taong dumanas ng kasawiang-palad, na halos hindi makayanan, na labis na nagdamdam; ngunit kung iisipin nila, maging ang kagipitang dumating sa kanila ay maaaring magpalakas ng espirituwalidad. Ang kagipitan mismo ay maaaring maglapit at hindi maglayo sa Diyos at sa espirituwal na kaliwanagan."

**President David O. McKay (1873–1970), *Treasures of Life,* comp. Clare Middlemiss (1962), 107–8.**



***Sa Getsemani, ipinakita ni Jesucristo ang perpektong halimbawa ng pagtitiwala nang isamo Niya sa Kanyang Ama na "kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito." Ngunit pagkatapos ay sinabi Niya, "Gayon ma'y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo" (tingnan sa Mateo 26:39–44).***

ay karaniwang nagdudulot ng lungkot at hirap" (*Ensign,* Nob. 1995, 16–17).

Sinabi Niya na ang mga tanong tulad ng "Bakit kailangang mangyari ito sa akin?" o "Bakit kailangan ko pang danasin ito ngayon?" ay nagdadala sa atin sa madilim na daan. Sa halip, iminungkahi ni Elder Scott na ganito ang itanong "Ano ang matututuhan ko sa karanasang ito?" "Kanino ako makakatulong?" at "Paano ko maaalala ang maraming pagpapala sa akin sa panahon ng pagsubok?"

Napaglabanan ko ang tuksong magtanong ng, "Bakit?" Sa halip, hinihingi ko ang patnubay ng Ama sa Langit sa mga pagsubok na dumarating sa aking buhay. Biniyayaan Niya ako ng pag-asa sa hinaharap, pinagaling ang nabibigatan kong puso, dinagdagan ang kabatiran ko sa kabutihang nakapaligid sa akin, binigyan ako ng mga pagkakataong maglingkod, pinalalim ang pagkahabag ko sa kapwa, at pinalaki ang pagmamahal ko sa pamilya at mga kaibigan.

Sa lahat ng ito, nagkaroon ako ng patotoo na ang hamon ay isuko ang ating kalooban sa ating Ama sa Langit dahil sa paggawa lamang nito tayo madadalisay sa mga paraang nilayon Niya para sa bawat isa sa atin. ■

### Labanan ang Kalungkutan

- Hindi tayo nag-iisa sa ating kalungkutan dahil pinasan ni Jesucristo—"isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman" (Isaias 53:3)—ang ating mga kalungkutan bilang bahagi ng Pagbabayad-sala.
- Mapaglalabanan natin ang tuksong magtanong ng, "Bakit?" Sa halip, makahihingi tayo ng patnubay sa Panginoon.
- Matatanggap natin ang hamon na isuko ang ating kalooban sa ating Ama sa Langit.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paksang ito, tingnan sa Mga Kawikaan 3:5–6 at Joseph B. Wirthlin, "Sasapit ang Linggo," *Liahona,* Nob. 2006, 28–30.

### BAKIT MAPAGKAKATIWALAAN NATIN ANG PANGINOON?

Ang mensahe ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol sa kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya na "Trust in the Lord" (*Ensign,* Nob. 1995, 16–18) ay tumutulong sa pagsagot sa tanong na ito.

1. Alam ng Diyos ang ginagawa Niya. Kapag sinubukan tayo para sa Kanyang mga layunin, makapagtitiwala tayo na tutulungan Niya tayo.
2. Ang plano ng Diyos ay dakilain tayo upang makabalik tayo sa Kanyang piling.[1]
3. Ang pagdaig sa mga pagsubok ay bahagi ng plano. Kapag nagagawa natin ito, lumalakas tayo, nakauunawa, nananampalataya, nagtitiwala sa Diyos.[2]

Pag-isipang ibahagi ang mensahe ni Elder Scott na "Trust in the Lord" sa isang taong naghihirap.

**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), 14–15.
2. Tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* 23–26.

*SI CRISTO SA GETSEMANI,* NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.

# ANG PRIESTHOOD

## AY ANG KARAPATANG KUMILOS SA PANGALAN NG DIYOS

Ang ating Ama sa Langit ang namamahala sa langit at lupa. Sa pamamagitan ng Kanyang walang hanggang kapangyarihan nananatiling ganap na maayos ang sansinukob. Para mapamahalaan ang Kanyang Simbahan sa lupa, ibinigay Niya ang bahagi ng Kanyang kapangyarihan at awtoridad sa karapat-dapat na kalalakihan ng Simbahan. Ang itinalagang awtoridad na ito ay tinatawag na priesthood. Nakikita natin sa Bagong Tipan ang ganitong pagtatalaga ng responsibilidad, nang bigyan ni Jesucristo ng awtoridad ang Kanyang mga Apostol na kumilos sa Kanyang pangalan (tingnan sa Mateo 16:19).

Ito ang huwaran ng pamamahala ng Diyos. Nasa mundo ito ngayon. Ang mga mayhawak ng priesthood ay awtorisadong kumilos sa pangalan ng Diyos sa pamumuno sa Kanyang Simbahan at mangasiwa sa mga sagradong ordenansang kailangan para sa kaligtasan, tulad ng binyag, kumpirmasyon, pangangasiwa ng sacrament, at kasal sa templo. Bawat tapat na lalaki, babae, at batang Banal sa mga Huling Araw ay kailangan ng mga ordenansa ng priesthood at pinagpapala sa pagtanggap nito.

### Mga Katungkulan sa Priesthood

May dalawang pangkat ang priesthood: Melchizedek at Aaronic. Mas malawak ang awtoridad ng Melchizedek Priesthood kaysa sa Aaronic Priesthood.

Ang dalawang pangkat na ito ay may partikular na mga katungkulan, o sakop na responsibilidad. Ang mga katungkulan sa Aaronic Priesthood ay deacon, teacher, priest, at bishop. Sa Melchizedek Priesthood, ang mga katungkulan ay elder, high priest, patriarch, Pitumpu, at Apostol. Ang mga nasa katungkulang ito ay inorganisa sa mga korum, o grupo. Bawat katungkulan ay may ilang nakaatas na tungkulin.

### Mga Susi ng Priesthood

Ang katagang *mga susi* ay tumutukoy sa awtoridad na mamuno sa partikular na mga yunit o sinasakupan ng Simbahan. Sa mga stake at ward, halimbawa, stake president, bishop, at mga quorum president lang ang mayhawak ng mga susi ng priesthood. Ang mga susi ay ibinibigay sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng isang maytaglay ng priesthood na awtorisadong magbigay nito.

- Ang mga pangulo sa mga korum ng Melchizedek Priesthood ay tumatanggap ng mga susi ng panguluhan at ng pangangasiwa sa mga espirituwal na bagay (tingnan sa D at T 107:10, 18–19).
- Ang mga pangulo sa mga korum ng Aaronic Priesthood ay tumatanggap ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel at pagsasagawa ng mga ordenansang tulad ng binyag at sacrament (tingnan sa D at T 107:20).
- Hawak ng Pangulo ng Simbahan ang lahat ng susi ng priesthood para sa buong Simbahan (tingnan sa D at T 81:1–2).

**Ang mga katungkulan at ilan sa mga tungkulin ng Melchizedek Priesthood:**

*1. Tungkulin ng mga elder na "pagtibayin ang mga yaong bininyagan sa simbahan, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay para sa pagbibinyag ng apoy at ng Espiritu Santo" (D at T 20:41).*



**Ang mga katungkulan at ilan sa mga tungkulin ng Aaronic Priesthood:**



2. Mga high priest ang "mangangasiwa sa mga bagay na espirituwal" at may "karapatang gumanap" sa mga katungkulan ng elder, priest, teacher, at deacon (D at T 107:12).



3. Mga Patriarch ang nagbibigay ng mga patriarchal blessing (tingnan sa D at T 107:53; 124:91–93).



4. Mga Pitumpu ang nangangaral ng ebanghelyo at mga natatanging saksi ni Jesucristo sa ilalim ng pamamahala ng Korum ng Labindalawang Apostol (tingnan sa D at T 107:25, 34).



5. Mga Apostol ang nagsisilbing "mga natatanging saksi ng pangalan ni Cristo sa buong daigdig" (D at T 107:23).







1. Mga deacon ang nagpapasa ng sacrament.



2. Tungkulin ng mga teacher na "pangalagaan ang simbahan tuwina, at makapiling at palakasin sila" (D at T 20:53).



3. Tungkulin ng mga Priest na "magturo, . . . magbinyag, at pangasiwaan ang sakramento, at dumalaw sa bahay ng bawat kasapi" (D at T 20:46–47).



4. Mga bishop ang mga pangulo ng priests quorum at, bilang mga high priest, sila ang namumuno sa lahat ng miyembro sa ward (tingnan sa D at T 107:87–88). ■

*"Kung wala ang mga ordenansa nito, at ang kapangyarihan ng pagkasaserdote, ang kapangyarihan ng kabanalan ay hindi makikita ng mga tao sa laman" (D at T 84:21).*



MGA PAGLALARAWAN NINA HYUNGYU LEE, WELDEN C. ANDERSEN, MATTHEW REIER, RUTH SIPUS, CRAIG DIMOND, AT JOHN LUKE

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), 85–94; *Tapat sa Pananampalataya* (2004), 199–205; at D at T 20:38–79; 84:1–44; 107.

# Mga Basbas ng Priesthood

## PAGKATUTONG MAGTIWALA SA DIYOS

Ni Mark L. Grover

Kahit kailan wala pa akong hiniling sa Diyos na hindi Niya ibinigay," sabi ng asawa kong si Deborah. Nagtataka pa rin ako sa pahayag na ito kahit kasama niya ako sa buong katuparan niyon. At siguro ay nagtataka ang lahat ng nakaaalam ng pitong-taong paghihirap ni Deborah sa sakit na systemic lupus, ang dalawang-taong pakikipaglaban niya sa breast cancer, at ang kamatayan niya kalaunan noong Setyembre 19, 1990. Ngunit maaaring hindi nauunawaan ng mga namamangha at nagtatakang iyon ang mga basbas ng priesthood o ang katuparan ng mga ito. Nahirapan akong matutuhan sa sarili ko ang ibig sabihin ng magkaroon ng priesthood at gamitin ito para basbasan ang iba.

Kahit parehong aktibo sa Simbahan at tapat sa mga tuntunin nito ang mga magulang ko, hindi ko maalala na nagkaroon ng partikular na impluwensya sa akin ang priesthood noong bata pa ako. Hindi ko maalala na nagkasakit ako nang malubha para kailanganin kong mabasbasan at wala akong maalala na binasbasan ng priesthood ang sinuman sa aking pamilya.

Ang kakulangang ito ng diin sa mga basbas ng priesthood ay nagpatuloy sa sarili kong pamilya nang mag-asawa ako at magkaanak kaming mag-asawa. Nagbibigay ako noon ng basbas ng priesthood kapag may nagkasakit nang malubha o magpapaopera. Binasbasan ko rin ang asawa ko para palakasin ang kanyang loob, ngunit bihira lang iyon.

Laging isang magandang karanasan sa akin ang pagbibigay ng basbas. Ngunit dahil kulang ang aking pagunawa at tiwala sa sarili limitado ang paggamit ko sa gawaing ito ng priesthood. Nahirapan akong mag-isip ng sasabihin, dahil hindi ko tiyak kung naisip ko ang talagang nais ng Diyos.

Nagbago nang kaunti ang sitwasyong ito nang matuklasan ng asawa ko na may systemic lupus siya. Ang mga taon na tiniis niya ang panghihina at hirap na dulot ng sakit ay natulungan ng paminsan-minsan lamang na basbas ng priesthood. Alam ng asawa ko na asiwa akong magbasbas kaya bihira lang siyang humingi ng dagdag na espirituwal na tulong na maaaring gusto niya.

Noong Marso 1989, nang sabihin ng doktor na may kanser ang asawa ko, nagbago ang buhay namin. Dahil kakaibang kanser ang dumapo sa kanya, dalawang taon ang lumipas bago ito nakita ng mga doktor. Nang matuklasan sa huli ang kanser, kumalat na ito at napakaliit na ng pag-asang magamot ito. Batid na hindi namin kakayaning mag-isa ang problemang ito, lalo kaming humiling ng espirituwal na tulong. Nag-ayuno ang ward namin para kay Deborah, at buong pasasalamat naming tinanggap ang pagtulong ng Relief Society. Maraming dumamay sa kanya sa paglaban niya sa kanser. Ipinagtapat ng isang kaibigang sumailalim din sa chemotherapy na pagdaraanan ng aking asawa na sa pinakamahihirap na panahon ng panggagamot, humiling siya at tumanggap ng basbas ng priesthood. Pinayuhan niya kami na gawin din iyon—humingi ng espirituwal na tulong para matiis ang epekto ng therapy.

Napakahirap ng chemotherapy. Dinanas ng asawa ko ang lahat ng inaasahang epekto. Nagkakasakit siya nang ilang araw pagkatapos ng chemotheraphy. Halos lagi lang siyang nakahiga, at walang ganang kumain. Ngunit unti-unti kaming natutong harapin nang maayos ang bawat pagsubok sa abot-kaya namin.


Sa mahirap na panahong ito, nagpabasbas sa akin ang aking asawa, tulad ng payo ng aming kaibigan. Binasbasan ko siya para mawala ang takot na nadama niya sa unang linggo ng chemo. Dahil sa basbas ng priesthood, ang takot sa operasyon—hindi man ganap na nawala—ay nabawasan. Huminto ang matatagal na pagsuka at nakakatulog na siya matapos kong ipatong ang aking mga kamay sa kanyang ulunan at basbasan siya. Ang mga pagbasbas na ito ay nagbigay sa amin ng tulong at kapanatagan, na may kasamang pag-asa sa hinaharap. Pinuspos kami nito ng pagmamahal at galak.

*Bawat basbas ay natupad—kahit hindi namin nakamtan ang pinakahahangad namin.*



MGA PAGLALARAWAN NI BRIAN CALL

Sana'y masabi ko na naging mas madali sa akin ang magbigay ng mga basbas noon, pero hindi ko kaya. Ibinigay ko ang hininging mga basbas, ngunit hirap pa rin akong gamitin ang priesthood. Hindi ko binanggit sa asawa ko ang pagkaasiwa ko, ngunit nadama niyang atubili ako. Gayunman, mabibigat na pagsubok ito, at alam niya na may karapatan siya sa tulong at ako ang tulay para matanggap niya iyon. Kaya tuwing kailangan niya ng tulong, humihingi siya.



### PAGTANGGAP SA KANYANG KALOOBAN

Kapag ginamit natin ang walang alinlangang kapangyarihan ng priesthood ng Diyos at itinangi ang Kanyang pangako na diringgin at sasagutin Niya ang panalangin ng pananampalataya, lagi nating tandaan na ang pananampalataya at ang kapangyarihan ng priesthood na magpagaling ay hindi magbubunga ng anumang taliwas sa kalooban Niya na nagmamay-ari ng priesthood na ito. Ang alituntuning ito ay itinuro sa paghahayag na nagbilin sa mga elder ng Simbahan na ipatong ang kanilang mga kamay sa maysakit. Nangako ang Panginoon na 'siya na may pananampalataya sa akin na mapagaling, *at hindi itinakda sa kamatayan,* ay mapagagaling' (D at T 42:48; idinagdag ang pagbibigay-diin).". . .

**Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pagpapagaling sa Maysakit," *Liahona,* Mayo 2010, 50.**

Bago magbigay ng anumang basbas, alam ko kung ano ang ibibigay kong basbas sa kanya: wala akong ibang gusto kundi ang gumaling siya. At iyan din ang gusto niya. Ngunit hindi nangyari iyon. Ang ibinigay sa kanya ay kapanatagan, na hindi pumawi sa pagsubok kundi nagpagaan dito.

Unti-unti kong higit na naunawaan kung paano gumagana ang priesthood at mga basbas nito. Ang pagbabasbas ay hindi isang paraan para makuha ang gusto ko kundi para matanggap ang tulong na kailangan. Natuto akong magtiwala sa Panginoon at sa Kanyang kalooban sa halip na isipin ang inaakala kong kailangang gawin. Nagkaroon ako ng tiwala na ang mga salitang naisip ko ang talagang gusto ng Diyos na sabihin ko. At bagama't kahit kailan ay hindi naging madali sa akin ang magbasbas, natuto na akong magtiwala sa damdamin ko habang nagbabasbas.

Nang makumpleto ni Deborah ang kanyang chemo, nagsimula na ang hirap ng paghihintay para malaman kung tumatalab ang mga gamot. Sinamantala namin ang panahong ito na walang mga konsultasyon sa doktor, pagsusuri, at gamutan. Gayunman, may takot sa aming isipan na baka may natirang kanser na hindi tuluyang nasugpo ng nakalalasong gamot na panlaban dito at baka kumakalat itong muli.


Unti-unti, nakita namin ang mga palatandaan na nagkakatotoo ang aming kinatatakutan: hindi nagtagumpay ang mga panggagamot. Umaasa pa rin ang mga doktor, ngunit alam namin na kaunting panahon na lang.

Ang huling anim na buwan ng buhay ni Deborah ay hindi kapani-paniwalang mapayapa. Matapos mabigo ang huling panggagamot, nagpasiya kaming ihinto na ito at umuwi na at samantalahin ang natitira pang panahon. Maaaring hindi maniwala ang ilan na napakasaya ng ilang buwang iyon, ngunit iyon ang pinakamasayang sandali sa buhay ko.

Sa panahong ito iminungkahi ng ilang nagmamalasakit na kaibigan at kaanak na kailangan pa naming igiit sa Panginoon na iligtas ang buhay niya. May priesthood daw ako at dapat ko itong gamitin para pagalingin siya. Bagama't naunawaan ko ang kanilang damdamin, hindi naunawaan ng mga kaibigang ito ang nangyayari. Wala akong ibang gusto kundi ang gumaling si Deborah, ngunit hindi iyon ang lumabas sa bibig ko nang basbasan ko siya. Wala na siyang ibang gusto kundi ang gumaling, ngunit kahit kailan ay hindi niya nadama na dapat niya iyong hilingin. Pareho kaming naniniwala sa mga himala ngunit tanggap din namin na hindi namin lubos na nauunawaan ang karanasang akma sa walang hanggang plano.

Ang nangyari ay mas malaking himala. Sa mga basbas, hindi siya kailanman pinangakuang gagaling ngunit binigyan siya ng lubos na katiyakan na ang nangyayari ay kalooban ng Diyos. Hindi siya pinangakuan ng ginhawa ngunit tinulungan siyang matiis ang mahihirap na sandali. Hindi siya tinulutang mabuhay at palakihin ang aming mga anak ngunit tiniyak sa kanya na magkakasama sila nang walang hanggan. Pumanaw siya na hindi gaanong nakaramdam ng sakit at hirap, sa piling ng kanyang pamilya.

Alam ko na ang Diyos ay buhay at lubos Niya tayong minamahal. Binibigyan Niya tayo ng kapanatagan at tulong kapag kailangan natin ng lakas at pang-unawa. Bagama't mahirap ang buhay, nangako ang Panginoon na tutulungan Niya tayo sa ating mga pagsubok, at isang paraan para dumating ang tulong ay sa mga basbas ng priesthood. Dahil alam ito ng aking asawa, nasabi niya na, "Kahit kailan wala pa akong hiniling sa Diyos na hindi Niya ibinigay." ■




# Ang Bisa ng Mabuting Halimbawa

**Ni Jerry Stringam**

Noong Abril 1992 tumira kami ng aking pamilya sa Provo, Utah, kung saan kami lumipat mula sa Canada para tapusin ko ang kurso sa engineering sa Brigham Young University. Naging kaibigan ng aking anak na si Jase, na 17 noon, ang isang dalagitang nagngangalang Krista.

Sa Sabado ng gabi ng pangkalahatang kumperensya, pinuntahan ako ni Jase sa sala at tinanong kung puwede niyang mahiram ang kotse para yayain si Krista na kumain ng milk shake. Ibinigay ko sa kanya ang susi, at pumunta siya sa kusina para tawagan si Krista. Narinig ko na sinabi ni Jase ang ganito:

“Hi, Krista, si Jase ito. Itatanong ko lang kung gusto mong lumabas tayo para mag-milk shake.” Katahimikan. “Ibig mong sabihin pagkatapos ng priesthood meeting? OK, sige, tatawagan na lang kita. Ingat.”



Ibinaba ni Jase ang telepono at bumalik sa sala.

“Pumayag ba siyang sumama sa iyo?” tanong ko.

“Gusto raw po niyang sumama,” sagot niya, “pero tawagan ko raw siya ulit pagkagaling ko sa priesthood session.” Malungkot ang mukhang pumunta siya sa kuwarto niya.

Para akong binagsakan ng isang toneladang bato. Lumaki ako sa southern Alberta, halos 80 milya (130 km) ang layo sa stake center. Hindi na inasahan ninuman na magpakita pa ako o kahit mga magulang ko, na mga lider sa aming branch, sa mga sesyon ng kumperensya, kahit sa priesthood session pa. Ngayon ay may umaasang magagawa ito.

Ano ang isasagot ko sa kalungkutan ng anak ko habang papasok siya sa kanyang silid? Alam ko na tutularan ng iba ang desisyon ko sa darating pang mga taon.

Tumayo ako mula sa aking upuan at sinabihan ko si Jase at ang aking pangalawang anak, na kaoorden pa lang na deacon, na “Magpalit kayo ng damit. May 10 minuto pa tayo para makaabot sa sesyon ng priesthood sa stake center.” Nagmamadali akong naghanda, at paglabas ko ng silid, handa na ang dalawa, at pumunta na kami sa kotse.

Hindi ko gaanong matandaan ang mga mensahe, pero natatandaan ko na nadama namin ang Espiritu. Masaya akong makapunta sa priesthood session kasama ang aking mga anak. Pag-uwi namin, masaya si Jase sa ginawa niya, na nagpasaya sa akin. Tinawagan niya si Krista, at lumabas sila para mag-milk shake.

Sa nakalipas na dalawang dekada mula noong araw na iyon, lahat ng maytaglay ng priesthood sa aming pamilya ay walang pinalampas kahit isang sesyon ng priesthood sa pangkalahatang kumperensya. Dahil pinanindigan ng isang matwid na dalagita ang kanyang paniniwala, nagkaroon ng pagkakataong magbago ang aming pamilya, at patuloy naming pinakikinggan ang mga propeta ngayon at nadarama ang Espiritu sa sesyon ng priesthood sa pangkalahatang kumperensya. ■

MGA PAGLALARAWAN NI ROGER MOTZKUS

# Ang Konsepto ng Kasal sa mga Banal sa mga Huling Araw



Si Hugh B. Brown ay isinilang noong Oktubre 24, 1883, sa Granger, Utah. Siya ay inorden na Apostol noong 1958. Naglingkod siya bilang tagapayo ni Pangulong David O. McKay sa loob ng walong taon. Ang kasunod na artikulo ay hango sa kanyang aklat na *You and Your Marriage*.

**Ni Pangulong Hugh B. Brown (1883–1975)**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang kasal ay sakramento na siya namang nararapat. Iba't iba ang kahulugan ng salitang *sakramento*, ngunit sa mga Kristiyano ito ay sagisag ng isang gawain o seremonya ng relihiyon, na pinagtibay ng isang taong may wastong karapatan. Ito ay pangako, o sagradong tipan, isang espirituwal na tanda o bigkis sa pagitan ng dalawang taong ikinasal at sa pagitan nila at ng Diyos. Na ang kasal na iyan ay pinasimulan at pinabanal mismo ng Panginoon ay nakasaad sa kasunod na mga quotation o siping-banggit:

"At sinabi ng Panginoong Dios, Hindi mabuti na ang lalake ay magisa; siya'y ilalalang ko ng isang katulong niya. . . .

"Kaya't iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa: at sila'y magiging isang laman" (Genesis 2:18, 24).

Nang umalis si Jesus sa Galilea at pumaroon sa mga baybayin ng Judea sa kabila ng Jordan, maraming tao ang sumunod sa Kanya, at nagtanong sa Kanya ang mga Fariseo tungkol sa diborsiyo.

"At siya'y sumagot at sinabi, Hindi baga ninyo nabasa, na ang lumalang sa kanila buhat sa pasimula, ay sila'y nilalang niya na lalake at babae,

"At sinabi, Dahil dito'y iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa: at ang dalawa ay magiging isang laman?

"Kaya nga hindi na sila dalawa, kundi isang laman. Ang pinapagsama nga ng Dios, ay huwag papaghiwalayin ng tao" (Mateo 19:4–6).

## Isinasakatuparan ng Kasal ang mga Layunin ng Diyos

Malinaw na hangad ng Diyos na pag-isahin ang lalaki at babae. Sa pagpapatibay mismo sa unang kasal na ito, pinabanal Niya ang institusyon ng kasal. Ito ay normal, maganda, at kasiya-siya at pinasimulan upang isakatuparan ang layunin ng Diyos sa mundo.

Ito ang pangunahing elemento sa pagbuo ng tahanan. Ito ay higit pa sa institusyong itinatag ng tao na pinamamahalaan lamang ng kaugalian at batas. Higit pa ito sa isang kasunduan na pinagtibay ng batas. Higit pa ito sa isang seremonyang pangrelihiyon na taimtim na isinasakatuparan ng kalalakihan at kababaihan upang makiisa sa Diyos sa Kanyang inihayag na layunin na maisilang sa mundo at maging mortal ang Kanyang mga espiritung anak at maisakatuparan ang kanilang kawalang-kamatayan at buhay na walang-hanggan.

May mga nagsasabi na ang pinakamaganda, pinakamaayos, at kanais-nais na buhay ay makakamtan sa labas ng tipan ng kasal. Sa madaling salita, hahadlangan nila ang mga taong naghahangad ng pinakamataas na kaluwalhatian para "madungisan ng pisikal at makalaman na pakikipagrelasyon." Walang itinuturong gayong doktrina sa mga banal na kasulatan. Sa aklat ng Mga Kawikaan mababasa natin, "Sinomang lalaking nakakasumpong ng asawa ay nakasumpong ng mabuting



bagay, at nagtatamo ng lingap ng Panginoon" (Mga Kawikaan 18:22). . . .

At sa Doktrina at mga Tipan mababasa natin, "At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na sinuman ang nagbabawal ng pagkakasal ay hindi inorden ng Diyos, sapagkat ang kasal ay inorden ng Diyos sa tao" (D at T 49:15).

## Ang Kasal sa Templo ay Nagdudulot ng Tunay na Kaligayahan

Naniniwala ang mga Banal sa mga Huling Araw na upang maging napakainam ng buhay at kamtin ang pinakamalaking kaligayahan sa mundong ito at sa kabilang-buhay, ang kalalakihan at kababaihan ay dapat ikasal sa templo para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Kung walang mga ordenansa ng pagbubuklod ng kasal sa templo, hindi maaaring matamo ng tao ang kalagayang tulad ng sa Diyos o matanggap ang lubos na kagalakan. . . .

Sa isang Banal sa mga Huling Araw, may isang uri lamang ng kasal na lubos na tinatanggap: kasal sa templo o selestiyal na kasal, na naisasagawa lamang sa mga templo ng Simbahan. Ang mga templo ay itinayo at inilaan sa kabanalan sa Panginoon upang maglaan ng lugar kung saan maisasagawa ang espirituwal at walang-hanggang mga seremonya at ordenansa. Bagamat kinikilala natin ang mga kasal na sibil na isinagawa ng mga ministro ng ibang simbahan at ng mga opisyal ng batas o ng iba pang may legal na karapatang isagawa ang mga ito, naniniwala tayo na tanging sa templo ng Diyos maisasagawa ang kasal para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan at tanging ng taong may karapatan na ibinigay ni Cristo kay Pedro nang sabihin Niya, "Anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit" (Mateo 16:19).

*Naniniwala ang mga Banal sa mga Huling Araw na upang matamo ang pinakamainam sa buhay at ang pinakamalaking kaligayahan sa mundong ito at sa kabilang-buhay, ang kalalakihan at kababaihan ay dapat ikasal sa templo.*

Ang karapatang ito ay tinukoy sa mga banal na kasulatan bilang "mga susi ng kaharian ng langit" (Mateo 16:19), at sa selestiyal na kasal ang mga susing iyon ang nagbubukas ng pinto sa kahariang iyan.

## Lubos na Natutugunan ang mga Pangangailangan

Ang tao ay may mga pangunahing pangangailangan—moral, panlipunan, biolohiko, at espirituwal—at ang mga ito ay lubos lamang na matutugunan sa walang-hanggang kasal na inorden ng Diyos.

Upang mamuhay nang sagana dito sa lupa at sa buhay

PAGLALARAWAN NI JERRY GARNS



na walang-hanggan, dapat magmahal at mahalin ang tao, maglingkod at magsakripisyo, magkaroon ng responsibilidad at gamitin ang kapangyarihang lumikha na ibinigay ng Diyos. "Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito (Juan 10:10).

Ngunit marahil ang pinakamahalaga sa kasal ay hindi ang nakukuhang kapakinabangan dito ng isang lalaki at babae. Ang layunin ng pagsasama nila sa simula ay nakasaad sa kautusan ng Panginoon: "Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin" (Genesis 1:28). Sa kasal, may pagkakataong matugunan ng tao ang kanyang likas na kakayahang magkaroon ng mga anak. Ito ay lubos na maisasakatuparan at matatamasa lamang sa ugnayan ng mag-asawa, sa pagkakaroon ng anak at pagpapalaki ng anak. Dapat tandaan ng mga magulang na ang mga batang isinilang sa kanila—ang kanilang mga anak—ay mga anak din ng Diyos. Siya ang Ama ng kanilang mga espiritung katawan, at sa buhay bago pa ang buhay na ito buong katalinuhan Siyang naglaan ng paraan para hindi mapaghiwalay ang walang-hanggang elemento at walang-hanggang espiritu at makatanggap ng lubos na kagalakan. Samakatwid naniniwala ang mga Banal sa mga Huling Araw na ang Diyos ay talagang kasama sa ugnayang ito at ang pagsilang ng mga bata sa mundo sa loob ng pinagtibay na sagradong kasal ay bahagi ng Kanyang plano na isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang-hanggan ng tao.

## Ang Kawalang-Hanggan ng Kasal

Nang ituro ng Panginoong Jesus ang pag-ibig ng Diyos at pag-ibig sa kapwa-tao bilang dalawang dakilang utos, niluwalhati Niya ang pag-ibig. Katunayan, sinasabi sa atin na ang Diyos ay pag-ibig. Kung gayon, dahil ang Diyos ay walang hanggan, walang-hanggan din ang pag-ibig, at ang mga bunga nito at pagpapala ay nilayong magpatuloy sa darating na kawalang-hanggan. Ngunit para matamasa ang mga pribilehiyo at kagandahan ng walang-hanggang pag-ibig ng mga mag-asawa, mga magulang at anak, ang ordenansa na nagbibigay ng karapatan at nagpapatibay sa pinakamagandang ugnayan sa lahat ay hindi kasiya-siya kung nakapaloob dito ang limitasyong "hanggang kayo ay paghiwalayin ng kamatayan." Upang maging walang-hanggan ang mga ugnayan ng pamilya at mag-asawa, kailangang *buong karapatang maipag-utos* ng kasunduan sa kasal na ito ay "para sa buhay na ito at para sa buong kawalang-hanggan."

*Naniniwala ang mga Banal sa mga Huling Araw na tunay na ang Diyos ay kasama sa ugnayang ito [ng mag-asawa] at na ang pagsilang ng mga bata sa mundo sa loob ng pinagtibay na sagradong kasal ay bahagi ng Kanyang plano.*

Dapat maunawaan ng lahat ng tao ang kanilang responsibilidad sa kanilang mga anak at sa mga tipang ginawa nila kaugnay nito. Nang sabihin ng Panginoon, "Tayo kung wala sila ay hindi magagawang ganap (D at T 128:18), tinutukoy Niya ang isang kawing na nag-uugnay sa hinaharap gayon din sa nakalipas. Katunayan, maaaring mas marami tayong tuwirang responsibilidad sa mga taong ipinagkatiwala sa atin sa buhay na ito kaysa sa ating mga ninuno. Hindi tayo ang mananagot sa mga kasalanang ginawa ng ating mga ninuno o sa hindi nila paggawa ng dapat nilang



gawin, ngunit nagbababala Siya na kung hindi natin gagampanan ang responsibilidad natin sa ating mga inapo, tayo ang mananagot sa kanilang mga kasalanan.

Kabilang sa mga pagpapala ng mga taong nagtamo ng pinakamataas na antas sa kahariang selestiyal ay ang walang-hanggang pag-unlad, na, kasama ng iba pang mga bagay, ay nangangahulugang kahit sa kabilang-buhay ang tao ay maaaring patuloy na makiisa sa Diyos sa pagsasakatuparan ng kawalang-kamatayan at buhay na walang-hanggan ng tao.

### Pag-unlad Bilang Walang-Hanggang Mag-asawa

Ang konsepto ng mga Banal sa mga Huling Araw tungkol sa walang-hanggang pag-unlad ay kinapapalooban ng walang hanggang pagsulong, walang-hanggang pag-unlad sa kaalaman, kapangyarihan, katalinuhan, kabatiran, at lahat ng katangian at kakayahan upang maging diyos. Ngunit sa plano ng Diyos, hindi mararating ng tao ang kalagayang ito na patuloy na pagiging perpekto kung hindi siya kasal. Kailangang may pag-unlad at pagsulong ang ganap na tao—sa madaling salita, ang taong natagpuan at ikinasal sa kanyang kabiyak o asawa.

Ang konseptong ito ng kasal, lakip ang banal na pananaw nito, ay nagbibigay ng bagong kahulugan at nagdaragdag ng kahalagahan, dignidad, at kaluwalhatian sa ideya ng kasal. Sa konseptong ito ang mapag-isip na tao ay magiging mas maingat at mapili sa makakasama niya nang walang-hanggan. Tunay ngang bago pumasok sa gayong walang-hanggang kasunduan, ang kalalakihan at kababaihan ay dapat maging mapagpakumbaba at maingat at dapat hangarin nang may panalangin ang banal na patnubay.

Ang kasagraduhan at katibayan ng pagsasama [ay] lubos na nag-iibayo at napahahalagahan kapag ang mag-asawa, bago ikasal—at kailangang iisa ang relihiyon nila,—ay nagsimula na iisa ang kanilang mithiin. Kailangang handa sila at karapat-dapat upang matanggap ang sagradong ordenansa sa mga templong tanging ang mga karapat-dapat lamang ang makapapasok. Dito ay tumatanggap sila ng tagubilin, gumagawa ng mga tipan, at pagkatapos sa altar ay nagsusumpaan ng walang-hanggang pag-ibig at katapatan, sa isa't isa, sa harapan ng Diyos at ng mga anghel. Tunay ngang ang gayong konsepto at gawain, lakip ang mga obligasyon nito, ay ginawa upang patatagin ang tahanan, luwalhatiin ang kasal, at maligtas ang kaluluwa ng mga tao.

### Isang Pagpapakita ng Pananampalataya


Ang gayong kasal ay tunay na pagpapakita ng pananampalataya, na pinagtibay sa harap ng butihing kabiyak. Kailangang may pananampalataya at lakas ng loob na patatagin ito, na magtiis hanggang wakas, sa kabila ng mga problema, pagsubok, kabiguan, at paminsan-minsang pangungulila na maaaring maranasan sa pagpanaw ng mga mahal sa buhay.

Kapag tinanggap ng tao ang mga kondisyon at obligasyon ng walang-hanggang pagsasamahang ito, dapat niyang matanto na ang pagkabigo rito ay halos kabiguan sa lahat ng bagay. Anuman ang maging tagumpay niya sa iba pang mga larangan, kung bigo ang isang tao na gampanan ang mga obligasyong nakasaad sa walang-hanggang tipan, ang nakapanlulumong kabayaran ay ang pagkawala ng kaluwalhatiang selestiyal, lakip ang responsibilidad sa kabiguang natamo ng taong pinakasalan niya at responsibilidad niya.

"Ang kasal ay inorden ng Diyos sa tao.

"Samakatwid, naaayon sa batas na siya ay magkaroon ng isang asawa, at silang dalawa ay magiging isang laman, at lahat ng ito ay upang matupad ng mundo ang layunin ng kanyang pagkakalikha;

"At nang ito ay mapuno ng tao, alinsunod sa kanyang pagkakalikha bago ginawa ang mundo" (D at T 49:15–17). ■



**WALANG MGA PAGPAPALANG IPAGKAKAIT**

"Paano ang maraming matatandang miyembro ng Simbahan na hindi nakapag-asawa? Bagama't hindi sila nagkulang, mag-isa nilang hinaharap ang mga pagsubok ng buhay. Ngunit pinaaalalahanan tayong lahat na, sa paraan at panahon ng Panginoon, walang mga pagpapalang ipagkakait sa Kanyang matatapat na Banal. Ang Panginoon ang hahatol at magbibigay ng gantimpala sa bawat tao batay sa taos na hangarin ng puso at gawa."

**Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Selestiyal na Kasal," *Liahona* at *Ensign,* Nob. 2008, 94.**

*Idinagdag ang mga subheading; inayon sa pamantayan ang pagbabantas at paggamit ng malaking titik.*

ITAAS: PAGLALARAWAN NI JERRY GARNS; IBABA: PAGLALARAWAN NI APRIL NEWMAN



GUSTUNG-
GUSTO KONG

# HUMINTO

**Hindi ibinigay ang pangalan**

*Paano ko pinaglalabanan ang pagkalulong ko sa pornograpiya.*

Nagsimula ang problema ko sa pornograpiya noong kabataan ko, nang pakitaan ako ng ibang tao ng mahahalay na materyal at pag-uugali. Wala pang halaga sa buhay ko noon ang ebanghelyo. Kahit nagsisimba ang pamilya namin noong Primary ako, noong 13 o 14 anyos na ako, huminto na kami sa pagsisimba. Dahil diyan, ang mga turo ng ebanghelyo ay hindi talaga nagkaroon ng impluwensya sa paggawa ko ng desisyon.

Hindi ko naisip kailanman na sabihin sa mga magulang ko ang ipinapakita sa akin ng mga kapitbahay at itinuturing kong mga kaibigan. Hiyang-hiya akong banggitin ang nakita at naranasan ko. Hindi ko alam kung paano ito harapin. Lumipas ang maraming taon, nanatiling lihim ang pagkalulong ko sa pornograpiya.

**Impluwensya ng Ebanghelyo**

Bago ako nagtapos sa hayskul, may tila maliit na himalang nangyari, isang pangyayaring nagpabago ng direksyon ng buhay ko. Kahit malayo na sa mga pamantayan ng ebanghelyo ang mga kilos ko, isang Linggo ng umaga nadama ko ang matinding hangarin na magsimba at magbayad ng ikapu. Pagdating ko sa chapel, ipinagtanong ko ang mga taong kakilala ko. Isa sa mga ibinigay kong pangalan ang sa Young Men president ko noong deacon pa ako, nang huli akong magsimba. Siya na ngayon ang bishop ng ward.

Tinulungan ako ng mabait na bishop na iyon na makabalik sa Simbahan. Ipinagtapat ko ang aking mga kasalanan, at tinulungan niya akong magplano ng mga dapat gawin. Ilang buwan akong nagsisi. Sumulong ang katungkulan ko sa priesthood. Nabigyan ako ng tungkulin. Katunayan ay nagbago na ako, kaya natawag akong magmisyon, at ilang taon kong napaglabanan ang pagkalulong.

**Nabitag sa Internet**

Pag-uwi ko mula sa misyon, hindi ako nagkaproblema sa pornograpiya; wala lang talaga akong makitang ganoon. Pero nagbago iyan noong 1990s, nang mabilis na lumaganap ang Internet. Hindi sinasadyang nakakita ako ng ilang pornograpikong larawan sa internet, at binalik-balikan ko ang mga iyon nang sumunod na mga buwan. Nabitag ako ng internet.

Gusto kong humingi ng tulong, pero hindi ko alam kung kanino—o paano. Paano ko ito sasabihin sa mga magulang ko? Paano ko ipagtatapat sa bishop ko na kahit malaki na ang iniunlad ko, hindi ko pa rin maihinto ang imoral na gawaing ito? Gustung-gusto kong huminto, pero hiyang-hiya akong ipagtapat ang kahinaan ko kaninuman, kaya inililihim ko ang aking pagkalulong.

Ni hindi ko ito sinabi sa asawa ko, na pinakasalan ko noong 2000. Gusto kong sabihin sa kanya ang problema ko noong nagdedeyt pa kami, pero natakot ako na baka hamakin niya ako o, mas malala pa, hindi siya pumayag na magpakasal sa akin. Kaya nagsinungaling ako. At patuloy ko iyong ginawa kahit kasal na kami. Naging palihim ang mga kilos ko para hindi ako mahuli. Nagtago ako ng mga larawan sa computer ko. Nang tanungin ako ng asawa ko tungkol sa partikular na mga Internet link, sinabi ko na wala akong alam sa sinasabi niya. Ganyan ang mga lulong; natututo silang magsinungaling. Alam ko na lumilikha na ito ng gusot sa aming mag-asawa at nasasaktan siya rito, pero ayaw kong aminin na may problema ako. Hindi mahalaga sa akin ang ginagawa ko kundi kung ano ang tingin sa akin ng mga tao.

Ang iba kong pagkatao—at pagkawala sa akin ng Espiritu dahil dito—ang lalong nag-udyok sa akin na gumawa ng mas mabibigat na kasalanan, kabilang na ang pagtataksil. Malakas ang kutob ng asawa ko na may masamang nangyayari at kinausap niya ako tungkol dito. Buong pagsisisi kong inamin ang nagawa ko.

Iyon ang pinakamalungkot kong sandali, na natanto ko na *kailangan kong magbago*. Nakaupo sa harapan ko ang babaeng minahal ko. Minahal niya ako. Pinagtaksilan ko siya. Ipinasiya kong gawin ang lahat masagip lang ang relasyon namin at ang aming pamilya.


**Pagpapagaling**

Sinimulan kong kausapin palagi ang bishop ko sa pagsisikap na magsisi at dumaan sa proseso ng pagdisiplina ng Simbahan. Ipinayo niya na dumalo ako sa mga miting ng addiction recovery program, na handog ng LDS Family Services. Ngayon ko lang narinig ang programang iyon. Nalaman ko na nagdaraos ng libre at kumpidensyal na mga pulong ang grupo ayon sa 12 hakbang ng Alcoholics Anonymous, na iniakma sa mga doktrina at alituntunin ng Simbahan.

Inaamin ko na sa unang ilang miting, naisip ko, "Hindi ko kailangang pumarito. Wala naman talaga akong problema sa pornograpiya. Kaya ko itong ihinto anumang oras ko gustuhin." Siyempre, hindi iyon totoo.

Sa paghikayat ng bishop ko, patuloy akong dumalo. Nagsimula akong magpakumbaba, at sinimulan kong gawin ang mga hakbang ng programa: katapatan, pag-asa, tiwala sa Diyos, katotohanan, pagtatapat, pagbabago ng puso, pagpapakumbaba, paghingi ng tawad, pagbabalik ng ninakaw at pakikipagbati, araw-araw

MGA LARAWANG KUHA NI ROBERT CASEY



**KALIGTASAN: TANGING SA DIYOS LAMANG**

"Nahihirapan ba kayo sa ilang kasalanan o kahinaan? Maaaring kasing-simple lang ito ng kawalan ng lakas na kusang magbangon nang maaga para magkaroon ng sapat na oras na pag-aralan ang banal na kasulatan at magdasal. Maaaring ito ay isang bagay na napakatindi, tulad ng pornograpiya sa Internet o kawalan ng pagpipigil sa sarili, kaya pakiramdam ninyo ay hinahatak kayo pababa at wala na kayong pag-asa. Nagagalit ba kayo sa ginagawa ninyo pero wala kayong lakas na kusang iwaksi ito? Kung gayon humingi ng tulong at magpakumbaba. Ang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Panginoon ay sapat para baguhin ang inyong puso, baguhin ang inyong buhay, at dalisayin ang inyong kaluluwa. Ngunit dapat kayo ang unang kumilos, magpakumbaba at tanggapin na tanging sa Diyos lamang kayo magkakaroon ng kaligtasan."

**Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Be Strong in the Lord,"** ***Ensign,*** **Hulyo 2004, 12.**

na pagharap sa responsibilidad, personal na paghahayag, at paglilingkod. Sa unang pagkakataon, namuhay ako nang "payapa," nang walang pornograpiya. Hindi pa talaga "ganap" ang aking paggaling, pero napasimulan na ako sa bagong antas ng kalayaan. Nangyari iyon dahil nang sundin ko ang 12 hakbang, naunawaan ko na kung bakit ako nalulong.

Nalaman ko na karamihan sa mga nalulong ay nabaling sa isang uri ng "paggamot sa sarili" para punan ang kahungkagang nadarama nila sa buhay. Ang sakit, dusa, lumbay, takot, o iba pang uri ng pagkabalisa ay makapag-uudyok sa tao na gamutin ang sarili upang maibsan ang paghihirap nila. May ilang tao na gumagamit ng iniresetang gamot. Ang iba ay gumagamit ng bawal na droga. Ang iba naman ay umiinom ng alak. Para sa akin, maibibigay ng pornograpiya "nang madalian" ang inaakala kong kailangan ko.

Mahalaga na alam ko kung bakit ako nalulong. Mahalaga ring iwasan ang mga kapaligirang nagpalala sa aking pagkalulong. Kailangan dito ng determinasyon 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo habang ako ay nabubuhay. Hindi ako maaaring gumamit ng internet "para lang mag-browse." Katunayan, kapag nag-iisa ako, hindi ako nag-i-internet. Hindi ako maaaring tumingin sa isang anunsyo at mag-isip ng kung anu-ano. Wala kaming cable TV sa bahay. Kapag namamasahe ako papunta sa trabaho, iniiwasan kong dumaan sa ilang kalsada na alam kong may mga billboard na mag-uudyok sa akin na mag-isip ng hindi tama. Kapag nalilingat ako at nagsisimulang lumikot ang isipan ko, bumabaling ako sa aking asawa, sa aking bishop, at sa panalangin para mapalakas.

Apektado ng aking pagkalulong ang pinakamaliit na bahagi ng buhay ko, ngunit sulit gawin ang mga pag-iingat na ito. Hindi ko mababalewala ang mga bagay na ito dahil alam ko ang maaaring idulot ng aking pagkalulong sa akin at sa mga mahal ko.

**Pag-asa sa Diyos**

Gayunpaman, hindi lang pag-iwas sa masama ang kailangan. Dapat ay lagi ko ring isipin at sikaping gumawa ng mabuti. Nakatulong sa akin ang ilan sa 12 hakbang na gawin ito sa pamamagitan ng lalong paglalapit sa akin sa Diyos.

Araw-araw pagkagising ko, lumuluhod ako at nagpapasalamat sa Ama sa Langit sa pagbibigay sa akin ng pagkakataong pagsisihan ang aking mga kasalanan at lumapit sa Kanya sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Kanyang Anak na si Jesucristo. Hinihiling ko sa Kanya na ipaalam sa akin ang Kanyang kalooban para magawa ko ito. Hinihiling ko sa Kanya na ilayo ako sa tukso. Nagdarasal ako na para bang umaasa ako sa Ama sa Langit sa bawat sandali—dahil nagdarasal ako—at nasa puso ko ang panalanging iyon sa buong maghapon. Nagdarasal akong muli tuwing gabi. Nagbabasa rin ako ng mga banal na kasulatan araw-araw para maituon ko ang aking isipan sa mga banal na bagay. Kung hindi ko ito uugaliin, hindi mapapasaakin ang Espiritu. At kung ako lang mag-isa, hindi sapat ang lakas ko para labanan ang tukso.

Matagal na panahon kong inakala na kaya kong pigilin ang sarili ko anumang oras na gustuhin ko. Pero maling-mali ako. Ilang sandali lang ay napagod na akong gawin ito nang ako lang, lalo na't hindi umubra ang "ako lang." Natanto ko na hindi ko magagawa ang kailangan kong gawin nang walang tulong ng Panginoon. Nakatulong sa akin ang Eter 12:27 para mas maunawaan ito. Sabi ng Panginoon kay Moroni, "Ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan; sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila."

Nang lumapit ako sa Kanya, na ginagawa pa rin ang lahat ng aking makakaya (tingnan sa 2 Nephi 25:23), natanto ko na mas mabuti at mas marami akong magagawa sa tulong Niya kaysa kung aasa lang ako sa aking sarili (tingnan sa Alma 7:14).

Ngayon ay naglilingkod kaming mag-asawa bilang mga facilitator sa mga miting ng addiction recovery program. Natutuhan niya—at tinutulungan niya ang iba na maunawaan—na ang Pagbabayad-sala ay hindi lang para sa mga taong nagsisikap huminto sa pagkalulong kundi pati na sa mga taong naapektuhan ng pagkalulong nang hindi nila gusto. Kung babaling tayo sa Tagapagligtas, magkakaroon ng bisa ang Kanyang biyaya sa buhay nating lahat.

Sa mga nalulong at sa mga taong mahal nila, tinitiyak ko sa inyo na may pag-asa pa. Laging may pag-asa sa ebanghelyo ni Jesucristo.

**Pag-asa sa Tagapagligtas**

Lubos akong nagpapasalamat kay Jesucristo dahil literal Niya akong iniligtas mula sa mga tanikala ng kasalanan. Ang pagkalulong ay parang pagkagapos sa mga tanikalang "gumagapos sa mga anak ng tao, na siyang nagdadala sa kanila sa pagkabihag doon sa walang hanggang look ng kalungkutan at kapighatian" (2 Nephi 1:13). Nang matanto ko na malala na ang aking problema, hindi ko alam kung saan ako babaling. Desperado ako dahil hindi ako makawala sa kalunus-lunos na kalagayan. Ngunit mapapalaya ako ng Panginoon. Nang bumaling ako sa Kanya, naroon Siya para tumulong.

Nakakaugnay ako kay Ammon: "Oo, nalalaman kong ako'y walang halaga; kung sa akin lamang lakas ay mahina ako, kaya nga hindi ako nagmamalaki sa aking sarili, kundi ipagmamalaki ko ang aking Diyos, sapagkat sa kanyang lakas ay maaari kong magawa ang lahat ng bagay" (Alma 26:12). Alam ko na *kaya* ng Diyos na tulungan tayong gawin ang lahat ng bagay, pati na ang paglaya sa mga gapos ng pagkalulong. ■



**TULONG SA PAGDAIG SA PORNOGRAPIYA**

Ang *Addiction recovery program,* na handog ng LDS Family Services, ay may libre at kumpidensyal na mga miting na tumutulong sa mga taong lulong sa alak, droga (na inireseta at ipinagbabawal), sigarilyo, kape o tsaa, pornograpiya, di-angkop na gawaing seksuwal, sugal, kawalan ng tiwala sa sarili, at problema sa pagkain. Para malaman kung anong miting ang malapit sa inyo, bumisita sa www.ldsfamilyservices.org. Maaaring may alam din ang inyong lider ng priesthood tungkol sa malapit na mga miting.

Kahit hindi kayo makadalo sa isa sa mga miting, makakatulong sa inyo ang program study guide. Ang *Addiction Recovery Program: A Guide to Addiction Recovery and Healing* (aytem blg. 36764) ay makukuha sa maraming wika mula sa Distribution Services o bilang PDF file sa www.recoveryworkbook.lds.org.

Ang *CombatingPornography.org* ay isang website na itinataguyod ng Simbahan na tumutulong sa mga taong nalululong. Matutulungan din nito ang kanilang mga asawa, magulang, at lider ng priesthood.

Ang *Puspusin ng Kabanalan ang Iyong mga Iniisip* (aytem blg. 00460 893) ay isang buklet na ginawa upang tulungan ang mga nalulong sa pornograpiya. Tinatalakay rito kung paano tukuyin ang nakapipinsalang media, paglabanan at iwasan ang tukso ng pornograpiya, at iwaksi ang pagkalulong sa pornograpiya. Nakalista rin dito ang mga talata sa banal na kasulatan at iba pang mga materyal ng Simbahan tungkol sa pagsisisi, kasagraduhan ng katawan, at pagdaig sa mga makamundong impluwensya. Maibabahagi ng mga lider ng Simbahan at kapamilya ang buklet sa mga mahal nila sa buhay na nalulong sa pornograpiya. Ang buklet ay makukuha sa Distribution Services sa maraming wika. Makukuha rin ito sa American Sign Language sa DVD.

Ang iba pang mga mensahe at artikulo tungkol sa paksang ito ay nakalista sa www.liahona.lds.org.

# ANG TUNAY NA LANDAS TUNGO SA Kaligayahan

*Sa paghahanap natin sa tunay na landas tungo sa kaligayahan sa ating mga pamilya at propesyon, dalangin ko na gamitin natin ang ating kaalaman at impluwensya upang magdulot ng higit pang kabutihan, kapayapaan, pag-unawa, at kalayaan sa mga tao sa buong mundo.*

Ang resipe para sa "magandang buhay" ay pinagtatalunan sa loob ng maraming siglo. Nang si Apostol Pablo ay nasa Atenas sa Mars Hill, nakaharap niya ang "mga pilosopong Epicureo, at Estoico" (Ang Mga Gawa 17:18). Ang mga Estoico ay naniniwalang ang pinakamainam sa lahat ay kabanalan, samantalang ang mga Epicureo ay naniniwalang ang pinakamainam ay kasiyahan. Maraming Estoico ang naging mapagmataas at ginamit ang pilosopiya bilang "paraan upang mapagtakpan ang . . . ambisyon at kasamaan." Maraming Epicureo ang nahilig sa kasiyahan at layaw ng katawan at ang sawikain nila ay "Magsikain at magsiinom tayo yamang bukas tayo'y mangamamatay."[1]

Marami sa unibersidad ang nagtuturo na ang adhikain ni Aristotle na "matalinong pag-iisip" ang gabay sa "magandang buhay." Isinulat ng isang manunuri sa *New York Times Book Review* na "ipinalagay [ng mga makabagong pilosopo] na walang tamang balanse ng mga elemento na bumubuo ng 'magandang buhay para sa tao.'"[2]

Isinaad ng isang artikulo sa *New York Times*, "Ang kaligayahan sa buhay-mag-asawa ay napakahalaga kaysa anupamang bagay sa pagkakaroon ng pansariling kabutihan." Hinamon ng awtor ang mga kolehiyo na huwag gaanong pag-ukulan ng oras ang "paghahanda sa mga estudyante sa mga propesyon" at mag-ukol ng mas maraming oras sa "paghahanda sa kanila na makapagdesisyon."[3]

Nang mabasa ko ang mga pahayag na ito, pinag-isipan kong mabuti ang itinuro ni Propetang Joseph Smith: "Kaligayahan ang pakay at layon ng ating pag-iral; at ito ang magiging katapusan nito, kung hahanapin natin ang landas tungo dito; at ang landas na ito ay ang kagandahang-asal, kabutihan, katapatan, kabanalan, at pagsunod sa lahat ng mga kautusan ng Diyos."[4]

Sa diwang ipinahayag sa *New York Times* tungkol sa pag-aasawa at sa optimistikong deklarasyon ng Propeta, tiwala ako na makakamtan natin ang kaligayahang hangad natin at hangad ng Diyos para sa atin. Ano ang dapat nating gawin para matamo ito?

### Magpasalamat sa Inyong Pamana

Palaging magpasalamat sa natatanggap ninyong mga pagpapala, lalo na sa inyong pamana. Kapag tayo ay nabiyayaan ng mabubuting magulang, dapat tayong magpasalamat. Ito ang utang-na-loob ng bawat isa sa ating pamana.

Mababasa sa isang lumang kawikaan ng mga Intsik, "Sa pag-inom mo ng tubig, huwag kalimutan ang balon na pinanggalingan

PAGLALARAWAN NINA ROBERT CASEY, WELDON C. ANDERSEN, AT JOHN LUKE



**Ni Elder Quentin L. Cook**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

nito." Malinaw sa mga banal na kasulatan na dapat nating igalang ang ating mga magulang. Sabi ng isang kawikaan, "Anak ko, ingatan mo ang utos ng iyong ama, at huwag mong kalimutan ang kautusan ng iyong ina" (Mga Kawikaan 6:20). Ganito ang sabi ng pilosopong Aleman na si Goethe:

*Ang pamanang mula sa iyong mga*
*ninuno ay pahiram sa iyo,*
*Muling magsikap, upang tunay na*
*mapasaiyo ito!*[5]

Malinaw na kailangang pasalamatan natin ang ating mga magulang at gumawa ng mabuti upang makamit ang nais nilang ipagkaloob sa atin.

**Ituon ang Inyong Sarili sa Pamilya**

Pangalawa, ituon ang inyong sarili sa walang-hanggang institusyon ng pamilya bilang pundasyon ng kaligayahan. Sa mundo sa kabuuan nito, pinipili ng marami ang hindi pag-aasawa o pagpapaliban ng pag-aasawa. Ang pamilya ay walang-hanggang institusyon na



*Tinitiyak ko sa inyo na ang kagalakan, pagmamahal, at tagumpay na naranasan sa mapagmahal at mabuting pamilya ay nagbubunga ng lubos na kaligayahan na maaari nating matamo.*



inorden ng Diyos bago nilikha ang mundo. Karamihan sa mga tao ay mag-aasawa at mabibiyayaan ng mga anak. Wala nang iba pang mas dakilang biyaya sa buhay na ito kaysa pagkakaroon ng mga anak. Ilan sa pinakanakapupukaw na mga talata sa buong banal na kasulatan ay naglalarawan sa lubos na kahalagahan ng mga bata sa plano ng ating Ama sa Langit. Sila ay tunay na "mana na mula sa Panginoon" (Mga Awit 127:3).

Noong ako ay nasa edad 20 pataas, nagbigay si Pangulong David O. McKay (1873–1970) ng mensahe tungkol sa pag-aasawa at mga anak. Siya ay 95 taong gulang na noon at nasa dapit-hapon ng kanyang buhay. Itinuro niya na ang dalisay na pag-ibig sa pagitan ng isang lalaki at babae "ay isa sa pinakadakilang mga bagay sa mundo, at ang pagsilang at pagpapalaki ng mga anak ang pinakamataas na tungkulin ng tao."[6]

Pagkatapos ay ibinahagi ni Pangulong McKay ang kanyang pangamba tungkol sa paglaganap ng diborsiyo. Noong 1969 ang California ang unang estado sa Estados Unidos na nagpahintulot sa tinatawag na "diborsiyong walang sinuman na dapat sisihin." Bago iyon, kailangang may dahilan para mapawalang-bisa ang kasal, tulad ng kataksilan o iba pang mabibigat na dahilan. Malinaw na nangangamba si Pangulong McKay na baka masira ang institusyon ng kasal. Sabi niya, "Ang tumataas na bilang ng diborsiyo sa Estados Unidos ngayon ay banta sa kagitingan ng bansang ito."[7]

Kapag binalikan natin ang sinabi ni Pangulong McKay, ito ay talagang propesiya. Inilahad ng kasalukuyang patnugot ng *U.S. News and World Report* ang kasaysayan at mga ibinunga nito mula noon. Inireport niya na "ang bilang ng diborsiyo ay mas higit pang dumoble mula noong 1960s," at ang isinilang sa mga di-kasal na ina "ay tumaas mula sa 5 porsiyento noong 1960 at umabot nang hanggang mga 35 porsiyento ngayon." Ipinaliwanag niya ang mga resulta at ang matinding epekto nito sa mga anak. Nilinaw niya na "ang matatag na pamilya na mga tunay na ama't ina . . . ay nagiging magandang institusyon sa paghubog ng pagkatao, sa pag-aalaga, sa pagtuturo ng magagandang asal, at pagpaplano para

sa kinabukasan ng anak."[8]

Sa huli ay sinabi ng artikulo ng *New York Times*, "Ang mga makabagong lipunan . . . ay mahilig sa mga materyal na bagay at takot sa mga bagay na may kinalaman sa moralidad" at, bunga nito, sila ay "bulag sa mga bagay na espirituwal."[9] Hindi ba't ito ang ipinropesiya ni Pangulong McKay?

Hayaang tiyakin ko sa inyo na marami sa mga pagsasama bilang magasawa ng matatapat na miyembro ng Simbahan ang masaya at matagumpay. Sa mga hindi pa nag-aasawa, dapat kayong sumulong nang may pananampalataya at tiwala tungo sa sukdulang mithiin ng pag-aasawa at pagpapamilya. Ang payo ko sa inyo ay maghanap ng mabuting mapapangasawa na mahal ninyo at magiging matalik ninyong kaibigan. Tinitiyak ko sa inyo na ang kagalakan, pagmamahal, at tagumpay na nadarama sa mapagmahal at mabuting pamilya ay nagbubunga ng lubos na kaligayahan na maaari nating matamo. Ang kaligayahang iyan ay pundasyon sa matagumpay na lipunan. Ang mga taong matwid at hindi magawa ang mithiing ito ay makakamtan ang lahat ng pagpapalang inilaan ng ating Ama sa Kanyang mga anak.

### Makibahagi sa Positibong Paraan

Pangatlo, makibahagi sa mundo sa positibong paraan at maging mabuting impluwensya. Ang malaking hamon ay manindigan sa utos na nasa banal na kasulatan na mabuhay sa mundo ngunit hindi sa makamundong paraan (tingnan sa Juan 17). Itinuro ni Pangulong Joseph Fielding Smith (1876–1972), bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, na bagamat nabubuhay tayo sa mundo, "hindi tayo nabubuhay ayon sa mundo na ibig sabihin ay hindi tayo nakikibahagi sa . . . masasamang kaugalian, . . . hilig, . . . kahangalan, maling mga doktrina at teoriya."[10] Bukod pa rito, ang inyong kontribusyon sa lugar na tinitirhan ninyo ay bahagi ng hamon sa inyo na maging isang halimbawa, ibahagi ang ebanghelyo,



at mamuhay ayon sa mga katotohanang itinuro ng inyong mga magulang at mga propeta.

Upang maisagawa ang hamong ito, nanaisin at kakailanganin ninyong makibahagi sa mundo sa positibong paraan. Kailangang masubukan tayo at matagpuang karapat-dapat sa mas dakilang kaharian. Tulad ng itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson, "Mga pagpapasiya ang nagtatakda ng kapalaran."[11]

Hindi madali ang buhay na ito; hindi ito itinakdang maging ganito. Gayunman, alam natin na gagawin ng Panginoon na pagpapala sa atin at para sa ating ikabubuti ang mga pagsubok sa ating buhay. Bibigyan Niya tayo ng lakas na manindigan sa kabila ng oposisyon. Ang kabutihan ay gantimpala na mismo, at ipinangako sa atin sa mga banal na kasulatan na ang gantimpala sa kabutihan ay "kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang-hanggan sa daigdig na darating" (D at T 59:23). Pinapayuhan ko kayo na makibahagi sa mundo sa positibong paraan.

### Ipamuhay at Ibahagi ang Inyong mga Pamantayan

Pang-apat, ipamuhay at ibahagi ang inyong mga pamantayan sa mga nakakasalamuha ninyo. Ang mga hamon ay darating sa marami sa inyo sa paghahanap ninyo ng trabaho. Kailangan ninyong maging matalino. Iminumungkahi ko na hayaan ninyong malaman ng boss ninyo na mataas ang inyong mga pamantayang etikal at moral, kabilang ang inyong responsibilidad sa inyong pamilya.

Maaga kong natutuhan ang kahalagahan nito sa aking propesyon. Nang makatapos ako ng pag-aaral sa Stanford Law School, sinikap kong makapasok sa isang law firm. Walang mga miyembro ng Simbahan na nagtatrabaho sa law firm, ngunit ang mga abugado nito ay may kanikanyang katangian at kakayahan. Matapos ang mga interbyu sa umaga, isinama ako ng pinaka-senior partner at ng dalawang iba pa sa pananghalian. Nagtanong ang senior partner kung gusto ko ng alak bago at pagkatapos mananghalian. Pareho ko itong tinanggihan. Nang alukin niya akong muli, ipinaalam ko sa kanya na aktibo akong Banal sa mga Huling Araw at hindi umiinom ng alak.

Inalok ako ng trabaho sa law firm, at makalipas ang ilang buwan sinabi sa akin ng senior partner na ang pag-alok na uminom ng alak ay isang pagsubok. Napansin niyang malinaw na nakasulat sa aking résumé na nagmisyon ako bilang Banal sa mga Huling Araw. Nagpasiya siyang tatanggapin lamang niya ako sa trabaho kung tapat ako sa mga turo ng simbahan ko. Itinuring niyang mahalaga ito sa pagkatao at integridad.

Sa mga taon ko sa San Francisco, California, USA, may kilala akong ilang miyembro na umiiwas na ipaalam sa kanilang mga katrabaho na sila ay mga Banal sa mga Huling Araw. Walang-salang nalalagay sila sa kompromiso na maiiwasan sana kung kaagad at tuwiran nilang sinabi ang kanilang pinaniniwalaan.

### Maging Tanglaw

Ang huli, maging tanglaw sa mga tao sa lugar na tinitirhan ninyo. Noong bago pa lang kaming mag-asawa at nakatira sa San Francisco Bay Area sa kalagitnaan ng1960s, kakaunti pa lang ang mga Banal sa mga Huling Araw. Dagdag pa rito, ang San Francisco Bay Area ay naging pugad ng mga gumagamit ng droga at ng lahat ng uri ng masasamang gawain. Isang nababahalang stake president noon ang nagtanong sa pamunuan ng Simbahan kung dapat hikayatin ng mga lider ang mga miyembro ng Simbahan na manatili sa San Francisco Bay Area.

Si Pangulong Harold B. Lee (1899–1973), na noon ay pinakamatagal na miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay naatasang magsalita tungkol sa isyu. Kinausap niya ang isang grupo ng mga lider ng priesthood at sinabi sa kanila na pinahintulutan ng Panginoon ang pagtatayo ng templo sa aming lugar hindi upang iwan lamang ito ng mga miyembro. Ang kanyang payo ay:

1. Lumikha ng Sion sa ating mga puso at tahanan.
2. Maging tanglaw sa mga taong kasa-kasama natin.
3. Ituon ang pansin sa mga ordenansa at alituntuning itinuro sa templo.

Kung susundin natin ngayon ang payo ni Pangulong Lee, maaari tayong magtagumpay na mabuhay sa mundo ngunit hindi sa makamundong paraan. Gayunman, ang bawat isa sa atin ay dapat magpasiya kung titingin tayo sa mundo o magtutuon ng pansin sa templo.

Sa buong buhay natin mahaharap tayo sa maraming hamon sa mundo. Isa sa mga hamong ito ay makikita nating ang Simbahan at mga itinuturo nito ay hindi nauunawaan at kung minsan mali ang pagkakakilala rito. Ilang taon na ang nakalipas si Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nanawagan sa mga miyembro ng Simbahan na iparinig ang kanilang mga tinig sa pagtatanggol sa pananampalataya at pagwawasto sa maling impormasyon. Binigyang-diin niya na napakahalaga sa atin na makibahagi sa " 'new media,' na ginawang posible ng Internet."[12] Sa mundong

puno ng iba't ibang komunikasyon at may mga miyembrong nakatira sa iba't ibang dako, kailangang harapin ang mga isyu tungkol sa Simbahan at ipagtanggol ng mga Banal sa mga Huling Araw ang Simbahan laban sa mga iresponsable at maling paglalarawan tungkol dito. Nagpapasalamat kami sa nangyari mula nang ilabas ang artikulo ni Elder Ballard, at inuulit ko ang kanyang hamon.

Tiwala ako na makakamtan natin ang kaligayahang hangad natin at hangad ng Diyos para sa atin. Dalangin ko na sa paghahanap natin sa tunay na landas tungo sa kaligayahan sa ating mga pamilya at propesyon, gagamitin natin ang ating kaalaman at impluwensya upang magkapagdulot ng higit pang kabutihan, kapayapaan, pag-unawa, at kalayaan sa mga tao sa buong mundo. ■

*Mula sa mensaheng ibinigay sa Brigham Young University–Hawaii noong Abril 10, 2010. Para sa buong teksto sa Ingles, tingnan sa http://devotional.byuh.edu/node/416.*

**MGA TALA**


1. Frederic W. Farrar, *The Life and Work of St. Paul* (1902), 1:535–36.
2. Jim Holt, "A Word about the Wise," *New York Times Book Review,* Mar. 14, 2010, 12.
3. David Brooks, "The Sandra Bullock Trade," *New York Times,* Mar. 30, 2010, p. A23.
4. Joseph Smith, sa *History of the Church,* 5:134–35.
5. Johann Wolfgang von Goethe, *Faust,* trans. Bayard Taylor (1912), 1:28.
6. David O. McKay, sa Conference Report, Abr. 1969, 9.
7. David O. McKay, Abr. 1969, 8.
8. Mortimer B. Zuckerman, "Family-Unfriendly Policies," *U.S. News and World Report,* Okt. 5, 2007, 72.
9. David Brooks, "The Sandra Bullock Trade," p. A23.
10. Joseph Fielding Smith, sa Conference Report, Okt. 1916, 70.
11. Thomas S. Monson, "Invitation to Exaltation," *Tambuli,* Set. 1993, 4.
12. M. Russell Ballard, "Pagbabahagi ng Ebanghelyo Gamit ang Internet," *Liahona,* Hunyo 2008, B2.




*Makibahagi sa mundo sa positibong paraan at maging mabuting impluwensya.*



# LIGTAS NA PAGLALAYAG PAUWI

**Ni Richard M. Romney**
Mga Magasin ng Simbahan



*Kahit mahirap ang buhay kung minsan, alam ng mga kabataang Banal sa mga Huling Araw sa Visakhapatnam, India, na ang tahanan ay kanlungan ng kapayapaan.*

Araw-araw ay pumapalaot sa dagat ang mga mangingisda ng Visakhapatnam, India. Kadalasan ay mahina ang mga alon, payapa ang karagatan, at nagbabalik ang mga bangka na puno ng mga isda. Gayunman, paminsan-minsan ay nagngangalit ang mga alon. Madilim ang kalangitan, mataas ang nakakatakot na mga alon, at natutuwa ang mga mangingisda makabalik lang nang ligtas sa kanilang daungan.

Araw-araw ay naglalayag sa mundo ang mga kabataang Banal sa mga Huling Araw ng Visakhapatnam. Kadalasan ay maganda ang buhay nila. Nagtatamo sila ng kaalaman, nakikipagkaibigan, at umuuwing masaya. Gayunman, paminsan-minsan ay nagiging malupit ang mundo. Ang kawalang-pag-asa ay parang hampas ng mga alon, matindi ang nakabantang tukso, at pinadidilim ng pagdududa ang espirituwal na kalangitan. Sa mga araw na iyon nagagalak silang makauwi nang ligtas sa kanilang kanlungan ng kapayapaan, mga daungan na tinatawag nilang tahanan.

### Mga Larawan sa Dingding

Dalawa sa mga kabataang Banal sa mga Huling Araw na iyon, sina Naga Bushan Ratnam at Pavani Kotala Ratnam, ang nakatira sa piling ng kanilang mga magulang sa isang maliit na apartment na malayo sa bayan ngunit malapit sa tunawan ng bakal na pinagtatrabahuhan ng kanilang ama. Makikita ninyo sa mga larawang nakasabit sa apartment kung ano ang kanilang mga prayoridad. Puno ng mga retrato ng pamilya ang estante ng mga aklat malapit sa pintuan sa harapan, at sa mga tulugan, makikitang nakasabit ang mga larawan ng Tagapagligtas, ng templo, at ng Unang Panguluhan sa mga dingding.

"Pagkagising ko, ang mga larawang iyan ang una kong nakikita," sabi ni Pavani. "Bago ako matulog sa gabi, ang mga iyan ang huli kong nakikita."

Naniniwala si Pavani na kaya nating lumikha ng mga kanlungan ng kapayapaan sa ating tahanan. "Kaya palagi ko itong nililinis," sabi niya. "Isang paraan iyan para maanyayahan ang Espiritu na pumarito." At sa paaralan, "Lagi kong dala ang *Para sa Lakas ng mga Kabataan* sa bag ko, kaya tuwing kukuha ako ng isang aklat, lagi kong nakikita ito."

Napapayapa naman si Naga kapag kausap niya ang kapatid niyang babae. "Siyempre kinakausap namin ang mga magulang namin at hinihingan sila ng payo sa maraming bagay," sabi niya. "Ang tatay namin ang district president, kaya lagi niya kaming kinakausap bilang lider ng Simbahan at bilang ama. At gustung-gusto naming kausap ang aming ina. Pero iba talaga kapag kami ng kapatid ko ang



MGA LARAWANG KUHA NI RICHARD M. ROMNEY









***Simbahan at pamilya ang naglalaan ng mga ligtas na daungan para sa pamilya Ratnam (naunang pahina) at (paikot mula itaas sa kaliwa) Sujith, Sandeep, at Hepsiba Batha; Pavani at Naga Ratnam; ang pamilya Butty; at iba pang mga kabataan mula sa Visakhapatnam, na may tatlong branch.***

nagkukuwentuhan." Kapag nagagalit si Naga, inaaliw siya ni Pavani. May pagkamahiyain si Naga, kaya tinutulungan siya ni Pavani na makihalubilo.

"Pero higit sa lahat, pinalalakas namin ang isa't isa sa pagsunod sa mga pamantayan," sabi ni Naga. Halimbawa, tatanungin ni Pavani si Naga tungkol sa disenteng pananamit. "Kapag sinabi niyang hindi iyon tugma sa mga pamantayan ng Simbahan, hindi ko iyon isusuot," sabi niya. At madalas silang mag-usap tungkol sa paglilingkod, kapwa sa Simbahan at sa komunidad. May kinalaman ang pag-uusap na iyon sa pangarap ni Naga na maging cardiologist (doktor sa puso) balang-araw. "Ang gusto kong trabaho ay iyong makapaglilingkod din ako," sabi niya.

Ipinaliwanag din ng mga kabataang Ratnam na ang pagkakaroon ng priesthood sa kanilang tahanan ay nakaragdag sa kaayusan ng kanilang pamilya. Ginunita nila kung paano sila dinalang lahat ng kanilang ama sa Simbahan walong taon na ang nakararaan, kahit na kinailangan nilang bumiyahe—lahat silang apat—nang 40 kilometro (25 milya) papunta pa lang sakay ng iisang motorsiklo para lang makadalo sa kanilang mga miting sa Simbahan. Ikinuwento nila noong ipagdasal nila nang buong pananampalataya si Pavani nang magkasakit ito sa araw na binyagan si Itay, nang binasbasan ni Itay si Naga na malubha ang sakit bago ito kumuha ng eksamen sa paaralan, at nang sumangguni si Itay kay Inay, sa kanilang magkapatid, at sa pagdarasal nito sa Ama sa Langit kapag gumagawa ng mabibigat na desisyon.

"Nakita ko ang magagandang pagbabago habang umuunlad ang aming pamilya sa ebanghelyo," sabi ni Pavani. "Ang halimbawa ng aking mga magulang at kapatid ang gumabay sa akin bilang bunso sa pamilya. Alam ko na tinutulungan ako ni Jesucristo sa bawat bahagi ng buhay ko. Napapaligiran ako ng mga taong tumutulong at nagmamahal sa akin, at mahal ako ng Tagapagligtas. Mas mahalaga sa akin ang pagmamahal na iyan kaysa anupaman."

Kitang-kita ang pagmamahalang iyon nang maglakbay ang pamilya sa Hong Kong China Temple para mabuklod. Sa lupa, sabi ni Naga, ang templo ang pinakaligtas na kanlungan sa lahat: "Ito ay banal na lugar. Isipin lang namin ito ay naghahatid na ng kabanalan sa aming tahanan." At iyan ang nagpapasaya sa apartment ng mga Ratnam.

## Ligtas sa mga Banal na Kasulatan

Ayon kina Hepsiba, Sandeep, at Sujith Batha, na nakatira sa piling ng kanilang mga magulang sa bayan ng Visak (ang tawag ng mga tagaroon sa lungsod), ang mga banal na kasulatan ay angkla sa kanilang kanlungan ng kapayapaan. "Sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan, inaanyayahan namin ang Espiritu na gabayan kami sa tamang landas, upang makagawa kami ng mabubuting desisyon sa buhay," sabi ni Hepsiba. "Inaanyayahan din namin ang Espiritu sa aming tahanan kapag nagdaraos kami ng family home evening at nagdarasal ang pamilya."

Katunayan, sabi ni Sandeep, pinaaalalahanan sila ng kanyang ina na "magdasal araw-araw sa pag-alis at paguwi. Kapag sinabi niyang, 'Magpasalamat ka,' gusto kong magpasalamat para sa lahat ng bagay."

Sabi ni Sujith, bukod pa sa kanilang tahanan, nadarama rin nila ang kapayapaan sa mga miting ng branch, kung

saan magkakasamang nag-aaral ng ebanghelyo ang mga miyembro at malayang sumamba ang lahat, at sa mga aktibidad kung saan ang mga kabataan na iisa ang mga pamantayan ay mapapalakas at mapapanatag ang isa't isa. "Sinabi sa atin ng Panginoon na tayo ang ilaw ng sanlibutan," sabi ni Sujith (tingnan sa Mateo 5:14). "Kapag nagtitipun-tipon kami, pinananatili naming maliwanag ang ilaw na iyon at mas panatag kaming ibahagi ito."

### Masayang Pag-uwi

Ganyan ang pagbabahaging naghatid ng ebanghelyo sa pamilya Butty. Hindi mapigil ng magkapatid na Sandhya at Sudha Butty at ng kanilang ama't ina ang mapangiti—sabik na sabik silang ikuwento kung paano nila nalaman ang tungkol sa Simbahan.

"Buong pamilya kaming sumapi sa Simbahan," paliwanag ni Sandhya. "Matagal na naming hinahanap ang tamang simbahan. Alam namin na kailangan kaming mabinyagan. Pagkatapos isang araw ay nakakita ng dalawang elder ang tatay namin. Sabi sa mga name tag nila, 'Ang Simbahan ni Jesucristo,' at alam niya na kailangan niya silang makausap."

Nagsimula ang masinsinang pag-uusap. "Nalaman namin na, para magawa ang kalooban ng Ama, nagdusa si Jesucristo para sa atin, isinakatuparan ang Pagbabayad-sala, at ginawang posible na makabalik tayo sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya," sabi ni Sudha. Dahil sa matibay na patotoong iyon, ang pagsapi sa Simbahan ay tila paglalayag pauwi sa payapang karagatan, at ikinagalak ng pamilya Butty ang naging desisyon mula noon.

Araw-araw pumapalaot ang mga bangkang gamit sa pangingisda mula sa Visakhapatnam. Araw-araw nakikisalamuha sa mundo ang mga kabataan ng Visakhapatnam First, Second, at Gajuwaka Branch. Lahat sila ay ligtas na makababalik sa daungang pamilyar sa kanila. Ngunit sa mga Banal sa mga Huling Araw, ito ay isang daungang hindi lamang ligtas para sa ngayon kundi maging sa kawalang-hanggan. ■

### PAKIKIPAGKAIBIGAN

Maraming natutuhan si Pavani Kotala Ratnam tungkol sa pagkakaibigan sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo. "Nang sumapi kami sa Simbahan, pinagtawanan ako sa klase namin sa paaralan dahil ayaw kong mandaya. Hindi ako nagsinungaling kahit kailan. Kung may ipagawa sa akin na mabuti, tiyak na gagawin ko iyon. At lagi akong magalang makipag-usap sa lahat. May mababait akong kaibigan sa simbahan, pero ayaw ng mga 'kaibigan' ko sa paaralan ang mga pamantayan ko. Baliw raw ako at pinagtawanan nila ako sa harap ng iba.

"Itinanong ko sa mga magulang ko kung anong klaseng mga tao ang dapat kong kaibiganin," patuloy niya. "Ang pagkausap sa kanila ang isa sa pinakamaiinam na desisyong ginawa ko. Tinulungan nila akong madama na tama ang ginawa ko, pumili ng mga kaibigang susuporta sa akin, at sikaping kaibiganin ang lahat.

"Hindi nagtagal ay nakausap ko silang lahat—ang malaking tao, ang mas magaling na estudyante—kinausap ko silang lahat. Sinikap kong magpakita ng mabuting halimbawa. Sa simula ay wala akong nakitang kaibigang nagpalakas ng loob ko, at nahirapan ako nang husto. Pero hinikayat ako ng aking mga guro. Paminsan-minsan nagtatanong sila, 'Ano ang ipinagkaiba mo?'

"Laging sinasabi ng ibang mga estudyante, 'Bakit ganyan ang ugali mo?' at 'Bakit mo kinakausap ang lalaking iyon samantalang hindi mo siya kauri?'"

Pero sa bandang huli natigil din ang mga oposisyong ito. "Alam ko na naiiba ako sa mabuting paraan at dapat kong ipakita ang tunay kong pagkatao at gawin ang tama. Iyan ang pasiya ko," sabi niya.

Ngayon kilala si Pavani ng ibang mga estudyante bilang isang dalagitang mabait at may magandang impluwensya sa kanyang paaralan.



# GUSTO KANG MAKITA NI PANGULONG MONSON

Mga 15 taon na ang nakalipas nang masuri ng doktor na may Parkinson's disease ako. Pagkaraan ng apat na taon patuloy na humina ang katawan ko, at gumamit na ako ng wheelchair. Labis akong nalungkot sa kalagayan ko dahil sa buong buhay ko, napakaaktibo ko.

Sa panahong iyan nagpunta ako sa kumperensya sa Dunhee, Scotland, na dinaluhan ni Pangulong Thomas S. Monson, na noon ay tagapayo sa Unang Panguluhan. Pagkatapos ng miting, isang miyembro ang lumapit sa akin.

"Brother Sharkey?"

"Oo, bakit?"

"Pumunta ka sa harapan para makausap mo si Pangulong Monson."

Wala akong intensyon na gawin iyon, ngunit makaraan ang ilang minuto ay bumalik ang lalaki.

"Brother Sharkey," sabi niya, "hinihintay ka ni Pangulong Monson."

"Pero hindi niya ako kilala," sagot ko.

"Kahit na, naghihintay siya sa iyo. Nalaman niya ang tungkol sa sakit mo."

Pumayag ako at nakipagkita kay Pangulong Monson. Magiliw niya akong binati at nagtanong kung gusto ko ng basbas ng priesthood. Sinabi kong gusto ko.

Nakakita kami ng silid, at nagtanong si Pangulong Monson kung sino ang gusto kong magpahid ng langis sa akin. Hiniling ko kung pwede ang aking bishop. Nang may umalis upang hanapin ang aking bishop, isa sa mga kasamahan ni Pangulong Monson ang nagpaalala sa kanya na kung hindi sila aalis kaagad, hindi sila makararating sa takdang oras sa paliparan ng Edinburgh.

Ngumiti si Pangulong Monson at, tinutukoy ang kanyang sarili at ako, ay sinabing, "Kapag nasa edad ka na namin, matututo kang unahin ang dapat unahin. Makararating tayo roon sa takdang oras."

Nang dumating ang aking bishop, binasbsan nila ako ni Pangulong Monson. Ang basbas na ibinigay sa akin ni Pangulong Monson ay hindi upang gumaling, ito ay tungkol sa pangangalaga sa aking kalagayan at pagtitiis sa mga sakit na kasama nito. Isa rin itong basbas para sa aking pamilya na matulungan ako na makayanan ang karamdaman ko.

Ngayon, sampung taon na ang nakalipas, may Parkinson's pa rin ako, ngunit sa edad na 74 maayos ang kalagayan ko. Sa katunayan may nahanap akong mga paraan para makayanan ko ang sakit ko. Mabuti ang pakiramdam ko, at hindi na ako gumamit ng wheelchair mula noong mabasbasan ako. Ang tawag sa akin ng doktor ko ay "pinakamahusay [niyang] pasyente."

Lagi kong pasasalamatan si Pangulong Monson sa kanyang kabaitan sa pakikipag-usap at pagbabasbas sa isang taong hindi niya kakilala. Ngunit pinasasalamatan ko rin ang itinuro niya sa akin tungkol sa paggamit ng priesthood.

Hawak natin ang iba't ibang susi at katungkulan sa Simbahan, ngunit pareho ang taglay nating priesthood. Ang kabaitan ni Pangulong Monson ay nagturo sa akin na ang priesthood ay hindi tungkol sa kung sino ang mayhawak nito kundi kung paano natin gamitin ito upang pagpalain ang buhay ng mga anak ng Ama sa Langit. ■

George Sharkey, Scotland



*Magiliw akong binati ni Pangulong Monson at nagtanong kung gusto ko ng basbas ng priesthood.*

MGA PAGLALARAWAN NI BJORN THORKELSON

# PINAGPALA NG PRIESTHOOD

Sumapi ako sa Simbahan bilang single mother noong 1996, makaraan ang ilang taon matapos sumapi ang aking kakambal na si Theresa. Nang binyagan si Theresa, isang kaibigan ang nagsabi sa akin, "Bakit siya sumapi sa simbahang iyan? Ang mga kababaihan diyan ay palamuti lang."

Sa pakikisalamuha ko sa mga miyembro ng Simbahan, alam ko na mali ang pagkaunawa ng aking kaibigan—ang mga mag-asawa sa Simbahan ay ilan sa mga pinakamatatag at may pantay na karapatan sa lahat ng nakita ko. Alam ko na kalalakihan lamang sa Simbahan ang mayhawak ng priesthood, ngunit dama ko na ginagamit nila ang priesthood para sa kabutihan ng lahat.

Ang katotohanang iyan ay napagtibay sa akin nang ako ay masuring may breast cancer 11 taon matapos akong mabinyagan. Nang malaman ko ito, nakatanggap ako ng espirituwal na pahiwatig na dapat akong humingi ng basbas ng priesthood, na ginawa ko nang gabing iyon. Sa basbas, ipinangako sa akin na maaalis ang kanser sa katawan ko, na ako ay gagaling, at papatnubayan ng Espiritu ang aking mga doktor.

Ang basbas na iyan ang una sa maraming matatanggap ko sa loob ng susunod na tatlong taon ng gamutan at operasyon. Nagbigay ito sa akin ng pananampalatayang malaman na ang paggaling ay pisikal na darating kung ito ang kalooban ng Panginoon o espirituwal itong darating—at mabibigyan ako ng lakas na harapin ang pagsubok ko sa buhay.

Naranasan ko ang pangalawang uri ng paggaling isang gabi matapos



***Nang malaman ko na may breast cancer ako, nakatanggap ako ng espirituwal na pahiwatig na dapat akong humingi ng basbas ng priesthood.***

ang isang operasyon. Naalala kong nagising ako sa sobrang sakit. Kaagad pumasok sa isipan ko ito: "Alam mong gagaling ka. Ipinangako sa iyong gagaling ka. Alam mong makakayanan mo ito."

Sa isa pang pagkakataon nagising ako sa kalagitnaan ng gabi na nag-aalala sa hinaharap. "Ano ang mangyayari sa akin?" naisip ko. Ang pag-aalalang ito ay nagtagal nang dalawang oras, ngunit sa loob ng tatlong taong pakikibaka ko sa kanser ay noon ko lang nadama ang gayong pagkabalisa. Ang kapanatagan mula sa natanggap kong mga basbas ng priesthood ang nagpalakas sa akin at nakayanan ko ang mga bagay na akala ko ay hindi ko na kayang tiisin.

Patuloy akong pinalakas ng priesthood sa isang impeksyon pagkatapos ng operasyon at matinding lagnat. Isang gabi sa panahong ito ay dumating ang bayaw ko sa ospital at binasbasan ako. Buong araw na mataas ang lagnat ko, ngunit pagkatapos ng basbas ay patuloy na itong bumaba. Namangha ako ngunit hindi nagtaka.

Nakita kong natupad ang pangako na papatnubayan ang aking mga doktor. Nang magising ako pagkatapos ng isa sa mga operasyon ko, dumating ang siruhano (surgeon) para kausapin ako.

"Natapos ko na," paliwanag niya, "ngunit may nagsabi sa akin na tingnan ko pang mabuti, at may nakita akong karagdagang bahagi na may problema, na natanggal ko naman. Suwerte at nakita namin ang mga iyon."

Hindi siya miyembro ng Simbahan, ngunit natupad ang ipinangakong basbas sa akin noon. Pinatnubayan siya ng Espiritu.

Nagpapasalamat ako sa mabubuting mayhawak ng priesthood sa aking ward at pamilya na tumulong sa akin at ginamit ang priesthood upang pagpalain ang aking buhay. Nagpapasalamat ako sa kanilang mga asawa na sumusuporta at tumutulong sa kanila habang iginagalang nila ang kanilang priesthood at ginagamit ito para pagpalain ang iba. Higit sa lahat, nagpapasalamat ako na pinagkalooban tayo ng Ama sa Langit ng Kanyang kapangyarihan sa mundo, isang kapangyarihan na nagpapala sa lahat ng Kanyang anak. ■

Virginia Gillis, Massachusetts, USA

# ITAY, KAILANGAN KITA

Inaalis ko ang mga sprinkler pipe sa isang bahagi ng aming bukirin sa hilagang California, USA. Maganda ang araw na ito dahil naroon si Itay para tulungan ako. Nang matapos na kami, sumakay na kami sa aming all-terrain vehicles (ATVs) at pauwi na para maghapunan. Si Itay ang nanguna sa daan.

Ang aming bukirin ay nahahangganan ng Pit River sa isang dako. Dumaan kami sa bandang gilid ng bukirin para hindi masagasaan ang alfalfa ng malalaking gulong ng aming ATVs. Ang bukirin ay nasa aming kanan, at ang ilog, sa ibaba ng matarik na pilapil, ay nasa aming kaliwa. Halos wala na kaming makita dahil madilim na.

Katamtaman ang tulin ng sasakyan nang mapalihis ako sa daan at tumama sa mga palumpong ang kanang gulong sa likuran. Dahil dito napilitan akong ipihit nang todo pakaliwa ang ATV papunta sa ilog at pababa sa pilapil. Sinikap kong huminto, ngunit napakatarik ng pampang at napakabilis ng takbo ng sasakyan pababa. Naisip kong tiyak na ilog ang bagsak ko. Mabuti na lang, may isang puno sa pampang sa daraanan ko. Kasunod niyon namalayan ko na lang na nakatingin ako sa ATV—mula sa puno! Takut na takot ako.

Dama kong muntik na akong mamatay, ngunit maliban sa ilang mga galos at pasa, hindi ako nasaktan. Pagkatapos kong kumalma at huminga nang malalim, natanto ko na walang paraan para maibalik kong mag-isa sa pampang ang ATV. Patuloy akong umasa na makikita kong lilinga-linga si Itay sa hangganan ng pilapil sa paghahanap sa akin, ngunit wala siya. Lalo akong natakot.


Nangunyapit ako paakyat sa pampang, ngunit hindi ko nakita si Itay. Taimtim akong nanalangin sa aking Ama sa Langit, hinihiling sa Kanya na pabalikin si Itay para tulungan ako. At nagsimula na akong maglakad.

Samantala, halos nakarating na si Itay sa bahay nang tila marinig niya na tinatawag ko siya. Lumingon siya sa kauna-unahang pagkakataon mula nang lisanin namin ang bukirin. Doon lamang niya napansin na hindi ako nakasunod sa kanya. Alam niya na may masamang nangyari at bumalik siya at hinanap ako hanggang sa makita niya ako.

Kalaunan sinabi sa akin ni Itay na narinig niyang sinabi ko, "Itay, kailangan kita!" Sa sandaling iyon, ang layo niya ay mahigit dalawang milya (3 km). Alam ko sa sandaling iyon na narinig ng mapagmahal na Ama sa langit ang aking panalangin at ipinaalam kay Itay na kailangan ko ang tulong niya.

Nagpapasalamat ako sa Espiritu Santo at sa mga bulong ng katotohanan at patnubay na natatanggap natin mula sa Kanya. Nagpapasalamat din ako sa mapagmahal na ama na namuhay sa paraang makapagsasalita sa kanya ang Espiritu Santo at maririnig ito. ■

Michael K. Hewett, Utah, USA



***Taimtim akong nanalangin sa aking Ama sa Langit, hinihiling sa Kanya na pabalikin si Itay para tulungan ako.***



*Umungol ang sugatang binata at nanghihinang itinuro ang kanyang bulsa. Kinapa ng estud-yanteng katabi niya ang bulsa ng lalaki at kinuha ang maliit na bote ng inilaang langis.*

# GUSTO MO BA NG BASBAS?

Isang umaga naglalakad ako paakyat sa matarik na burol sa katimugang bahagi ng Brigham Young University campus nang marinig kong may lumagapak sa likuran ko. Lumingon ako at nakita ko ang isang lalaking nakadapa sa kalsada, wasak ang kanyang bisikleta na ilang yarda ang layo sa kanya. Natulala ako hanggang sa nanghihinang sini-kap niyang iangat ang kanyang ulo. Nagmadali akong lumapit sa kanya, kasama ang apat pang iba na paak-yat din ng burol.

Ang estudyanteng unang naka-rating sa lalaking nakabisikleta ay maingat itong itinihaya, na nag-lantad sa malalalim na sugat nito sa mga labi, ilong, baba at kilay. Tumawag ng tulong ang isa pang estudyante gamit ang kanyang cell phone. Isang bata pang inang ka-tabi ko ang nagbigay ng kapirasong tela, at itinapal ito ng unang estud-yante sa nagdurugong labi ng lalaki. Nag-aalalang inabangan namin ng isa pang babae ang pagdating ng paramedics.

Pakurap-kurap na nagmulat ng mga mata ang sugatang lalaki, at litong tiningnan ang mga nakapaligid sa kanya.

“Nasaan ako?” sabi niya. “Ano’ng nangyari?”

Sumagot ang estudyanteng nag-tapal ng tela sa labi ng lalaki, “Nasa bandang timog ka ng kampus. Nai-bangga mo ang bisikleta mo.”

Umungol ang lalaki. “Ang sakit,” sabi niya. “Tulungan ninyo ako.”

Sinabi ng estudyante na parating na ang tulong at itinanong ang pa-ngalan ng lalaki.

“David,” sabi nito, habang mahi-nang humihikbi. “Nasaan ako?” ta-nong niyang muli.

Isang may edad nang lalaki na naka-amerikana—malamang ay isang propesor—ang lumapit at tinanong si David kung gusto niyang mag-pabasbas. Nagpapasalamat siyang tumango.

Natigilan sandali ang propesor. “Kaya lang wala akong langis,” sabi nito, habang palingon-lingon sa pali-gid. Napailing ang mga taong naroon. Umungol ang sugatang binata at nang-hihinang itinuro ang kanyang bulsa. Ki-napa ng estudyanteng katabi niya ang bulsa ng lalaki at dinukot ang isang malaking key ring na may nakakabit na maliit na bote ng inilaang langis.

“May langis siya!” bulalas ng estudyante.

Napanatag ang lalaki nang ipa-tong ng propesor at ng mga lalaking estudyante ang kanilang mga kamay sa kanyang ulo at binasbasan siya. Napanatag din ako nang ipangako ng propesor sa binata na gagaling ito, mapapanatag, at mas mapapala-pit sa Tagapagligtas dahil sa karana-sang ito.

Hindi nagtagal dumating na ang paramedics at dinala ang lalaki. Habang naglalakad ako papunta sa klase, napag-isip ko na nagdala siya ng inilaang langis upang magamit niya ang priesthood para basbasan ang sinumang nangangailangan. Ga-yunman, sa araw na ito, siya mismo ang binasbasan. Umalis ako na may matinding pagmamahal sa matata-pat na kalalakihang namumuhay na handang basbasan ang iba at para sa Panginoon, na nagbabasbas din sa kanila. ■

Lia McClanahan, Utah, USA

ANG KAPANGYARIHAN NG
# Edukasyon

**Ni Suzy Taggy Coelho Caldas Nelsen**

Lumaki si Inay na ang tanging alam ay iniwan siya, nagutom, at naghirap. Hindi siya gaanong nakapag-aral, ngunit alam niya ang kahalagahan ng edukasyon at ang kapangyarihan nitong baguhin ang buhay. Sa pagtatahi ng pinagsama-samang lumang mga papel para gawan ako ng kuwaderno, nilinaw ni Inay ang isang bagay: edukasyon ang makatutulong sa akin upang matakasan ang kahirapan.

*Sinabi sa akin ni Inay na mag-aral na mabuti dahil ito lamang ang makadaraig sa kahirapan.*

## Mga Abang Simulain

Isinilang ako sa hilagang Brazil at napaaga nang mahigit tatlong buwan ang pagluluwal sa akin. Tatlumpung taon na ang nakararaan, halos walang pag-asang mabuhay ang isang premature na sanggol sa maipis na pampublikong hospital. Sinabi ng mga doktor kay Inay na mamamatay ako sa loob ng ilang oras. Hindi ako namatay. Tinulungan ako ng Panginoon na mabuhay.

Noong ako ay mga limang taong gulang na, iniwan ni Itay si Inay at kaming limang magkakapatid. Si Inay ay iniwan din ng kanyang mga magulang noong maliit pa siya, kaya wala siyang kapamilyang mahihingan ng tulong. Wala kaming sapat na perang pang-upa ng bahay, kaya sa halip umupa kami ng kapirasong lupa. Itinayo namin ang aming bahay na yari sa lumang kahoy, papel, at plastik at ang bubong ay yari sa mga tuyong dahon. Wala kaming ibang kasangkapan kundi isang duyan, na madalas sabay na gamitin ng dalawa o tatlong katao, at ang aming higaan ay mga karton. Wala kaming tubig, ni ilaw. Walang-wala kami.

Nagtrabaho si Inay bilang katulong at naglabada. Sumasama ako sa kanya sa ilog at tumutulong sa abot ng aking makakaya; pagkatapos maraming oras kaming maglalakad para ihatid ang mga damit na nalabhan. Sa panahong ito mahalaga sa akin na magkasama kaming magtrabaho. Dito tumibay ang ugnayan namin ni Inay.

Bagamat nagsipag kami, hindi kailanman sumapat ang pera namin. Kung minsan wala kaming anumang makain. Ibinibigay ni Inay ang kanyang pagkain sa amin at kung minsan ilang araw siyang hindi kumakain. Iinom na lang kami ng tubig at mahihiga dahil ito lang ang magagawa namin para maiwasan pang maramdaman ang gutom.

Alam ba ninyo kung paano hatiin ang isang itlog sa anim na katao? Alam ko.

May maliit akong grupo ng mga kaibigan noong bata pa ako, ngunit sa paglaki namin, magkakaiba ang landas na tinahak namin. Ang mga babae ay nagbenta ng kanilang mga katawan para magkapera, at ang mga lalaki ay nangagnanakaw. Nang yayain nila akong sumama sa kanila, tila sinasabi ng kalooban ko na hindi ito tama. Alam ko na pinangangalagaan ako ng Panginoon noon pa man, bago ako maging miyembro ng Simbahan, at patuloy kong nakita ang katibayan ng Kanyang pagkalinga sa aking buhay.

## Tumangging Tumigil sa Pag-aaral

Kaming magkakapatid ay matagal nang nasa waiting list ng pampublikong paaralan. Nang dumating sa wakas ang aming pagkakataong mag-enrol, nagkuwento si Inay ng mabubuting bagay tungkol sa paaralan. Sinabi niya na kung pagbubutihin ko ang



PAGLALARAWAN NI DAN BURR



pag-aaral, may mararating ako balang-araw. Hinding-hindi ko malilimutan ang kanyang mga salita: “Pasensya na at hindi ko kayo nabigyan ng magandang buhay. Nalulungkot ako na kailangan ninyong matutuhan sa mahirap na paraan ang kahalagahan ng trabaho sa inyong murang edad, pero ngayon may pagkakataon na kayong makapag-aral. Anuman ang mangyari, huwag kayong tumigil sa pag-aaral dahil ito lamang ang bagay na magaahon sa inyo sa buhay na ito.”

Nang mag-aral na ako, kailangang makaisip kami ng paraan para magkaroon ng mga gamit sa pag-aaral. Naghahanap ako ng mga blankong papel sa mga basurahan at iniuuwi ang mga ito. Sama-sama itong tinahi ni Inay para gawing kuwaderno. Bumili siya ng isang lapis at hinati sa tatlo para kami ng dalawa ko pang kapatid na babae ay may magamit sa paaralan. Ang dalawa pa naming kapatid ay wala pa sa edad para magaral na kasama namin.

**Isang Bagong Pananampalataya**

Dahil naghirap nang husto si Inay sa buong buhay niya, hindi siya naniniwala na mayroong Diyos. Noong bata pa ako, hindi rin ako naniniwala.

*Pinag-aral ako ni Inay na ang gamit ay isang kuwadernong tinahi ng kamay at isang katlo ng putol ng lapis.*

Ngunit habang ako ay lumalaki, nagsimula akong magtanong tungkol sa Diyos. Itinanong ko sa aking sarili kung bakit hindi nagkaroon ng pagkakataon ang aking pamilya na magkaroon ng magandang buhay at bakit wala akong mga laruan, sapat na pagkain, o bagong damit. Sa tuwing itatanong ko ang mga ito, nadarama ko kahit paano sa aking puso na hindi ako nag-iisa. Napanatag ako ng ganitong damdamin sa loob ng maraming taon.

Noong mga 13 taong gulang ako, dumating ang mga misyonerong Banal sa mga Huling Araw sa aming tahanan. Sinagot nila ang lahat ng aking tanong at tinuruan ako ng tungkol kay Jesucristo. Sinabi nila sa akin na may simbahan kung saan ko matututuhan ang marami pa tungkol sa ebanghelyo sa espesyal na mga klase para sa mga kaedad ko. Tinuruan nila akong magdasal. Itinuro nila sa akin ang tungkol sa Aklat ni Mormon. Noong binyagan ako, wala ni isa sa kapamilya ko ang pumunta.

Nalungkot ako, ngunit alam ko na tama ang ginawa ko. Ipinaalam sa akin ang isang panibagong buhay—isang buhay na puno ng pag-asa, kaligayahan, pananampalataya, at pagmamahal. Alam kong ang mga kaibigan ko ay naghahanap ng kaaliwan sa droga at imoralidad. Natagpuan ko ang sa akin sa mapagmahal na Ama sa Langit at sa ebanghelyo ng Kanyang Anak. Matapos akong binyagan nalaman ko na alam ng Panginoon ang buong buhay ko.

Marami akong natutuhan tungkol sa ebanghelyo. Nakilala ko ang mga tao na katulad ko ang pinaniniwalaan. Nalaman ng ilan sa mga miyembro ang tungkol sa buhay ko nang dalawin nila ako sa bahay. Bukas-palad nila akong tinulungan na makabili ng mga damit at sapatos na pangsimba at mga kuwaderno para sa pag-aaral.



**DUMALO SA TRAINING**

"Nais ng Panginoon na magkaroon ng kasanayan ang inyong mga isipan at kamay, anuman ang propesyong piliin ninyo. Maging ito'y pagkukumpuni ng mga refrigerator, o ang gawain ng bihasang siruhano, kailangan ninyong turuan ang inyong sarili. . . . Magdadala kayo ng karangalan sa Simbahan at lubos kayong pagpapalain dahil sa kasanayang iyan."

**Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "Payo at Panalangin ng Isang Propeta sa mga Kabataan,"** ***Liahona*****, Abr. 2001, 34.**

Regular akong nag-alaga ng mga sanggol ng mga miyembro ng Simbahan at kumita ng mas maraming pera kaysa noon. Dahil napakabata ko pa noon, maaaring madali para sa akin na mapalayo sa ebanghelyo. Ngunit dahil sa suporta ng mga miyembro ng Simbahan, nanatili akong matatag sa aking bagong relihiyon.

Tunay na binago ng ebanghelyo ang aking buhay. Matapos akong binyagan, dama kong mas masigasig akong mag-aral sa paaralan. Marami akong natutuhan at naging tutor ako. Kung hindi ko alam ang isang paksa, pag-aaralan ko ito hanggang sa matutuhan ko itong mabuti at *maaari* ko nang maituro. Ginamit ko ang pera sa pagtulong sa aking pamilya.



***Nang matanggap ako sa nursing program, alam kong mahirap, ngunit alam ko rin na tutulungan ako ng Panginoon.***

Natanggap ko ang aking patriarchal blessing at pinayuhang magmisyon dahil may inilaang espesyal na pagpapala ang Panginoon sa aking misyon na magpapabago sa aking buhay magpakailanman. Hindi ko alam ang ibig sabihin niyon, ngunit alam ko na mauunawaan ko ito balang-araw kung masunurin ako.

## Mga Bagong Oportunidad

Naglingkod ako sa Brazil Curitiba Mission mula 2000 hanggang 2002. Dahil sa samahan namin ng isa kong kompanyon, nakapunta ako sa Estados Unidos para mag-aral. Alam ko na ito talaga ang magpapabago sa aking buhay magpakailanman. Alam ko na pinangangalagaan ako ng Ama sa Langit at may partikular na plano para sa akin. Ang oportunidad na ito na makapag-aral pa ay sagot sa aking mga dasal.

Alam kong mahirap ang mag-aral ng pangalawang wika, ngunit alam ko ring makakaya ko ito kung magsisikap akong mabuti. Nag-aral ako sa Brigham Young University English Language Center at gumugol ng hanggang 10 oras kada araw sa silid-aklatan. Isa sa aming mga guro ang nagmungkahi na manalangin kami para sa kaloob na mga wika, kaya gabi-gabi nagdasal ako at hiniling ang kaloob na ito sa Ama sa Langit. Talagang tinulungan Niya ako.

Matapos kong makumpleto ang aking pag-aaral sa English Language Center, natanggap ako sa ilang unibersidad. Nagpasiya akong mag-aral sa Brigham Young University–Idaho at mag-aplay sa nursing program. Nabalitaan ko na napakahirap makapasok sa nursing program, lalo na sa mga dayuhang estudyante. Kaya lalo kong pinagbuti ang pag-aaral ko. Biniro ako ng mga kaibigan ko, sinasabing dapat na akong lumipat sa silid-aklatan dahil halos doon na ako nakatira. Kahit sarado ito, itinutuloy ko pa rin ang pag-aaral pag-uwi ko.

Kapag nahihirapan ako, inaalala ko ang mga salita ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): "Kailangan ninyong kamtin ang lahat ng edukasyong dapat ninyong matamo. Isakripisyo ang sasakyan; isakripisyo ang anumang bagay na kailangang isakripisyo upang maging marapat ang inyong sarili sa gawain sa mundo."[1] Alam ko na iyon ay mga salita ng isang propeta ng Diyos, at talagang sinunod ko ang mga ito.

Nang matanggap ako sa nursing program, punung-puno ng

**INSTITUTE**

Saan man kayo mag-aral, maaari ninyong makasama ang iba pang mga young adult sa isa sa mahigit 500 institute of religion sa iba't ibang panig ng mundo. Upang mahanap ang institute na malapit sa inyo, makipag-ugnayan sa mga lider ng priesthood sa inyong lugar o tingnan sa www.lds.org/institutes.

LARAWAN NI PANGULONG HINCKLEY NA KUHA NI DRAKE BUSATH

*"Isakripisyo ang anumang bagay na kailangang isakripisyo upang maging marapat ang inyong sarili sa gawain sa mundo." Alam ko na iyon ay mga salita ng isang propeta ng Diyos, at talagang sinunod ko ang mga ito.*

pasasalamat at kaligayahan ang puso ko. Alam ko na mahirap ito at patuloy akong magsasakripisyo, ngunit alam ko na papatnubayan ako ng Panginoon.

Habang nag-aaral, nakilala ko ang aking mapapangasawa, at ikinasal kami noong 2007. Ang aking ina ay sumapi rin sa Simbahan sa taong iyon. Sinabi niya sa akin na hindi niya nalaman noon kung bakit napakasaya ko, sa kabila ng maraming malulungkot na bagay na nangyari sa amin. Ngunit nang sumapi siya sa Simbahan, naunawaan na niya. Pinagpala ng ebanghelyo ni Jesucristo ang aking pamilya, at masaya akong makita na nabiyayaan ang aking ina matapos ang lahat ng kanyang pagsasakripisyo. Palagi akong magpapasalamat sa kanya.

Sa simula ng 2010, naghahanda na ako sa aking graduation—at ipinagbubuntis ko ang aming panganay na anak. Dalawang buwan bago ang graduation ko sa nursing program, nagkaroon ng kumplikasyon ang aking pagbubuntis at isinilang ang aming anak sa pamamagitan ng cesarean section. Sinabi sa akin ng mga guro ko na huwag muna akong pumasok sa paaralan at ipagpaliban ang graduation ko. Ngunit matatapos na ako—dalawang buwan na lang!

Kaya maingat naming ipinlano ng aking asawa ang aming oras upang mabalanse ang aming mga prayoridad at matapos ko ang aking pag-aaral. Iniskedyul ko ang aking pag-aaral upang mabigyan ko ng oras ang aking asawa at anak. Kung minsan binabantayan ng mga biyenan ko ang aming anak habang nasa klase ako. Dalawang mabait na kaibigan ang tumulong sa akin sa pagrebyu ng mga materyal sa klase. Dama ko na ipinadala ng Panginoon ang lahat ng mga taong ito upang suportahan ako sa mahirap na panahong ito.

## Isang Mas Magandang Buhay

Matapos ang graduation naipasa ko ang pagsusulit para magkaroon ng sertipiko at nagsimulang magtrabaho bilang nars upang makatulong sa pagsuporta sa aming pamilya habang tinatapos ng aking asawa ang kanyang pag-aaral. Bagama't hindi ko planong patuloy na magtrabaho kapag nakapagtrabaho na ang aking asawa, kung may mangyaring trahedya o kagipitan at kakailanganin kong magtrabaho sa hinaharap, makatutulong sa akin ang natapos ko upang mapaghandaan ito.

Tama si Inay: ang edukasyon *ay* may kakayahang baguhin ang buhay. Binago nito ang buhay ko, at babaguhin nito ang buhay ng aking mga anak. Umaasa ako na mauunawaan nila na nagtagumpay ako dahil sa sinunod ko ang plano ng Panginoon para sa akin. Gusto Niyang makapag-aral ako, at sa bawat hakbang ay tinulungan Niya ako. Umaasa ako na matututuhan ng aking mga anak na gawin ang ginawa ko at mapahalagahan nila ang edukasyon tulad ng pagpapahalaga ko rito. ■

**TALA**

1. Gordon B. Hinckley, "A Prophet's Counsel and Prayer for Youth," *Liahona,* Abr. 2001, 34.

### PATULOY NA PAG-AARAL

Ang Perpetual Education Fund (PEF) ay itinatag noong 2001 upang tulungan ang mga miyembro ng Simbahan na makapag-aral at magkaroon ng training na kailangan nila upang maitaguyod ang sarili. Ang mga miyembro ng Simbahan na karapat-dapat sa programa ay pinauutang upang matustusan ang kanilang pag-aaral. Binabayaran nila ang inutang kapag nakapagtrabaho na sila. Upang maging karapat-dapat sa pautang ng PEF, kailangang gawin ng aplikante ang ilang bagay, kabilang ang sumusunod:

- Maging karapat-dapat at aktibong miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang mga binatang aplikante sa pagitan ng edad 19 at 26 ay dapat nakapagmisyon na o naaprubahan ang eksepsyon.
- I-endorso ng mga lider ng priesthood.
- Naka-enrol sa institute of religion, maliban kung may asawa o mahigit na sa 30 anyos.
- Nakatira, nagtatrabaho, at nag-aaral sa isang bansang aprubado ang PEF. Ang mga pautang ng PEF ay maaaring makuha ng mga miyembro sa mahigit 40 bansa.
- Mangakong bayaran ng sariling pera sa abot ng makakaya ang mga bayarin sa paaralan, magtapos at magkaroon ng mas magandang trabaho, at bayaran nang buo ang inutang.

Kung interesado kayong mag-aplay para makautang sa PEF, makipag-ugnayan sa lider ng priesthood sa inyong lugar. Alamin pa ang tungkol sa programa sa pamamagitan ng pagbisita sa pef.lds.org.

# Mga Tanong at mga Sagot

## "Paano ko masasabi kung ang mga pagsubok sa akin ay para tulungan akong maging mas mabuti o kung paraan ito ng pagbibigay-babala ng Ama sa Langit na naliligaw ako ng landas?"

Ang mga pagsubok ay makatutulong sa iyo na maging mas mabuti—anuman ang layunin ng mga ito—kung gagamitin mo ang mga ito upang umunlad sa espirituwal.

Ipaaalam ng iyong konsiyensya kung mali ang tinatahak mong landas. Kung hindi maganda ang pakiramdam mo sa isang bagay na iyong nagawa, manalangin sa Ama sa Langit at humingi ng tawad sa Kanya. Sikaping maayos ang mga problemang idinulot mo. Maaari ka ring humingi ng payo sa iyong mga magulang at lider sa priesthood. Ang mga hakbang na ito ay tutulong sa iyo na mas gumanda ang iyong nadarama at magpatuloy sa tamang direksyon.

Ang mga pagsubok na hindi bunga ng kasalanan ay makatutulong din sa iyo na maging mas mabuti. Ang ganitong mga uri ng pagsubok ay susubok sa iyong pananampalataya o pagtitiis o magtuturo sa iyo tungkol sa iyong sarili. Upang magamit ang mga pagsubok na ito sa iyong pag-unlad, tanungin ang iyong sarili kung ano ang matututuhan mo sa mga ito at ano ang mas maganda mo pang magagawa.

Ang iyong pananampalataya ay mapalalakas sa mga pagsubok kung hihingin mo ang tulong ng Ama sa Langit. Tulad ng ginawa ng Tagapagligtas noong Siya ay nagdurusa, makapagdarasal ka "ng lalong maningas" (tingnan sa Lucas 22:44). Maaaring alisin ng Ama sa Langit ang pagsubok, o palakasin ka Niya upang makayanan itong mabuti (tingnan sa Mosias 24:14–15).

### Makatutulong ang mga Kaibigan at Pamilya



Isa sa mga paraan na binabalaan ako ng Ama sa Langit kapag ako ay nalilihis ng landas ay ang Kanyang pagbibigay-inspirasyon sa mga kaibigan o kapamilya na ibahagi ang kanilang patotoo o personal na karanasan sa akin. Kung nakonsiyensya ako o hangad kong magbago habang ibinabahagi nila ang kanilang mga nadarama, alam ko na kailangan kong magsisi at baguhin ang ilang bagay sa buhay ko.

*Luis S., edad 17, Florida, USA*

### Alamin sa Puso Mo

Alamin sa puso mo kung ang ginagawa mo ba ay talagang yaong ipinagagawa sa iyo ng ating Ama sa Langit. Nasa ating buhay ang Espiritu Santo na magtuturo sa ating gawin ang mabuti sa halip na masama. Kung hahanapin mo ang Diyos at magtatanong, ipakikita sa iyo ng Espiritu Santo ang dapat mong gawin. Magturo man o magbabala ang pagsubok, pareho pa rin ang layunin nito: ang tulungan kang umunlad at maging ganap kay Cristo kung kikilos ka nang may pananampalataya at pag-asa sa Panginoon.

*Emily B., edad 18, California, USA*

### Aaliwin Ka ng Panginoon



Nilayon ng Ama sa Langit na lahat ng pagsubok ay maging mga karanasang magpapalakas at huhubog sa iyo na maging mas mabuting tao. Ito ay depende na sa iyo. Alam ko na may ilang mahihirap na pagsubok na parang hindi natin makakayanan, ngunit tutulungan tayo ng mga ito sa tamang panahon kung may pananampalataya tayo. Sinisikap kong maalala sa tuwina ang sinabi sa atin ng Panginoon: "Hindi ko kayo iiwang magisa: ako'y paparito sa inyo" (Juan 14:18). Sa kaalamang ito madadaig mo ang anumang pagsubok na nararanasan mo, at lalakas ka. Kung dama mo na tila binabalaan ka ng Ama sa Langit na mali ang tinatahak mong landas, manampalataya at makinig sa mga pahiwatig ng Espiritu upang makahawak ka sa gabay na bakal. Mahal ka Niya at hangad Niya palagi na maging pinakamabuti ka sa abot na iyong makakaya habang tinutulungan ka Niya sa pagtahak sa buhay.

*Olivia B., edad 18, Minnesota, USA*

### Pag-isipan Ito

Dama ko na ang pinakamainam na paraan upang malaman ang layunin ng pagsubok



*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

ay ang ipag-ayuno at ipagdasal ito nang taimtim. Sikapin ding pag-isipan ito. Kung nadaig mo ang pagsubok, magiging mas mabuti ka bang tao o ganoon ka pa rin? Kung sa palagay mo ay mas magiging mabuti ka at mas magiging maligaya ka kapag nalampasan mo ang pagsubok, ibig sabihin nasa tamang landas ka.
*Ammon K., edad 16, Utah, USA*

### Manatili sa Tamang Landas



Dapat nating basahin ang ating mga banal na kasulatan at manalangin sa araw-araw, at kung ginagawa natin ang mga bagay na ito at nakaayon sa Espiritu Santo, ipaaalam sa atin ng Diyos ang dapat nating piliin at hindi dapat piliin. Kung sa palagay mo ang tinatahak mong landas ay hindi ang pinili ng Ama sa Langit para sa iyo, lisanin mo ito. Laging manatili sa makipot at makitid na landas.
*Elizabeth P., edad 15, Pennsylvania, USA*

### Ipanalangin na Matuto sa mga Pagsubok




Palagi tayong binibigyan ng ating Ama sa Langit ng mga pagsubok habang tayo ay nabubuhay, at ang mga ito ay nagpapalakas sa atin sa Kanyang ebanghelyo at sa ating pananampalataya. Kung tayo ay nasa masamang landas, iyan ang ibinunga ng maling pagpili natin. Palaging manalangin upang mapalakas ka at matulungan ng Diyos na mahiwatigan ang mabuti sa pagsubok na iyan. Matibay ang patotoo ko na ang mga pagsubok na inilalagay ng Ama sa Langit sa ating daraanan ay nagpapalakas sa atin, nagdaragdag sa ating patotoo, tumutulong sa atin na huwag muling madapa at tulungan ang iba sa pamamagitan ng ating karanasan.
*Ruddy R., edad 17, Guayas, Ecuador*

### Ang mga Pagsubok ay Maaaring Magbabala

Sa palagay ko ang lahat ng pagsubok ay nilayon na magpalakas sa atin, kahit na kung minsan tila hindi ito ganito. Noong ako ay 14 na taong gulang, nagkasakit ako at walong buwang hindi nakapasok sa paaralan at nanatili sa bahay. Ang pagsubok na ito ay mas nagpabuti at nagpalakas sa akin. Nakatulong iyon para pahalagahan ko kung ano ang mayroon ako. Kung minsan ang mga pagsubok ay dahilan upang suriin nating muli ang tinatahak ng ating buhay, kaya ang mga ito ay magandang babala sa atin.
*Jennifer P., edad 17, North Island, New Zealand*

### Magtiis

Kung ang paghihirap ay dulot ng paglabag sa utos, ibig sabihin malamang na isang babala ito. Ngunit kung ito ay hindi mo kagagawan, marahil narito ito para tulungan kang umunlad. Manalangin at magtanong sa Ama sa Langit kung may bagay na kailangang baguhin o matutuhan sa karanasang ito, at kung mayroon, hilingin sa Kanya na ipaalam ito sa iyo. Ipanalangin na bigyan ka ng lakas at kapanatagan. At magtiis; baka malapit nang dumating ang sagot.
*Michaela P., edad 17, Idaho, USA*



**UPANG MAGING LALONG KATULAD NG TAGAPAGLIGTAS**

"Ang ating Ama sa Langit, na lubos at ganap na nagmamahal sa atin, ay hinahayaang magkaroon tayo ng mga karanasang huhubog sa mga pag-uugali at katangiang kailangan natin para mas lalo tayong maging katulad ni Cristo. Maraming anyo ang mga pagsubok sa atin, ngunit bawat isa ay nagtutulot na maging higit na katulad tayo ng Tagapagligtas habang natututuhan nating kilalanin ang kabutihang nagmumula sa bawat karanasan. Kapag naunawaan natin ang doktrinang ito, lalo nating matitiyak ang pagmamahal ng ating Ama. Maaaring hindi natin malaman sa buhay na ito kung bakit natin dinaranas ito, ngunit maaari tayong magtiwala na maaaring umunlad ang ating pagkatao mula sa karanasang ito."

**Elder James B. Martino of the Seventy, "Lahat ng mga Bagay ay Nagkakalakip na Gumagawa sa Ikabubuti," *Liahona,* Mayo 2010, 101.**

## SUSUNOD NA TANONG

"Natitigilan ako kapag pinag-iisipan ko ang lahat ng kailangan kong gawin upang ipamuhay ang ebanghelyo. Saan ako magsisimula?"

Ipadala ang inyong sagot bago sumapit ang Hulyo 15, 2011, sa:

*Liahona,* Questions & Answers 7/11
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA
O mag-e-mail sa: **liahona@ldschurch.org**

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para iakma ang haba o palinawin pa.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

# Ang Inyong Halimbawa ay

*Ang pamumuhay sa ebanghelyo ay nagpapalakas hindi lamang sa iyo kundi maging sa iba.*

Malaki ang paghanga at paggalang ko sa mga kabataang lalaking iginagalang ang Aaronic Priesthood. Magkukuwento ako sa inyo tungkol sa tatlo sa kanila na nagmula sa Nairobi Kenya Stake sa Africa.

**Lumakas si Martin**

Sa edad na 14, nalayo si Martin ng Westlands Branch sa kanyang tahanan sa Nairobi, at dumalo sa boarding school kung saan siya lang ang miyembro ng Simbahan. Sa paaralan ni Martin, may mga araw ng linggo na tsaa at tinapay lang ang inihahandang almusal. Sa 700 estudyante, walang pondo ang mga namamahala sa paaralan para magbigay ng espesyal na pagkain para sa isang tao, kaya ipinasiya ni Martin na sabayan na lang ng pag-inom ng tubig ang tinapay.

Tuwing Linggo obligado siyang magsimba kasama ng iba niyang mga

***Martin***





# MAHALAGA



**Ni Elder Joseph W. Sitati**
Ng Pitumpu

kaeskuwela. Doon ay kinailangan niyang makinig sa mga turo na alam niyang mali kung minsan. Maya't maya ay sinusulyapan siya ng kanyang mga kaeskuwela habang nagbubulungan tungkol sa kanyang "kakaibang" mga paniniwala. Paminsan-minsan, sinasabi pa ng ilan na sumasamba siya sa diyablo.

Nagpalakas kay Martin ang mga pagsubok na ito sa halip na magpahina sa kanya. Lalong lumakas ang loob niya sa pagbisita buwan-buwan ng kanyang mga magulang at madalas na pagpapadala ng mga mensahe ng kanyang branch president, na laging nagpapadala ng pinakahuling isyu ng *New Era*. Ang pagbabasa nito ay nagbigay sa kanya ng lakas ng loob na harapin ang mga pagsubok na ito.

### Hindi Lumiliban si Joseph

Si Joseph ng Riruta Ward ay isang teacher sa Aaronic Priesthood. Nananatili siyang tapat sa ebanghelyo kahit siya lang ang miyembro ng Simbahan sa isang malaking paaralan kung saan marami sa mga kaedad niya ang gumagamit ng droga at gumagawa ng iba pang kasamaan. Hindi lumiban si Joseph sa simbahan kahit kailan. Lagi siyang maaga, at malinis ang suot at handang gawin ang tungkuling iniatas ng kanyang quorum president at bishop. Tumutulong siya sa paghahanda ng sakrament halos tuwing Linggo.

### Ipinadadala ni Humphrey sa Koreo ang Kanyang mga Asaynment

Si Humphrey ng Upper Hill Ward ay isa ring teacher. Dalawang taon pa lang mula nang mabinyagan siya sa Simbahan. Tulad ni Martin, nasa boarding school din ngayon si Humphrey. Kaya lumakas nang husto ang kanyang pananampalataya mula nang sumapi siya sa Simbahan at dahil tinatanggap niya ang lahat ng asaynment niya sa seminary sa pamamagitan ng koreo, sinasagutan ang mga ito, at agad itong ibinabalik sa kanyang seminary teacher.

Kapag nagsasara na ang klase, karaniwan ay lumalakad nang 45 minuto si Humphrey para makasakay papuntang simbahan. Gayunpaman, lagi siyang maaga sa simbahan at handang gampanan ang kanyang tungkulin.

Tuwing aatasang magbigay ng mensahe si Humphrey, masigasig siyang naghahanda. Malinaw sa lahat ng nakikinig na pinaghandaan niya nang husto ang kanyang mensahe.

### Pamumuhay ayon sa mga Pamantayan

Ngayon sa maraming panig ng mundo, patuloy na gumuguho ang mga pamantayan ng moralidad. Kadalasan hindi alam ng mga kabataang gustong makahanap ng mabuti at marangal na bagay kung saan ito hahanapin. Ang mga paaralan ay naniwala na sa maling ideya na ang mga pamantayang

***Joseph***



KALIWA: PAGLALARAWAN NI MATTHEW REIER; IBA PANG MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI ELDER SITATI



*Humphrey*

moral ay batay sa paniniwala ng tao at pabagu-bago.

Ngunit sa pamumuhay ayon sa mga pamantayan ng inyong pananampalataya, matutulungan ninyo ang mga kaedad ninyo na masaksihan ang katatagan, tiwala, kapanatagan, at galak na dulot ng ebanghelyo. Sa inyong halimbawa ay makapaghahanda ang iba na makinig sa mga turo ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Ang Tungkulin sa Diyos para sa mga kabataang lalaki at Pansariling Pag-unlad para sa mga kabataang babae ay makakatulong sa inyo na mas mapalapit sa Diyos at makuha ang tiwala ng matatanda at mga kaedad ninyo.

### Ang Pinakamagandang Halimbawa

Kayo man ay kabataang lalaki o babae, iginagalang ninyo ang priesthood kung namumuhay kayo sa paraang naipapakita ninyo sa inyong mga kaedad at sa iba sa paligid ninyo na totoong sinusunod ninyo ang Tagapagligtas. Ang buhay ng Tagapagligtas noong kabataan niya ay isang napakagandang halimbawa sa inyo. Noong Siya ay 12 taon, nakatuon Siya sa gawain ng Kanyang Ama sa Langit, kahit iginalang Niya ang Kanyang mga magulang sa lupa. Sabi sa mga banal na kasulatan tinuruan Niya ang mga tao sa templo. Namangha sa Kanya ang mas matatanda at mga dalubhasa sa Kanyang pag-unawa sa doktrina (tingnan sa Lucas 2:42–52). Ipinakita ng Tagapagligtas na hindi na bata ang edad na 12 para makaunawa ng malalalim na alituntunin ng ebanghelyo upang karapat-dapat na mapasaatin ang Espiritu.

Marami pang karagdagang huwaran sa mga banal na kasulatan ang mga kabataan na matatag ang pananampalataya: sina Jose, anak ni Jacob; Daniel; Nephi; at iba pa. Bukod pa riyan, makakaasa rin tayo sa ating panahon sa mga halimbawa ng mga propeta at apostol sa mga huling araw.

Ang panunumbalik ng Aaronic Priesthood ay katibayan na pinagkakatiwalaan ng Ama sa Langit ang mga kabataang lalaki at babae ng Simbahan. Inaasahan Niya na gagamitin ninyong mga kabataang lalaki ang priesthood upang basbasan ang Kanyang mga anak na bata at matanda. Ginagawa ninyo ito sa pagtuturo ng ebanghelyo, pagbibinyag, pangangasiwa sa sakrament, pagtulong sa mga maysakit at nagdurusa, pagbisita sa mga tahanan upang palakasin ang mga pamilya, at pagganap sa tungkuling iniatas ng inyong bishop o branch president. Sa paglilingkod ninyo sa Aaronic Priesthood, nadarama ng mga tao na mahal sila ng Ama sa Langit. Sa gayon ding paraan, masusunod ninyong mga kabataang babae ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pamumuhay nang marapat para makapasok sa templo, paglilingkod sa mga nasa paligid ninyo, pangangalaga sa mga nangangailangan, at pagpapaunlad ng inyong mga kakayahan at talento.

Sa maraming yunit ng Simbahan, nakakita na ako ng mga kabataang lalaki na gumaganap sa mga tungkulin nilang ito sa priesthood nang may pagpipitagan at dangal. Nakakita na rin ako ng mga kabataang babae na naglilingkod nang buong puso't kaluluwa. Ang gayong paglilingkod at ang paraan ng pagbibigay nito ang nagpapalakas sa inyong pananampalataya sa Diyos Ama at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. Mapapatatag din nito ang pananampalataya ng inyong mga pinaglilingkuran. ■

## PINAGKAKATIWALAAN SI JULIET

Mga kabataang babae, nagbibigay kayo ng halimbawa na tulad ng mga kabataang lalaki: sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa ebanghelyo. Sa paggawa ng inyong Pansariling Pag-unlad, matututo kayo ng mga alituntuning tutulong sa inyo na malaman kung sino kayo bilang mga anak ng Diyos at ang inaasahan sa inyo ng Ama sa Langit.




Isang halimbawa si Juliet. Miyembro ng Westlands Branch, si Juliet ay nabinyagan sa Simbahan pagsapit niya ng walong taong gulang. Sa kabila ng mahirap na sitwasyong ito, pati na ang pagpapalaki ng nag-iisang ina na walang permanenteng trabaho, mataas ang pamantayan ni Juliet na lubhang hinangaan ng mga namamahala sa paaralan kaya hinirang siyang lider sa paaralan. Siya talaga ang pinaka-mapagkakatiwalaan sa paaralan.

Nalaman ni Juliet na iginagalang niya ang priesthood sa pamumuhay niya ayon sa mga pamantayan ng ebanghelyo. Makikita sa kanyang halimbawa na ang mga kabataang lalaki at babae na gumagalang sa priesthood ay kalulugdan ng Diyos at ng mga tao.

# Doktrina at mga Tipan 121:41–43

*Itinuro ni Joseph Smith ang paraan ng Panginoon sa paggamit ng awtoridad ng priesthood.*



SI JOSEPH SMITH SA LIBERTY JAIL, NI GREG OLSEN

### Paghihikayat

*Paghihikayat*—paghimok sa iba na maniwala o gumawa ng isang bagay sa pamamagitan ng pagpapaliwanag o pakikiusap sa kanila.



### Mahabang Pagtitiis

*Mahabang Pagtitiis*—pagtitiyaga.

"Yamang matiyaga ang Panginoon sa atin, magtiyaga tayo sa ating pinaglilingkuran. Unawain na sila man, tulad natin, ay hindi perpekto. Sila, tulad natin, ay nagkakamali. Gusto nila, tulad natin, na maging maganda ang iniisip ng iba tungkol sa kanila.

"Huwag ninyong isusuko ang sinuman kailanman. At kasama riyan ang inyong sarili."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Patuloy na Magtiyaga," *Liahona,* Mayo 2010, 58.**

**41 Walang kapangyarihan o impluwensiya na maaari o nararapat na panatilihin sa pamamagitan ng kabanalan ng pagkasaserdote, tanging sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig;**

**42 Sa pamamagitan ng kabaitan, at dalisay na kaalaman, na siyang lubos na magpapalaki ng kaluluwa nang walang pagkukunwari, at walang pandaraya—**

**43 Pagsabihan sa tamang pagkakataon nang may kataliman, kapag pinakikilos ng Espiritu Santo; at pagkatapos ay magpakita ng ibayong pagmamahal sa kanya na iyong pinagsabihan, at baka ka niya ituring na kaaway.**

### Kahinahunan at Kaamuan

Narito ang ilang bagay na itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan tungkol sa kahinahunan at kaamuan:

- Ito ang mga bunga ng Espiritu (tingnan sa Mga Taga Galacia 5:22–23).
- Ang kaamuan ay katangian ng mga tagapaglingkod ng Panginoon (tingnan sa I Mga Taga Tesalonica 2:7; II Kay Timoteo 2:24).
- Ang maamo ay magmamana ng lupain (tingnan sa Mga Awit 37:11; Mateo 5:5).
- Ang kaamuan ay tanda ng panananampalataya kay Cristo (tingnan sa Moroni 7:39).
- Ang kaamuan ay naghihikayat ng pagdalaw ng Espiritu Santo (tingnan sa Moroni 8:26).

### Hindi Pakunwaring Pag-ibig

*Hindi Pakunwari*—tunay; hindi huwad o pagpapanggap.

May nagpakita na ba sa inyo ng tunay na pagmamahal kamakailan? Paano ninyo maipapakita ang ganyang uri ng pagmamahal sa iba? Isulat ito sa inyong journal.

### Walang Pagkukunwari at Walang Pandaraya

*Pagkukunwari*—pagpapanggap na ganito o ganoon kayo pero hindi naman.

*Pandaraya*—nanloloko; nanlilinlang.

### Pagsabihan sa Tamang Pagkakataon nang may Kataliman

*Pagsabihan*—pagalitan o iwasto nang mahinahon; ipakita ang pagtutol.

*Sa tamang pagkakataon*—kaagad; nang maaga; bago mahuli ang lahat.

*Kataliman*—malinaw.



### Kapag Pinakikilos ng Espiritu Santo

"Ang isang inspirado at mapagmahal na paggagalit ay maaaring maging paanyaya tungo sa pagkakaisa. Ang kabiguang ibigay ito kapag naudyukan ng Espiritu Santo ay hahantong sa alitan."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Maging Isa," *Liahona,* Set. 2008, 6.**

*Paunawa ng patnugot: Ang pahinang ito ay hindi nilayong magbigay ng ganap na paliwanag sa piniling talata, kundi bilang panimula lamang para sa sarili ninyong pag-aaral.*

# ANG SAGRADONG KAKAHUYAN



LARAWANG KUHA NI JOHN TELFORD

Ang nangyari dito ay nagpabago sa mundo. **Hayaan ninyong baguhin nito ang buhay ninyo.**

# MGA TANDA NG ESPIRITU

Ni Pedro Ovalles



Full-time missionary ako sa Dominican Republic, at kalilipat ko lang sa bagong area na kilala bilang lugar na mahirap makahanap ng mga taong tuturuan. Pagdating ko, iisa lang ang investigator namin. Ang pangalan niya ay Oriviades. Nakapagsimba na siya dati, pero dahil bingi siya at mga senyas lang ang ginagamit sa pakikipag-usap, hindi siya naturuan ng mga naunang misyonero.

Isang araw nagpasiya kami ng kompanyon ko na mag-ayuno at magdasal na magkaroon ng himala para maturuan namin si Oriviades. Nakipag-appointment kami para mabisita namin siya kapag may isa sa mga kapamilya niya roon na tutulong na magsalin para magkaintindihan kami, dahil pareho kami ng kompanyon ko na hindi marunong ng sign language.

Gayunman, pagdating namin sa bahay ni Oriviades, wala ni isang kapamilya niya roon. Nang umalis sandali si Oriviades para kumuha ng silya, sinamantala namin ng kompanyon ko na magdasal para gabayan kami ng Espiritu. Hindi pa kami natatapos magdasal, lubos ko nang nadama ang Espiritu.

Nagsimula nang sumenyas si Oriviades, pero hindi namin siya maintindihan. Ngumiti lang kami sa kanya at nagtinginan, pilit na iniisip kung ano ang dapat naming gawin. Nagpasiya kaming isulat ang oras ng susunod naming pagpunta, umaasa na sa susunod ay mayroon na kaming tagapagsalin. Pero kapwa namin biglang nadama na hindi kami dapat umalis at subukan naming turuan siya. "Subukan man lang natin—tutulungan tayo ng Espiritu," sabi ko sa kompanyon ko.

Sinubukan naming gumamit ng mga drowing at simpleng senyas sa pagtuturo ng aralin. Unti-unti naming naintindihan ang mga senyas ni Oriviades at nasagot namin siya ng mga senyas. Parang naintindihan niya kaming mabuti.

Nahikayat kaming ibahagi sa kanya ang aming patotoo. Ipinakita namin sa kanya ang larawan ng Unang Pangitain, at isinulat ko sa papel ang, "Alam kong ito ay totoo."

Pagkatapos, pasenyas na sumagot si Oriviades, "Alam ko na iyan ay totoo—sinabi sa akin ng Diyos. Nagdasal ako at alam ko na iyan ay totoo."

Umalis kami ng kompanyon ko na parehong lumuluha. Alam ko na itinulot ng Diyos na patotohanan namin ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa investigator na ito at ipinadama sa kanya ng Espiritu Santo ang aming mensahe (tingnan sa 2 Nephi 33:1). Natutuhan ko na hindi natin kailangang magsalita nang perpekto o mahusay kapag nagbahagi tayo ng ebanghelyo—kung minsan, hindi na natin kailangan pang magsalita.

Kamangha-mangha kung paano nagdudulot ng malalaking himala sa buhay natin at ng ating pinaglilingkuran ang mga simpleng bagay na tulad ng pag-aayuno, panalangin, at pananampalataya. ■

PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH

# Turuan ang **Tao** na Mangisda

**Ni Adam C. Olson**
Mga Magasin ng Simbahan

Huminto si Ezra sa pagsagwan sa kanyang maliit na bangka at pinanood ang paglubog ng araw sa Pacific sa kabilang panig ng dagat. Maraming taon na siyang nangingisda sa dagat na ito kasama ang kanyang ama, ngunit ngayon hindi niya gaanong mamasdan ang pamilyar na tanawin dahil sa kanyang pagluha.

Nag-iisa siya ngayon.

Habang marahang iniuugoy ang bangka sa tubig, naririnig niya ang mga salitang madalas sabihin ng kanyang ama: "Mag-ingat ka, Ezra. Balang-araw kapag wala na ako kailangang malaman mo kung paano itaguyod ang pamilya."

Ngayon ang araw na iyon na sinabi ng kanyang ama at sinikap niyang makapaghanda para dito. Ngunit kaagad itong dumating. Siya ay 16 anyos lamang. Hindi pa siya handa.

## Ang Responsibilidad

Hinahangaan ni Ezra ang kanyang ama. Nainip siya sa paghihintay sa loob ng ilang taon hanggang sabihin ng kanyang ama na sa edad na pito, malaki na si Ezra para tulungan siyang ihanda at tingnan kung maayos ang mga lambat.

Hindi gaanong malaki ang kita sa pangingisda, ngunit sapat na ito upang may makain si Ezra, ang kanyang limang kapatid na babae, at kanilang ina; masuportahan ang ate ni Ezra sa kanyang misyon sa Estados Unidos; at matulungan ang kanilang mga kapitbahay. Nakapagsimula na ngang mag-ipon si Ezra para sa kanyang sariling misyon dahil dito.

Ngunit ngayon wala na ang kanyang ama. Bigla ang kanyang pagkamatay, at ikinalungkot ito nang labis ni Ezra. Ang pagpanaw ng kanyang ama ay nangangahulugang pagkawala ng kanyang idolo, kanyang bishop, at kanyang guro.

Ngunit dagdag pa sa kalungkutan ang mabigat na katotohanan: ang responsibilidad na sinikap ng kanyang ama na mapaghandaan niya ay bigla-biglang napasakanya. Kailangang itaguyod ngayon ni Ezra ang pamilya.

## Ang Panalangin

Ni hindi niya inisip mangisda sa unang linggo mula nang mamatay ang kanyang ama. Nagdadalamhati pa siya. Ang isiping sakyan ang bangka ng kanyang ama, gamitin ang mga lambat nito, at gawin ang gawain ng kanyang ama nang wala ito ay parang hindi niya makakayanan.

Nang sumunod na linggo alam niya na kailangan na niyang pumalaot para sa kanyang pamilya, ngunit napakabigat ng pasanin. Bagama't gusto ni Ezra na maging katulad ng kanyang ama, lalo niyang natanto na malayo pa niyang makamit ang mithiing ito.

"Parang wala na akong pag-asa," sabi niya. "Nalaman kong mahirap sa unang pagkakataon na sundan ko ang mga yapak ni Itay. Nang ipalaot ko ang bangka sa dagat, dama ko ang pagkawala niya. Naaalala ko ang mga salitang sinabi ni Itay, at dama ko ang bigat ng responsibilidad ko sa aking pamilya."


Nakatigil sa mababaw na bahagi ng Pacific, bumaling siya sa nag-iisang Katauhan na makatutulong sa kanya—ang Katauhang itinuro ng kanyang ama na pagkatiwalaan niya.

"Ipakita po Ninyo sa akin kung saang dako nangisda si Itay," dasal ni Ezra. "Tulungan po Ninyo ako na matupad ang nais ni Itay para sa akin."

## Ang Sagot

Sa katahimikan ng gabi matapos ang panalanging iyon, dama ni Ezra na may

MGA LARAWANG KUHA NI ADAM C. OLSON, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD



*Kapag kailangan niya ng tulong, si Ezra, isang 16-na-taong-gulang na Samoan, ay bumabaling sa itinuro sa kanya ng kanyang ama: sa kanyang Ama sa Langit.*



***Bumalik si Ezra at ang kanyang kaibigang si Fetu sa bangka mula sa paghila sa kanilang mga lambat.***

nabago. Para siyang inakay sa dakong pinangingisdaan ng kanyang ama, at ang mga bagay na itinuro sa kanya ng tatay niya ay pumapasok sa kanyang isipan kapag kailangan.

"Pagkatapos kong magdasal, parang mas lumakas ako," sabi niya. "Alam ko na tutulungan ako ng Ama sa Langit."

Tulad ng mga Apostol noon na tinuruan ng Tagapagligtas kung saan ihahagis ang kanilang lambat, si Ezra ay nakatanggap din ng tulong. "Nakahuli ako ng maraming isda sa araw na iyon," sabi niya.

### Kung Ano ang Ama, Ganoon Din ang Anak

Bagama't nag-alinlangan siya na magagawa niya ang ginawa ng kanyang ama, nalaman ni Ezra na mas marami pa siyang magagawa kaysa inaakala niya.

"Ito ay isang malaking pagbabago sa buhay ko—kung paano ko isipin, tingnan at gawin ang mga bagay-bagay," sabi ni Ezra. "Natanto ko na magagawa ko ang ginawa ni Itay."

Si Ezra ay lalong naging katulad ng kanyang ama kaysa inakala niya. Sinundan niya ang mga yapak ng kanyang ama bilang isang mangingisda—at bilang isang guro.

Sa pangalawang linggo ng pangingisda ni Ezra, itinanong ng kanyang kaibigang si Fetu kung puwede siyang sumama at matuto. Tinuruan ni Ezra si Fetu kung paano mangisda, at tinulungan ni Fetu si Ezra sa kanyang gawain at sinamahan ito.

"Nagpapasalamat ako sa oportunidad na turuan ang iba tulad ng pagtuturo ni Itay sa akin," sabi ni Ezra. "Masaya ako na hindi lamang ako isang mangingisdang tulad ni Itay ngunit isang guro din."

### Turuan ang Tao na Mangisda

Sinasabi sa salawikain na kung binigyan mo ng isda ang tao, may kakainin siya sa loob ng isang araw, ngunit kung tuturuan mo siyang mangisda, may kakainin siya habambuhay. Ginawa ng ama ni Ezra ang pangalawa.





***Plano ni Ezra na magmisyon. Naaalala ni Ezra na sinagot siya ng Panginoon nang manalangin siya. "Gusto kong makasagot sa Kanya kapag tinawag Niya ako," sabi ni Ezra.***



LARAWAN NG MGA BAKAS NG PAA © ISTOCK







***Dahil nakaatang na sa kanya ang tungkulin ng kanyang ama bilang tagapagtaguyod, sinabi ni Ezra, "Nalaman kong mahirap ito nang unang sundan ko ang mga yapak ni Itay."***

Gayunman, marami pang natutuhan si Ezra sa kanyang ama bukod sa pangingisda. Nalaman niya na makaaasa siya sa kanyang Ama sa Langit. Ang kaalamang ito ay mas makatutulong sa buong buhay niya kaysa sa kakayahan niyang mangisda.

Dahil nalalaman niya kung gaano niya kailangan ang tulong ng kanyang Ama sa Langit, tinitiyak niya na nagagampanan niyang mabuti ang kanyang tungkulin bilang priest, at ang ama niya ang nag-ordena sa kanya sa katungkulang ito isang linggo bago ito pumanaw. May iskedyul rin ang pangingisda para may oras siya sa kanyang pag-aaral at sa seminary.

Ang isa pa, nagtatabi siya mula sa kita niya sa pangingisda nang sa gayon balang-araw maaari siyang maging mamamalakaya ng mga tao (tingnan sa Mateo 4:19).


"Sa isang family home evening namin, binanggit ni Itay ang kanyang hangaring makapagmisyon kaming lahat," sabi ni Ezra. "Iyan ang pinakamithiin ko."

Naaalala ni Ezra na sinagot siya ng Panginoon nang manalangin siya. "Gusto kong makasagot sa *Kanya* kapag tinawag Niya *ako*." ■

# Ang Natutuhan Ko sa PAGLANGOY

*Natutuhan ko sa paglangoy na hindi lahat ng impluwensya ng kaibigan ay masama. Kung minsan tinutulungan ka nitong magtagumpay.*

**Ni Marissa Thompson**



Pitong taong gulang ako noon, at hindi ako marunong lumangoy, kaya ipina-enroll ako ng nanay ko swimming lesson sa hapon kasama ang kaibigan kong si Angie. Pagkatapos ng bawat lesson, dinadala kami ng titser namin sa gitna ng pool para magsanay sa pagkampay. Lagi kaming ligtas sa gitna ng pool dahil nakasuporta ang kamay ng titser namin sa ilalim ng aming tiyan at may suot kaming "salbabida" sa likod.

## Impluwensya ng mga Kaibigan sa Pool

Isang araw wala kaming suot na salbabida ni Angie, kaya nangunyapit kami sa gilid ng pool. Gustong subukang lumangoy ni Angie patawid sa kabilang gilid ng pool, na mga apat na talampakan (1.2 m) ang layo. Nag-alangan ako noong una, pero hinamon niya ako. Kaya kahit takot ako, huminga ako nang malalim at pumailalim sa tubig, na umaasang makarating sa kabilang panig. Sa halip na lumutang kaagad tulad ng dati na may suot akong salbabida, nagsimula akong lumubog. Nataranta ako. Alam kong malulunod ako. Pagkatapos ay naalala ko ang sinabi sa akin ng titser ko ilang linggo bago iyon: "Kapag nawalan ka ng kontrol habang lumalangoy, iunat mo lang ang isang kamay mo palabas sa tubig, at may tutulong sa iyo."

Nang maisip ko ito, iniunat ko ang aking kamay sa direksyon na inisip kong pataas. Wala akong naramdamang hangin. Iniunat ko ang kamay ko sa bawat direksyon, pero hindi ko maramdaman ang itaas. Pagkatapos ay bigla na lang akong nauntog sa gilid ng pool. Naghihintay na roon si Angie. Siguro hindi niya alam na muntik na akong "malunod."

Ilang linggo mula noon nasa isang lawa kami ng pamilya ko. Dahil hindi pa rin ako marunong lumangoy, nagtampisaw ako sa mababaw na tubig. Mga 10 minuto na ako roon nang makita kong papunta sa lawa ang isa sa mga kaibigan ko. Nagulantang ako. "Paano kung malaman ni Stephanie na hindi ako marunong lumangoy?" naisip ko. Mapapahiya ako nang husto. Kaya mabilis akong lumuhod at nagkunwaring lumalangoy—itinukod ko ang mga kamay ko habang sumisipa-sipa. Tumalon si Stephanie sa tubig at talagang lumangoy. Lalo lang akong napahiya roon. Mayamaya lumapit siya sa akin at nakipag-usap. Pagkatapos ay lumangoy naman siya sa ibang direksyon, at naiwan akong nakatunganga sa mahusay niyang paglangoy.

Ipinagpatuloy ko ang pakunwari kong paglangoy, na parang hangal.

Ilang minuto pa at nagpasiya na akong kalimutan ang takot at subukang lumangoy. Nasa mababaw na tubig lang ako, kaya itinaas ko ang aking mga kamay at nagkakawag. Nakatulong ito. Lumutang ako. Ilang sandali lang iyon, pero lumutang ako. Paulit-ulit ko itong ginawa hanggang



gabi. Pag-alis namin, kaya ko nang tawirin ang lawa nang pakawag-kawag.

### Malakas ang Impluwensya ng mga Kaibigan

Kapag iniisip kong muli ang dalawang karanasang ito, namamangha ako sa lakas ng impluwensya ng mga kaibigan. Isang araw halos ikalunod ko ito; sa isa pang araw naganyak ako nito na matutong lumangoy. Ganyan talaga ang impluwensya ng kaibigan—maaari itong maging negatibo o positibo, pero laging malakas ang epekto nito.

Impluwensya ng mga kaibigan ang isang dahilan kaya ayaw maniwala ng mga Fariseo sa mga salita ni Cristo: "Iniibig nila ng higit ang kaluwalhatian sa mga tao kay sa kaluwalhatian sa Dios" (Juan 12:43). Sa kanyang panaginip nakita ni Lehi ang mga tao na ikinahihiya ang Panginoon dahil sa mga panlalait at panduduro ng mga nasa malaki at maluwang na gusali (tingnan sa 1 Nephi 8:26–28).

Pamilyar ako sa negatibong impluwensyang ito ng mga kaibigan—ang impluwensyang nag-uudyok sa mga tao na lumihis sa alam nilang tama. Nilait na ako dahil sa mga pamantayan ko bilang Banal sa mga Huling Araw. May mga naging kaibigan ako na gustong mang-umit ako ng mga damit, mandaya sa mga eksamen, at maging malupit sa ibang tao. Sa halip na hikayatin akong lumutang at matutong lumangoy, para silang mga angkla na hinihila ako pababa, pinipilit akong lunurin.

Pero may mga naging kaibigan din ako na humikayat sa akin na gawin ang mabubuting bagay—mga bagay na nagpabuti sa buhay ko, hindi nagpasama. Noong nasa ikawalong grado ako, kinumbinsi ako ng kaibigan kong si Ali na subukang sumali sa drill team para sa susunod na pasukan. Hindi madaling gawin iyon, dahil isipin ko lang na sasali ako sa isang aktibidad sa unang taon ko sa isang malaking paaralan ay takot na ako. Kinumbinsi ako ni Ali na gumawa ng isang bagay na makabuluhan na maaaring hinding-hindi ko nagawa kung hindi ako hinikayat ng isang kaibigan. At dahil sa magandang impluwensyang ito ng isang kaibigan, naging mas madali para sa akin ang makibagay sa buhay-estudyante sa hayskul.

Ang mabubuting kaibigan ay humikayat sa akin sa buong hayskul at hanggang kolehiyo, na nagpalakas ng loob ko na kumandidato sa student council, mapataas ang mga marka ko sa klase, at mapalakas ang patotoo ko sa ebanghelyo. Ang mga kaibigang ito ay mga positibong impluwensya sa buhay ko. Gusto nila akong magtagumpay, at tinulungan nila akong umunlad.

Ang mga karanasang ito ay nagturo sa akin na hindi lahat ng impluwensya ng kaibigan ay masama, tulad ng akala ng maraming tao. Depende ito sa klase ng impluwensya at kung kanino ito nagmumula. Natutuhan ko na kapag pinaligiran ko ang aking sarili ng mabubuting impluwensya, mas malamang na hindi ako matukso sa mga bagay na makamundo. Ang positibong impluwensyang nagmula sa Simbahan at sa aking mga kaibigan na may matataas na pamantayan ay lakas na nagsilbing salbabida ko sa buhay, na nagpapalutang sa akin. ■

MGA PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP





Binigyan ako ni Itay ng isang espesyal na regalo noong Pasko bago siya pumanaw. Ito ay isang kuwintas na may pilak na kampanilya. Ito ay nagpapaalala sa akin na palaging makinig sa Espiritu at manatiling dalisay. Napakahalaga nito sa akin.

# MAGTIWALA sa Panginoon

**Mula sa isang interbyu kay Elaine S. Dalton, Young Women general president; ni Megan Withers Roxas**

*"Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo" (Mga Kawikaan 3:5).*

Noong bata pa ako ay sinusundan ko si Itay kahit saan siya magpunta. Noon pa man ay hanga na ako sa kanyang katapatan sa Panginoon. Ipinakita niya sa akin ang isang mataas na pamantayan ng taos-pusong paglilingkod. Nagbabakasyon siya ng isang linggo sa trabaho kada taon. Gayunman, sa halip na magbiyahe, hihilingin niya sa kanyang pamilya na tulungan siyang pinturahan ang bahay ng kapitbahay naming biyuda. Ito ay isa lamang halimbawa ng maraming paglilingkod. Palagi niyang iniisip ang kanyang kapwa.

Noong nasa hayskul ako, nagkasakit nang malubha si Itay. Nagdasal ako palagi at hiniling sa Ama sa Langit na basbasan si Itay para gumaling. Naospital siya nang isang buwan, at pagkatapos ay pumanaw siya.

Ito ay isang trahedya para sa aming pamilya. Para sa amin hindi namin ito maunawaan dahil kailangan namin ang aming Itay. Nagdasal ako na maunawaan kung bakit nangyari ito at bakit hindi sinagot ng Ama sa Langit ang aking mga panalangin. Parang tahimik ang kalangitan. Hindi nasagot ang aking mga dasal. Pakiramdam ko ay iniwan akong mag-isa ng Ama sa Langit. Ngunit patuloy akong nagdasal.

Makalipas ang isang taon dumalo ako sa sacrament meeting kung saan binasa ng tagapagsalita ang banal na kasulatan mula sa Mga Kawikaan:

"Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan.

"Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas" (Mga Kawikaan 3:5–6).

Pinatotohanan sa akin ng Espiritu na ito ang sagot sa aking dasal! Kinailangan kong magtiwala sa Panginoon. Matagal bago ko natanggap ang sagot na iyon, at hindi iyon ang nais ko, ngunit iyon ang *pinakamagandang* sagot sa panalangin. Hindi ko kailangang maunawaan kung bakit ito nangyari. Kailangan ko lang magtiwala sa Panginoon.

Kapag nagtiwala kayo sa Panginoon, magagawa ninyo ang anumang bagay—kahit napakahirap nito—dahil ginagabayan Niya ang landas ninyo. Siya ay lalakad na kasabay ninyo. Hahawakan Niya ang inyong kamay. Isusugo Niya ang Kanyang mga anghel upang paligiran kayo. Iyan ang aking patotoo. At totoo ito sa lahat sa atin. ■

LARAWAN NI SISTER DALTON NA KUHA NG BUSATH PHOTOGRAPHY; LARAWAN NG KUWINTAS NA KUHA NI ROBERT CASEY; MGA LARAWAN NG PAMILYA SA KAGANDAHANG-LOOB NI SISTER DALTON

Natatanging Saksi



Nagbahagi si Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol ng ilang ideya tungkol sa paksang ito.

# Anong mga **pagpapala** ang natatanggap natin sa ipinanumbalik na Simbahan?

*Mula sa "Ang Mensahe ng Panunumbalik,"* Liahona, *Mayo 2007, 85–88; "Sino ang Iyong Hinahanap?"* Liahona, *Mayo 2005, 84–87.*





MGA PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

*Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito upang marami pang matutuhan tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.*

# Dahil sa mga Pangunahing Alituntunin at Ordenansa ng Ebanghelyo

## Makakapiling Kong Muli ang Diyos



**Nina Ana Maria Coburn at Cristina Franco**

*"Naniniwala kami na ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng Ebanghelyo ay: una, Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo; pangalawa, Pagsisisi; pangatlo, Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan; pang-apat, Pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4).*

Ang ikaapat na saligan ng pananampalataya ay tungkol sa apat na mahahalagang alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo na kailangang sundin upang makapiling ninyong muli ang Ama sa Langit.

Una, kailangan ninyong manampalataya kay Jesucristo. Ang pananampalataya kay Jesucristo ay ang paniniwala na Siya ay buhay, na Siya ang Tagapagligtas, at kayo ay mahal Niya, bagamat hindi ninyo Siya nakikita. Kapag nananampalataya kayo kay Cristo, gusto ninyong gawin ang ipinagagawa Niya, tulad ng pagdarasal, pagsisimba, pagiging mabait, at pagsunod sa mga utos.

Ang isang mahalagang bagay na iniutos ni Jesus na gawin ninyo ay magpabinyag kapag kayo ay walong taong gulang na (o higit pa). Kayo ay bibinyagan sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig—tulad ng ginawa kay Jesus. Ibig sabihin niyan ang inyong buong katawan ay ilulubog sa tubig. Ang inyong binyag ay isasagawa ng isang taong nagtataglay ng karapatan ng priesthood na magbinyag. Kapag bininyagan kayo, gumagawa rin kayo ng pangako sa Ama sa Langit. Nangangako kayong susundin ang mga utos, at kung gagawin ninyo ito, Siya ay nangangako na mapapasainyo ang Espiritu Santo.

Matapos kayong binyagan, inyong tatanggapin ang kaloob na Espiritu Santo. Isang mayhawak ng priesthood ang magpapatong ng kanyang mga kamay sa inyong ulo upang ibigay sa inyo ang kaloob na Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ang gagabay, magtuturo, at aaliw sa inyo at magpapatotoo tungkol kay Jesucristo.


Mula noong araw na isilang kayo hanggang sa edad na walo, kayo ay malinis at walang kasalanan dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Kapag walong taong gulang na kayo at nabinyagan na, kailangan ninyong magsisi sa anumang maling bagay na nagawa ninyo. Ang magsisi ay makadama ng lungkot at humingi ng kapatawaran sa Ama sa Langit at sa sinuman na maaaring nasaktan ninyo. Matapos kayong magsisi, kailangang pagsikapan ninyong huwag nang ulitin ang gayong pagkakamali at maging mas masunurin sa mga utos. Dahil sa Pagbabayad-sala kayo ay magiging malinis muli kung kayo ay magsisisi.

Ang pagkakaroon ng pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, pagpapabinyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig, at pagtanggap sa kaloob na Espiritu Santo ay mahalaga dahil tutulungan kayo ng mga ito na makapiling muli ang inyong pamilya magpakailanman kasama ang Ama sa Langit at si Jesucristo. ■

### Aktibidad

Magagawa ninyo ang springing mobile na ito bilang paalala sa mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo. Idikit ang pahina 63 sa matigas na papel. Gupitin ang limang karatula; pagkatapos gupitin ang mobile sa tuwid na mga linya. Hiwain o butasin kung saan naroon ang tanda. Isabit ang mga karatula sa mobile gamit ang tali o ribon.

MGA PAGLALARAWAN NI THOMAS S. CHILD




Ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo ay:

1. Pananampala-taya sa Panginoong Jesucristo

2. Pagsisisi

3. Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan

4. Pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo

# Isara at Isumbong



"Pananatilihin kong sagrado at dalisay ang aking isipan at katawan."
**Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo**

**Ni Danielle Kennington**

Batay sa tunay na buhay

*"Maging matapat, at huwag magpadaig sa anumang tukso" (D at T 9:13).*

Naupo si Connor sa computer ng pamilya at tiningnan ang website address na ibinigay ng kanyang kaibigan. "Kailangang tingnan mo ito!" sabi ng kanyang kaibigan.

Ngunit nang lumabas na ang website, kinilabutan si Connor. Sinikap niyang agad na maisara ang web page, ngunit kapag kiniklik niya, lalong maraming malalaswang larawan ang lumalabas. Sa kalituhan, pinatay ni Connor ang computer at tumakbo sa kanyang silid.

Nalungkot si Connor dahil nakita niya ang mga larawang iyon. Simula ng binyagan siya ilang buwan na ang nakalilipas, nagsimula niyang madama ang kakaibang kapayapaan na dulot ng Espiritu Santo. Ngunit matapos niyang makita ang mga larawang iyon, balisa na si Connor. Dama niyang nagkasala siya at takot na malaman ng sinuman ang nakita niya.

Tahimik si Connor sa hapunan. Sinikap niyang makinig sa pinaguusapan ng kanyang pamilya, ngunit ang mga larawang nakita niya ay pabalik-balik na pumapasok sa kanyang isipan. Ang tila pananakit ng kanyang sikmura ay hindi maalis.

Nang manalangin siya nang gabing iyon, sinabi ni Connor sa Ama sa Langit ang tungkol sa mga larawang nakita niya. Humingi siya ng tawad at sinabing hindi na siya uulit. Matapos ang panalangin medyo nakadama siya ng kapanatagan, ngunit dama rin niya na kailangan niyang kausapin ang kanyang Nanay. Hindi talaga gusto ni Connor na sabihin sa kanya ang nangyari. Paano kung magalit siya o malungkot?

Sa wakas, nagpasiya si Connor na kausapin siya. Pumunta siya sa silid ni Inay at naupo sa kama nito, kung saan siya nagbabasa.

"Inay, pwede ko po ba kayong makausap?" tanong niya.

"Oo, anak," sabi ni Inay. "Tungkol saan?"

Ikinuwento niya lahat. Ikinuwento niya ang sinabi ng kanyang kaibigan, at ang nakita niya nang tingnan niya ang website. Titig na titig sa kanya si Inay, pero tila hindi siya galit.

"Hindi ko po alam ang gagawin ko," sabi ni Connor. "Kaya isinara ko na lang ang computer at tumakbo palayo. Sori po, Inay. Hindi ko po dapat na-type ang address na iyon sa una pa lang, pero hindi ko po alam na masama iyon."

Niyakap ni Inay si Connor. "Connor, nalulungkot ako at nakita mo ang mga larawang iyon," sabi niya. "May ilang tao na niloloko ang mga bata para makita ang malalaswang bagay. Ngunit tama ang ginawa mo. Kapag may nakita kang malalaswang larawan sa computer, kailangang 'isara at isumbong' mo ito.Ibig sabihin nito ay isara ang computer at pagkatapos puntahan ako at sabihin agad sa akin. Talagang tama ang ginawa mo."

Nakahinga nang maluwag si Connor!

"Connor, gusto kong malaman mo na hindi mo ito kasalanan," sabi ni Inay. "Ito ay pagkakamali, at hindi mo kailangang makonsensya sa nangyari."

"Pero, Inay, kung ginawa ko po ang tama, bakit di-maganda ang nadama ko?"

"Ipinaaalam sa atin ng Espiritu Santo kapag may panganib," paliwanag ni Inay. "Ang nadama mo ay ang Espiritu Santo na nagsasabi sa iyo na lumayo ka. Maglalagay ako ng filter sa ating computer na haharang sa malalaswang site,

MGA PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH

pero baka may makalusot pa rin. Kaya kapag may nangyari pang ganito, alam mo na ang gagawin mo, di ba?"

"Isara po ang computer at magsumbong sa inyo," sabi ni Connor.

"Tama!" sabi ni Inay.

Bago siya nahiga, nagdasal si Connor upang pasalamatan ang Ama sa Langit sa kapanatagang nadama niya. Nang manalangin siya, nadama niya ang kapanatagan mula sa Espiritu Santo. Alam niya na magiging maayos ang lahat. ■



## MGA TIP SA LIGTAS NA PAGGAMIT NG INTERNET

- Hingin ang pahintulot ng magulang bago kayo gumamit ng Internet.
- Gamitin lamang ang Internet kapag naroon ang ibang tao—tulad ng inyong mga magulang—.
- Maliban kung payagan kayo ng inyong magulang, huwag ibigay ang inyong tunay na pangalan, address, numero ng telepono, o iba pang personal na impormasyon.
- I-bookmark ang inyong mga paboritong website upang hindi na ninyo kailangan pang hanapin ang mga ito.

**Para makaalis sa hindi mabubuting website:**



1. Isara ang screen o computer.



2. Isumbong sa matanda.



3. Huwag nang puntahan pang muli ang site.



4. Kung may nagpakita sa inyo ng malalaswang site, huwag matakot na umalis.

Kung naghahanap kayo ng ligtas at kasiya-siyang website, tingnan ang friend.lds.org. May mga kuwento tayo, pahinang kukulayan, video, slide show, laro, at marami pang iba.


# **Ang Ating** Pahina



***Ang mga bata sa Primary ng Ville-Marie Ward, Montréal Québec Stake, at kanilang mga guro at lider ay nasiyahan sa pagbisita sa bakuran ng Montréal Québec Temple. Sila ay tahimik at mapitagan nang masaya silang binati ng temple presidency at inilibot sila sa bakuran. Nagustuhan nila ang makukulay na bulaklak at ang magandang templo. Nanood din sila ng pelikula tungkol sa templo, at bawat isa ay nakatanggap ng munting kard na may larawan ng templo.***


***Gustung-gusto ni Michael G. (kanan), edad 11, mula sa Panama, ang mga klase niya sa karate at nag-aaral na mabuti sa paaralan. Minsan siya ay naging "punong-guro sa loob ng isang araw" sa kanilang paaralan dahil sa matataas niyang grado.***

***Si Michael ay isa nang magiting na misyonero. Nang ang Simbahan ay nagkaroon ng information stand sa international fair na malapit sa kanyang tahanan, si Michael at ang kanyang mga magulang ay tumayo sa pasukan ng eksibit, namigay sa mga tao ng mga polyetong tungkol sa Simbahan, at inanyayahan sila na pumunta sa information stand ng Simbahan. Nagbigay rin siya ng pass-along card sa isang kaibigan ng pamilya, at tinuruan sila ng mga misyonero tungkol sa Simbahan. Inaasam niya na maging full-time na misyonero.***



I-e-mail ang inyong drowing, larawan, karanasan, patotoo, o sulat sa liahona@ldschurch.org, na nakasulat ang "Our Page" sa subject line.
O ipadala sa koreo sa:
*Liahona,* Our Page
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT, 84150-0024, USA

Sa bawat isusumite ay **kailangang** kasama ang buong pangalan ng bata, kasarian, at edad pati na pangalan ng magulang, ward o branch, stake o district, at sulat-kamay na pahintulot ng magulang (tinatanggap ang e-mail) na gamitin ang retrato at isinumite ng bata. Ang mga isinumite ay maaaring iedit para linawin o paikliin.



## ISANG PANALANGIN PARA SA KAPANATAGAN

Isang gabi dalawang beses akong nanaginip na nasusunog ang aming bahay at nasunog ang lahat. Matapos iyon takot na takot ako. Kaya't nagdasal ako sa Ama sa Langit na hindi ko na ito mapanaginipan pa. Nang muli akong matulog, nanaginip ako na nasa isang magandang bukirin ako. Panatag na panatag ako, at hindi na ako takot.

**Nivia Angelica A., edad 10, Mexico**



**Jeremiah P., edad 10, Samoa**

KANAN: PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD



# Ang Aking Malaking Desisyon

*"Ang kanilang mga anak ay bibinyagan para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan pagsapit ng walong taong gulang, at tatanggapin ang pagpapatong ng kamay" (D at T 68:27).*

**Ni Rebecca Shaw**
Batay sa tunay na buhay

Nicole, darating ngayong gabi ang mga Johnson," sabi ni Inay. "Nagdasal ka ba tulad ng sabi nila?"

"Hindi pa po," sabi ko.

Sina Elder at Sister Johnson ay mag-asawang misyonero sa aming ward. Lagi silang nagpupunta sa family home evening para ituro sa akin ang missionary discussion.

Hindi palaging nagsisimba ang pamilya ko, kaya may ilang bagay na hindi ko maunawaan. Ngayong magwawalong-taong gulang na ako, sabi ni Inay kailangan kong magdesisyon kung gusto kong magpabinyag.

Noong nakaraang linggo itinuro sa akin nina Elder at Sister Johnson kung paano nagdasal si Joseph Smith para malaman ang katotohanan. Pagkatapos hiniling nila sa akin na magdasal tungkol sa pagpapabinyag.

"Makiramdam kang mabuti," sabi ni Sister Johnson. "Sa ganyang paraan tayo tinuturuan ng Espiritu Santo na malaman ang totoo."

Naisip ko na maaari sigurong hintayin ko na lang na mag-14 na taong gulang ako tulad ni Joseph Smith.

Ngayong gabi sa lesson namin nagtaklub-taklob ng mga plastic cup si Elder Johnson para makagawa ng tore. Sabi niya, kung hindi matibay ang pundasyon mo, babagsak ang buong tore.



"Sa palagay mo, bakit matibay ang pundasyon ng Simbahan?" tanong niya.

Natandaan ko ang lesson noong nakaraang linggo. "Siguro po dahil sinabi ng Ama sa Langit at ni Jesus kay Joseph Smith kung paano ito ipanumbalik," sabi ko.

"Tama," sabi ni Elder Johnson. "At may mga buhay na propeta at apostol tayo at pinananatili nilang maayos ito."

May katwiran. Noon pa man ay maganda na ang pakiramdam ko nang marinig ko ang tungkol kay Pangulong Thomas S. Monson.

Pagkatapos ay itinanong ni Sister Johnson ang kinatatakutan ko.

"Ipinagdasal mo ba kung magpapabinyag ka?"

"Hindi pa po," sabi ko.

"Gusto mo bang magpabinyag?" tanong ni Sister Johnson.

Gusto kong sumagot, pero nagkibit-balikat lang ako.

Iniisip ng nakababata kong kapatid na takot akong malubog sa tubig dahil iyon din ang kinatatakutan niya. Pero gusto ko sa tubig, kaya hindi ko tiyak kung ano ang ipinag-aalala ko.

"Takot ka ba sa responsibilidad?" tanong ni Sister Johnson.

Pagkatapos itong itanong ni Sister Johnson, nalaman kong tama siya. Sabi ni Inay pagkabinyag ko, may pananagutan na ako. Ibig sabihin ako na ang mananagot sa mga desisyon ko. Dapat akong maging maingat sa pagsunod sa mga utos ng Diyos. Hindi ko tiyak kung handa ako sa

MGA PAGLALARAWAN NI CRAIG STAPLEY



"Batid ng Ama sa Langit na . . . kakailanganin ninyong gumawa ng ilang desisyong lalampas sa kakayahan ninyong magpasiya nang tama. . . . Naglaan Siya ng paraan para tumanggap kayo ng tulong . . . mula sa Espiritu Santo."

**Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Upang Magtamo ng Espirituwal na Patnubay," *Liahona,* Nob. 2009, 6–7.**

responsibilidad na iyan. Paano kung huminto rin ako sa pagsisimba tulad ng tatay ko?

"Kapag naging walong taong gulang ka na, pananagutan mo na ang lahat ng mga pasiya mo kahit hindi ka mabinyagan," sabi ni Sister Johnson. "Pero matapos kang mabinyagan at makumpirma, mas maraming tutulong sa iyo sa paggawa ng mabubuting pasiya. Iyan ay dahil mayroon kang kaloob na Espiritu Santo."

Pinag-usapan namin ang ilang utos na kailangan kong sundin. Alam ko na na ang paninigarilyo at pag-inom ng alak at pagdodroga ay masama, kaya hindi mahirap sundin ang Word of Wisdom.

Pagkaalis ng mga Johnson, hindi na ako takot magpabinyag. Gusto kong gumawa ng mga tamang pasiya at sundin ang mga utos ng Ama sa Langit. At natutuwa ako na tutulungan ako ng Espiritu Santo.

Pumunta ako sa aking silid at lumuhod. Habang nagdarasal ako, natiyak ko na tama ngang magpabinyag. Alam ko na ang nadama kong ito ang sagot sa aking dasal. ■

# Ang Mahinahong Sagot

**Ni Laura Hunter**

Batay sa tunay na buhay

*"Ang malubay na sagot ay nakapapawi ng poot: nguni't ang mabigat na salita ay humihila ng galit" (Mga Kawikaan 15:1).*




MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT PECK


5.
Sa palagay po ba ninyo epektibo iyan kay Lizzie?
Sa susunod, subukan mo lang at tingnan ang mangyayari.
6.
Gusto ko ang mga pakpak ng diwata!
7. Naalala ni Alice ang sinabi ng kanyang Tatay.
Lizzie, gusto mo bang isuot ang aking korona? Ikaw ang prinsesa, at ako ang magiging kaibigan mong diwata.
8.
Sige, ako ang magan-dang prinsesa!
Halika na, kamahalan. Maglaro tayo!





Kung minsan mahirap maalalang sumagot nang mahinahon kapag galit tayo. Sabihin sa isang magulang na tulungan kang gupitin ang isa sa mga paalala na magsalita nang mahinahon. Maaari mo itong idikit sa isang kamiseta, sa pinto, sa aklat, o kahit saan mo gusto para tulungan kang matandaan na sumagot nang mahinahon.






PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITAKER

**NANG AKO AY BINYAGAN, NAKIPAGTIPAN AKO SA DIYOS.**

"Naniniwala kami na ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng Ebanghelyo ay: una, Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo; pangalawa, Pagsisisi; pangatlo, Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan; pang-apat, Pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4).

# **Mga Balita** sa Simbahan

## Dumarami ang Kailangang Indexer sa Iba't Ibang Bansa


**Ni Hikari Loftus**
Mga Magasin ng Simbahan

Sa lahat ng dako ng mundo, sinasaliksik ng mga tao ang kanilang mga ninuno.

At sa lahat ng dako ng mundo, ginagawang posible ng ibang tao ang pagsasaliksik na iyan.

Ang FamilySearch indexing, na ipinakilala online noong 2006 at isinasagawa ng mga boluntaryo sa iba't ibang panig ng mundo, ay ang pagkuha ng mga rekord (tulad ng mga makikita sa microfilm) at pagpapasok ng impormasyong nakapaloob sa mga ito sa isang masasaliksik na online database.

Sa 122,000 LDS at hindi LDS na aktibong indexer na nakatapos ng 547,978,000 rekord mula nang magsimula ito, malaki ang nagawa ng FamilySearch indexing. Gayunman, ang mga coordinator sa indexing ay may bagong mithiin: ma-index ang mga rekord sa ibang mga wika bukod sa Ingles.



"Parami nang parami ang mga pangalan sa indexing na hindi mga pangalang Ingles," sabi ni Jim Ericson, product marketing manager sa FamilySearch. "Sinisikap naming makakuha ng mas maraming tao na nagsasalita ng iba't ibang wika at makibahagi sila para mas mapahusay namin ang indexing sa mga pangalang hindi Ingles."

Bagama't dumarami ang mga rekord na Ingles para sa indexing, ito ay nahigitan ng pagdami ng mga rekord ng iba't ibang bansa. Ang mga proyekto sa indexing ay madali nang makuha mula sa iba't ibang bansa dahil marami na sa mga pamahalaan at tagapag-ingat ng mga rekord ang nakaaalam sa serbisyong ibinibigay ng FamilySearch, sabi ni Brother Ericson.

Para masimulan ito, ang mga empleyado ng FamilySearch ay kumukuha ng mga rekord mula sa mga pamahalaan, aklatan, at iba pang mapagkukunan at lumilikha ng mga digital copy. Pagkatapos ang mga kopyang ito ay tinitipon sa maliliit na grupo na tinatawag na "mga batch," na makukuha ng mga boluntaryo online. Ang mga boluntaryo ay magla-log sa FamilySearch, magda-download ng isang batch, at ipapasok ang datos na nakikita nila sa screen. Ang datos na iyan ay makukuha kalaunan ng mga nagsasaliksik sa family history. Ang bawat batch ay isang tinipong gawain na maaaring matapos ng isang boluntaryo nang mga 30 minuto, sabi ni Katie Gale, Indexing Project Coordinator sa FamilySearch.

Ang mga boluntaryo na nakikibahagi sa FamilySearch indexing ay maaaring mga taong ang katutubong wika ay hindi Ingles (ang site ay kasalukuyang nasa pitong wika), ngunit ito rin ay maaaring kabilangan ng mga taong mahuhusay sa wikang natutuhan mula sa kanilang paglilingkod bilang misyonero, pag-aaral, o iba pang training.

Kung walang mga proyekto para sa indexing sa bansang tinitirhan o pinaglilingkuran ninyo, may mga proyekto pa ring makukuha sa mga bansang magkatulad ang gamit na wika.

Noong itinatayo pa lamang ang Kyiv Ukraine Temple, ang mga Banal na Ukrainian ay nakibahagi sa proyekto ng paghahanap at pag-iindex ng mga pangalan para madala sa templo kapag natapos na ito. Noong ilalaan na ang templo, 401 indexer mula sa Ukraine, Russia, Hilaga at Timog Amerika, at Europa ang gumagawa na sa proyekto ng Kyiv, at nakapagdala ang mga Banal ng 200,000 pangalan ng mga taga-Ukrain sa templo.

Sa pagdami ng gawain sa indexing sa isang lugar, ang mga empleyado sa FamilySearch na naglalaan ng mga batch para sa indexing ay tutukuyin ang mga lugar na ito at pagkatapos, kapag maaari, pabibilisin ang pagpapalabas ng mga proyekto para sa indexing na may kaugnayan sa rehiyong iyon.

Sa kasalukuyang bilang ng mga pangalan para sa indexing, aabutin ng isang dekada sa ilang



LARAWANG KUHA NI WELDEN C. ANDERSEN, © IRI

bansa para matapos ang ini-release na mga batch—kaya kailangan ang karagdagang mga indexer. Ang kasalukuyang mga batch sa mga wika maliban sa Ingles ay karaniwang dalawa hanggang anim na taon ang kailangan bago matapos.

"Kung ang proyekto para sa indexing ay patuloy sa ganitong sitwasyon na matagal bago matapos, mawawalan ito ng halaga sa kahit sino," sabi ni Paul Starkey, Indexing Operations Manager sa FamilySearch. "Ang pangkalahatang layunin ng indexing ay ilagay ang mga rekord na ito [sa internet] para mahanap ng mga tao ang kanilang mga ninuno. Sinisikap naming bilisan ang proyekto."

Ang Simbahan ay nagmamay-ari ng mga 2.4 na milyong rolyo ng microfilm na naglalaman ng mga genealogical record o talaangkanan na nakatago sa Granite Mountain Record Vault. Ang mga ito ay katumbas ng mga 15 bilyong rekord na naghihintay na ma-index. Hindi mabilang ang dami ng iba pang rekord sa iba't ibang panig ng mundo.

"Ang paghahanap ng pangalan at personal na mga rekord ay isang karanasan na nagpapabaling sa mga puso ng mga nagsasaliksik sa kanilang mga ninuno," sabi ni Brother Ericson. "Magagamit ng mga miyembro ng Simbahan ang impormasyon na na-index para idokumento ang angkan ng kanilang mga ninuno at maisagawa ang nakapagliligtas na mga ordenansa sa templo."

Bagama't kahit sinong mayroong access sa computer ay maaaring makibahagi sa simpleng gawain ng indexing, ang kahalagahan nito ay hindi dapat maliitin, sabi ni Sister Gale. "Kung makikita ng mga tao ang indexing bilang mas malaking gawain ng family history, makikita nila ang kahalagahan nito at ang pangangailangan para sa mas marami pang boluntaryo."

"Kailangan pa namin ng mas maraming tao sa indexing," sabi ni Brother Ericson, "at hinihiling namin sa mga tao na ibahagi ang programang ito sa kanilang mga kaibigan at kapamilya, sila man ay miyembro o hindi-miyembro ng Simbahan. Hindi lamang ito para sa mga miyembro ng Simbahan. Nakatutuwa kapag ang lahat ay gumagawa sa iisang mithiin." ■

***Ang mga coordinator ng FamilySearch indexing ay may bagong mithiin para sa mga boluntaryo: gawin ang indexing sa iba pang mga wika maliban sa Ingles.***

### Simulan ang Indexing Ngayon

Magsimula sa pagpunta sa **indexing.familysearch.org.**

Pumili ng isa sa pitong wika na paggagawan mo mula sa drop-down menu.

Mag-klik sa **Get Started.**

Ang indexing software ay kaagad magda-download at ipakikita ang aplikasyon.

Magpraktis sa training batch upang maging pamilyar sa software.

Simulan ang indexing! Makapipili ka ng isang batch mula sa alinmang proyekto, na inorganisa ayon sa bawat bansa. ■

# **Dumaraming Sapat na Kabuhayan** sa Ecuador

**Ni Heather Wrigley**
Mga Magasin ng Simbahan

"Ang kalayaan ng tao at responsibilidad bilang mamamayan ay nakasalalay sa alituntuning tulungan ang tao na tulungan ang kanyang sarili," sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994), ikalabintatlong Pangulo ng Simbahan, sa kanyang mensahe noong 1975 sa pasinaya ng Benson Institute Agriculture and Food Institute and Corporation, isang Latter-day Saint Charities program.

Sa pilosopiya ng self-reliance o pagtustos sa sariling pangangailangan, nakipagtulungan ang Benson Institute sa libu-libong katao upang mapagbuti ang produksyon ng pagkain, nutrisyon, at kalusugan, mapaganda ang kalidad ng pamumuhay sa ilang mahihirap na bansa.

Noong 2009 nagpunta ang mga miyembro ng Benson Institute sa Ecuador, isang bansang mayaman sa agrikultura. Gayunman, ayon sa World Health Organization, sa bansang ito na halos 15 milyon ang mamamayan, 23 porsiyento ng mga batang edad lima pababa ang matindi ang kakulangan sa nutrisyon. Sinikap ng Benson Institute na makatulong na mapababa ang istadistikang iyan sa pagtulong sa mga taong ito na makaahon sa nakagisnang kahirapan.

Sinabi ng isang ina na may anim na anak, bago dumating ang Benson Institute, na kadalasan ay hirap siyang pakainin ang kanyang pamilya: "Napakalungkot na maging isang ina at kapusin nang husto at hindi mo mabigyan ang iyong mga anak ng pagkain o tinapay sa bawat araw," sabi niya.

Natuto ang mga pamilyang nakipagtulungan sa Benson Institute ng mas mahusay na paraan ng pagtatanim, pagsasali't sali't ng itatanim, pag-aalaga ng mga hayop, balanseng nutrisyon, kalinisan ng sarili at wastong paghahanda ng pagkain.

Ang pagkagutom na problema sa araw-araw para sa marami ay naging madalang na dahil sa implementasyon ng bagong paraan ng pagsasaka. Nakita ng mga pamilya ang malaking pagtaas sa produksyon ng pagkain kaya nakapag-imbak sila ng sariling pagkain at nakapagbenta rin ng kanilang mga ani para kumita. Bukod pa rito, gumanda ang kalusugan ng mga pamilya roon dahil sa masustansiyang pagkain at sanitasyon. Ang pagkain ng itinanim nilang mga prutas sa kanilang hardin ay nakapagbigay sa kanila ng sustansiya na wala noon sa kanilang mga kinakain.



***Ang mga pamilyang nakipagtulungan sa Benson Institute ay nagkaroon ng mas magandang kalusugan dahil sa mas masustansyang pagkain at sanitasyon.***

"May mga estudyante kami noon na hindi nakikibahagi sa klase," sabi ng isang guro sa lugar. "Pagkatapos ng programa, ang mga bata ay mas mabilis nang matuto. Dati, may mga batang sakitin; ngayon, hindi na sakitin ang mga bata. Dati nakakatulog sila sa klase; ngayon, hindi na sila natutulog sa klase. At parang nanghihina sila noon, ngunit nang maisagawa na ang programa mas malusog na sila at masigla."

Lahat ng mga proyektong pangkapakanan ng Simbahan ay batay sa napatunayang tuntunin ng pagtustos sa sariling pangangailangan. Iyan kasama ang tulong ng Benson Institute sa maraming taon ng karanasan at kaalaman ay patuloy na nagpala sa libu-libong tao sa iba't ibang dako ng mundo. ■

***Panoorin online ang isang video tungkol sa proyekto sa Ecuador sa wikang Ingles at Kastila sa http://lds.org/church/news/growing-self-sufficiency-in-ecuador***

## Maging Liwanag sa Mundo, ang Sabi ng mga Apostol sa mga Banal sa Gitnang Amerika

Ang bawat miyembro ng Simbahan ay dapat magkaroon ng malalim na pananampalataya kay Cristo, ang sabi nina Elder M. Russell Ballard at Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol sa mga miyembro sa Guatemala, Honduras, at Nicaragua sa pagpunta nila sa Gitnang Amerika noong Enero 2011. Kasama ang iba pang mga lider ng Simbahan, pinayuhan nila ang mga miyembro na palakasin ang kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng panalangin, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, paglilingkod sa templo, family home evening, pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath, pagsunod sa mga utos ng Panginoon, at pagbabahagi ng kanilang pananampalataya sa mga nakapaligid sa kanila.

Sina Elder Christofferson at Elder Ballard ang nangulo sa mga kumperensya sa ilang stake at nakibahagi sa mga fireside para sa mga lokal na lider ng priesthood, mga magulang at mag-asawa, young single adult, at mga kabataan. Nakipagpulong din sila sa 1,100 misyonero sa apat na mission, sa mga stake presidency, bishop, at branch president.

## Bumalik si Elder Scott sa Mozambique

"Kayo ay ilan sa natatanging mga anak sa mundo, at mahal kayo ng Diyos," sabi ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol sa mga Banal sa mga Huling Araw sa Mozambique habang siya ay nasa Africa Southeast Area. Labing-isang taon matapos mailaan ang bansang ito para sa pangangaral ng ebanghelyo, si Elder Scott ay bumalik noong Enero 2011 at nakitang malaki ang iniunlad ng Simbahan dito.

Sa unang pagbisita ni Elder Scott, 40 lamang ang miyembro ng Simbahan sa Mozambique, at ang bansa ay bahagi ng South Africa Johannesburg Mission. Sa pangalawa niyang pagbisita, naging mahigit 5,000 na ang mga miyembro ng Simbahan na naninirahan sa 2 district, 19 na branch, at 3 group meeting sa buong bansa. Ang Mozambique ay headquarters din ng Mozambique Maputo Mission, na sumasakop sa buong Mozambique at Angola.



LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI ELDER NEIL L. ANDERSEN

*Si Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nakipagpulong sa mga miyembro at misyonero sa Pacific Area.*

Bago umalis, nag-ukol ng panahon si Elder Scott para makausap at pasalamatan ang mga doktor na nasa Mozambique na kasama ng humanitarian aid program ng Simbahan.

## Pinalakas nina Elder Bednar at Elder Andersen ang mga Banal sa Pacific

Ang mga miyembro at misyonero ng Simbahan sa Pacific ay tinagubilinan, pinasigla, at pinalakas kamakailan ng dalawang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol na sina Elder David A. Bednar at Elder Neil L. Andersen.

Pinulong ni Elder Bednar ang mga misyonero at miyembro sa Tonga, New Zealand, Hawaii, at Marshall Islands. Para sa mga miyembro sa Marshall Islands, ang pagbisita ni Elder Bednar ay mahalaga, dahil pinaniniwalaang ito ang kauna-unahang pagkakataon na may bumisitang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Ginampanan ni Elder Andersen ang mga gawain sa Australia, Papua New Guinea, New Zealand, at French Polynesia.

"Sa paglalakbay namin sa mga pulo ng dagat at sa kadulu-duluhang mga bahagi ng mundo, nakikita naming nasa lahat ng dako ang Simbahan," sabi ni Elder Bednar. "Ito ay matatag na nakatayo, umuunlad, at may matatapat at mabubuting miyembro. Talagang isang himala ito." ■

*Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paglilingkod ng makabagong mga propeta at apostol, pumunta sa lds.org/study/prophets-speak-today.*

## Nahikayat ng Pananampalataya at Pamilya ang mga Taga New Caledonia na Pumunta sa Templo

Noong Enero, 147 miyembro ng Simbahan mula sa New Caledonia ang nag-ukol ng isang buwan sa Hamilton, New Zealand, upang pumunta sa templo roon.

Para sa marami ito ang unang pagkakataon na nakapasok sila sa templo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Para sa iba ito ay taunang ginagawa.

"Wala kaming templo sa New Caledonia, at karamihan sa mga miyembro ay mula sa mahihirap na pamilya," sabi ni Georgie Guidi, kasama sa grupo. "Ang mga magulang ay nagtatrabaho nang buong taon para makaipon ng pera sa pagpunta sa templo." Ang templo ay mahigit 1,000 milya (1,600 km) ang layo mula sa mga tahanan ng mga miyembrong ito.

Sinabi niya na kaya sila handang magpunta sa New Zealand ay dahil ang naranasan nila sa loob ng templo ay nagpalakas sa pananampalataya nila kay Jesucristo at nagbuklod sa kanilang mga pamilya.

Idinagdag ni Gerard Mou-Tham, district president sa New Caledonia, na "ang pagpunta sa templo ay isang pagkakataon para sa marami na palakasin ang kanilang pananampalataya at mas mapalapit sa Diyos." ■

## MAIIKLING BALITA SA **BUONG MUNDO**

### Binigyan ang Prime Minister ng Solomon Islands ng Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo

Ang Simbahan ay nagbigay ng isang kopya ng "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," (*Liahona,* at *Ensign* Nob. 2010, 128) sa prime minister ng Solomon Islands, na si Danny Philip, sa maikling seremonya noong Biyernes, Enero 21, 2011

Nagkita-kita sina Elder Dirk Smibert, Area Seventy, at iba pang mga kinatawan ng Simbahan sa tahanan ng prime minister at binigyan siya ng paghahayag at ng maliit na estatwa ng isang pamilya.

### Ibinalita ang Petsa ng Open House ng El Salvador Temple

Inanyayahan ng Unang Panguluhan ng Simbahan ang mga miyembro at ang publiko na libutin ang San Salvador El Salvador Temple sa open house nito na gaganapin mula Biyernes, Hulyo 1, 2011, hanggang Sabado, Hulyo 23, 2011, maliban sa mga araw ng Linggo.

Isang pagdiriwang ng kultura ang idaraos sa Sabado, Agosto 20, 2011, na susundan ng paglalaan ng templo kinabukasan.

### Itinulot ng Website na Makapagbahagi ng mga Talento ang mga Miyembro upang Mapatatag ang Simbahan

Ang Helping in the Vineyard ay isang bagong website ng Simbahan na nilikha upang tugunan ang dumaraming bilang ng mga proyektong nangangailangan ng mga boluntaryo kung saan maaaring makatulong ang mga miyembro ng Simbahan. Kabilang sa mga proyekto ang pagsasalin, FamilySearch indexing, potograpiya, pag-tag ng mga video at larawan, at gawaing editoryal at makukuha saanmang lugar na may Internet access.

Umaasa ang mga lumikha sa Vineyard na 10,000 boluntaryo ang magrerehistro sa mga proyektong online sa taong 2011. Ang mga miyembro ay maaaring mag-sign up upang makabahagi sa vineyard.lds.org, sa Ingles lamang sa ngayon.

### Binuksan ng Museum ang Bagong Eksibit ng mga Bata

Ang Church History Museum sa Salt Lake City ay nagtanghal ng dalawang bagong eksibit na nagtatampok sa malikhaing kapaligiran sa pag-aaral at gawang-sining ng mga bata.

Ang *The Gospel Blesses My Life* ay nagtatampok ng gawang-sining ng mga bata mula sa 42 bansa sa iba't ibang panig ng mundo na naglalarawan kung paano pinagpapala ng kaalaman sa ebanghelyo ni Jesucristo ang buhay.

Ang *A Book of Mormon Fiesta: A Latin American Celebration* ay nagtatampok sa mga bahaging interactive na nagdiriwang sa pamana ng taga-Latin America sa Simbahan at naglalahad ng mga kuwento tungkol sa mga miyembrong taga-Latin America.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga eksibit, pumunta sa churchhistorymuseum.org. ■

## KOMENTARYO

### Lakas-ng-Loob na Maging Mas Matatag

Araw-araw kong pinag-iisipan ang payo na natatanggap ko sa *Liahona*. Tinutulungan ako nito sa mga desisyon ko sa araw-araw, at dama kong mas tapat kong naipapamuhay ang ebang-helyo. Ang magasin ay nagbigay sa akin ng lakas-ng-loob na maging mas matatag pa.

**Ramon Cristopher Hipolito Villaluna, Pilipinas**

### Lumulutas ng Mahihirap na Problema

Ang mga mensahe sa *Liahona* ay nagpapalakas sa akin. Kapag kailangan kong gumawa ng tila napakahirap na desisyon, binabasa kong muli ang mga mensahe at nakikita ko ang perpektong solusyon. Sana po palagi ninyong isama ang Mensahe ng Unang Panguluhan at Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw.

**Evelyn Forson, Ghana**

### Ito ang Katotohanan

Ang *Liahona* ang gabay sa buhay ko mula nang sumapi ako sa Simbahan 15 taon na ang na-kararaan, at nakatatanggap ako ng malakas na impresyon mula sa Espiritu kapag binabasa ko ito. Ito ang aking kanlungan sa oras ng kalungkutan. Kapag binabasa ko ang mga kuwento ng mga Banal sa iba't ibang dako ng mundo at ang mga salita ng mga General Authority nakadarama ako ng kapanatagan, kapayapaan, at patunay na ito ang katotohanan.

**Felipe Urbina, Costa Rica**

*Mangyaring ipadala ang inyong mga komentaryo o mungkahi sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.*

## MGA IDEYA PARA SA **FAMILY HOME EVENING**

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na maaaring gamitin para sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.*

**"Ang Tunay na Landas Tungo sa Kaligayahan,"** p. 28: Matapos ibahagi ang artikulo sa inyong pamilya, pag-isipan ang mga tanong na ito: Paano naaapektuhan ng mga desisyong ginawa natin ngayon ang kaligayahan sa hinaharap? Paano tayo maka-sisiguro na tama ang mga desisyon natin?

**"Ang Bisa ng Edukasyon,"** p. 42: Ang awtor ng artikulong ito ay naantig sa sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley tungkol sa edukasyon: "Kailangang pag-aralan ninyo ang lahat ng maaari ninyong pag-aralan. Isakripisyo . . . ang anumang bagay na ka-ilangang isakripisyo upang maging marapat ang inyong sarili sa gawain sa mundo." Bilang pamilya, talakayin ang sakripisyo at mga pagpapala na nagmumula rito.

**"Turuan ang Tao na Mangisda,"** p. 54: Basahin o ibuod ang artikulong ito sa inyong pamilya. Paano naghanda si Ezra na harapin ang mga pagsubok sa kanyang buhay? Paano siya tinulungan ng Ama sa Langit? Pag-usapan ang magagawa ng inyong pamilya upang makapaghanda.

**"Magtiwala sa Panginoon,"** p. 60: Basahin ang artikulo bilang isang pamilya. Hilingin sa mga kapamilya na ibahagi ang mga karanasan nila nang masagot ang kanilang mga panalangin. Talakayin ang iba't ibang paraan na masasagot ng Ama sa Langit ang mga panalangin at ang kaha-lagahan ng pagtitiwala sa Kanya.

### Ang mga Tanong ng Aking Anak

Bilang bishop ng aming ward, hinikayat ko ang mga magulang na bigyan ng pagka-kataon ang kanilang mga anak na magturo sa family home evening. Nagpasiya kaming mag-asawa na gawin ang sinabi ko.

Ang aming anak na lalaki ang unang nagturo, at natuwa kami sa itinuro niya tungkol sa panalangin. Ang anak naman naming babae ang nagturo nang sumunod na Lunes. Siya ay nabinyagan ilang buwan pa lang ang nakararaan. Ang paksa niya ay tungkol sa nilikha ng Diyos. Marami siyang itinanong, na sinagot naman namin. Pagka-tapos ay nagpatotoo siya at tinapos na ito.

Sabi ng anak kong lalaki, "Hindi mo pa kami naturuan; nagtanong ka lang sa amin." Ngunit sinabi ko sa pamilya ko na naantig ako nang sabihin ng asawa ko, sa pagsagot sa isa sa mga tanong, na nagpapa-salamat siya sa Diyos sa paglikha ng pamilya at pagbibigay sa kanya ng isang mabait na pamilya at mapagmahal na asawa. Sinabi ko sa kanila na ang aking puso ay puno ng pasasalamat nang masagot ng bunso kong anak ang tanong na "Sino ang lumikha ng mundo?" sa pagsasabing, "Si Jesus." Nakita ko rin ang magagandang kaisipan sa iba pa nilang mga sagot.

Kaya bagama't hindi "nagturo" ang aking anak na babae tulad sa inaasahan ng aking anak na lalake, ang kanyang lesson—at iba pang itinuro ng aking mga anak—ang mga paborito kong family home evening.

**Richard Ikpegbu, Nigeria**

# PAGTATAYO SA MATIBAY NA PUNDASYON

**Ni Joshua J. Perkey**
Mga Magasin ng Simbahan


Hindi kalayuan mula sa kalakhan ng Ohio River makikita ang isang maliit na bayan sa hangganan ng Louisville, Kentucky, na tinatawag na Anchorage. Dating isang sakahan kung saan huling idinadaong ng kapitan ang barko, ito ay naging tirahan ng mga pamilya na iba't iba ang pananampalataya.

Natutuhan ko sa simbahan doon, sa tahanan, at habang sinisiyasat ang kamangha-manghang likha sa ilalim ng mga kahoy ng puno ng sycamore, oak, maple, chestnut, at willow, ang isa sa mga pangunahing paniniwala ng Kristiyanismo: na si Jesus ay dumating bilang dalubhasang guro, binibilinan tayo na mamuhay sa kabutihan at katapatan.

Ang mga magulang ko ay mabubuting tao at tapat sa kanilang simbahan. Tinuruan nila ako kung paano maging isang mabuting tao at na may ilang mga bagay na tama, tulad ng pagiging mabait sa kapwa, at may ilang mga bagay na mali, tulad ng pagnanakaw. Sa kabilang banda, itinuro din nila na ang pinaniniwalaan ng isang tao na totoo ay kasing totoo rin ng pinaniniwalaan ng isa pang tao, kahit na ang mga paniniwalang iyon ay magkaiba ng batayan. Sa pilosopiyang ito, sa pagkakaunawa ko, walang alituntunin na walang hanggan na akmang-akma para sa lahat, mga personal na pananaw lamang na karapatan at obligasyon ng matatalinong tao na alamin ang totoo para sa kanilang sarili.

Dahil sa kinasasaligang mga turong iyon na may kinalaman sa asal ng tao, nahirapan akong paniwalaan ang turo sa akin ng mga misyonero tungkol sa pangangailangan sa Pagbabayad-sala, karapatan ng priesthood, at mga propeta. Katunayan, bago ako lubusang naniwala umabot sa anim na taon ng pagtatanong kung sino ako, ano ang paniniwala ko, at kung talagang may Diyos na nagtatag ng mga walang hanggang alituntunin ng katotohanan at kamalian, kasalanan at ibubunga nito.

Kamangha-manghang nakatanggap ako ng espirituwal na patunay, ngunit hindi ito dumating sa akin hangga't hindi sapat ang pagpapakumbaba ko para matanggap ito.



*Ang patotoo ay maaaring maging matatag.*

Unang dumating ang patotoo tungkol sa binyag, pagkatapos sa Aklat ni Mormon, pagkatapos kay Joseph Smith bilang totoong propeta. Sumunod ang karagdagang mga patotoo, nang taludtod sa taludtod, hinggil sa mga propeta at apostol ngayon.


Sa huli, dumating ang sandali sa buhay ko na hindi lang ako basta naniwalang totoo ang ebanghelyo—alam kong totoo ito. Ang maraming maliliit na patotoo ay lumikha ng isang pundasyon na nagpatibay sa aking pananampalataya, isang proteksyon laban sa paghina ng patotoo.

Karapatan natin na humingi ng mga sagot sa Panginoon. At dapat patuloy nating pangalagaan ang ating espirituwalidad sa araw-araw upang manatiling malakas ang ating patotoo. Ngunit alam ko rin na sa programa ng Panginoon, hindi makatutulong ang palaging pagtatanong tungkol sa mga alituntuning napatotohanan sa atin. Katunayan, maaari itong humantong sa apostasiya.

Hindi na ako nalilito pa ng mga turo noong aking kabataan. Alam ko na kapag nagsalita ang propeta, ang kanyang mga salita ay mula sa Diyos. Kapag may mga pangyayaring sumusubok sa aking patotoo, nagtitiwala ako sa patotoong natanggap ko na, at pagkatapos ginagawa ko ang lahat ng makakaya ko upang ipamuhay ito. Iyan ang daan tungo sa kapayapaan; iyan ang daan tungo sa kaligayahan. ■

# Ang Planong Pangkapakanan ng Simbahan

**IPINAGDIRIWANG ANG 75 TAON NG PAGTUSTOS SA SARILING PANGANGAILANGAN AT PAGLILINGKOD**




*"Ang ating pangunahing layunin ay magtayo ng . . . sistema na kung saan mapapawi ang sumpa ng katamaran, mawawala ang kasamaan ng paglilimos, at minsan pang makintal sa ating mga tao ang pagtayo sa sariling paa, kasipagan, katipiran, at paggalang sa sarili. Ang layon ng Simbahan ay tulungan ang mga tao na tulungan ang kanilang sarili. Ang trabaho ay dapat muling bigyan ng halaga bilang pangunahing alituntunin sa buhay ng mga miyembro sa ating Simbahan."*

**Pangulong Heber J. Grant** (1856–1945), sa Conference Report, Okt. 1936, 3; tingnan din sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Heber J. Grant* (2002), 127.





PAGLALARAWAN NI NOEL MAGLAQUE; MAKASAYSAYANG MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY ARCHIVES

## MGA NILALAMAN

**82** Isang Liham mula sa Unang Panguluhan
**83** Pagtulong Ayon sa Paraan ng Panginoon
**84** Pitumpu't Limang Taon ng Masinop na Pamumuhay
**85** Maunawaan ang Kahalagahan ng Pagtustos sa Sariling Pangangailangan
**92** Dagdagan ang Ating Mahabaging Paglilingkod sa Pamamagitan ng Pagsunod sa Tagapagligtas
**93** Ang Lakas ng Nakararami
**96** Gawing Bahagi ng Inyong Buhay ang mga Tuntunin ng Gawaing Pangkapakanan

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
ANG NAMUMUNONG OBISPADO
50 East North Temple Street, Salt Lake City, Utah 84150-1300

Hunyo 1, 2011


Mahal naming mga kapatid:

Sa taong ito ang ika-75 anibersaryo ng pagkakatatag ng programang pangkapakanan [welfare program] ng Simbahan. Ang kasunod na mga pahina ay maglalahad sa inyo ng kaunting bahagi ng kasaysayan kung paano nabuo ang programa. Ipababatid din nito sa inyo ang gawaing pangkapakanan ng Simbahan sa buong mundo at ipakikita ang mga alituntunin ng gawaing pangkapakanan na isinasagawa ng mga miyembro ng Simbahan sa iba't ibang panig ng mundo.

Ang anibersaryong ito ay nagsisilbi ring paanyaya at paalala sa ating lahat na matustusan pa ang sarili nating pangangailangan at tularan ang Tagapagligtas sa pagtulong sa mga tao na tulungan ang kanilang sarili. Inaanyayahan namin kayo at ang inyong pamilya na may panalanging pag-isipan at kumilos ayon sa mga alituntunin ng gawaing pangkapakanan at pagtustos sa sariling pangangailangan habang nirerepaso ninyo ang espesyal na bahaging ito.

Tapat na sumasainyo,

Ang Unang Panguluhan



*Tinularan ng mga Banal sa lahat ng dispensasyon ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan.*

DETALYE MULA SA *POOL OF BETHESDA,* NI CARL HEINRICH BLOCH, SA KAGANDAHANG-LOOB NG BRIGHAM YOUNG UNIVERSITY MUSEUM OF ART

# Pagtulong Ayon sa Paraan ng Panginoon

Panahon iyon ng malaking pagkalugi sa stock market. Ang mga bangko at iba pang mga institusyon sa pananalapi ay nagsara. Dumami ang mga walang trabaho. Nawalan ng tirahan ang mga tao. Ang mga pamahalaan ay namagitan gamit ang mga programang ginastusan nang malaki sa pagsisikap na baligtarin ang sitwasyon. Parami nang parami ang mga taong napilitang umasa sa mga ahensya ng pamahalaan para sa pagkain at iba pang mga pangangailangan.

Ang paglalarawang ito ng 1930s ay akma din sa kasalukuyang panahon. Noon—hanggang ngayon—ang planong pangkapakanan ng Simbahan ay nariyan upang "tulungan ang mga tao na tulungan ang kanilang mga sarili,"[1] sa panahon ng kalamidad, malawakang pagbagsak at paghina ng ekonomiya, at sa mas maliit, mas personal na mga pagsubok na maaaring maranasan ng mga pamilya at ng bawat isa sa anumang oras.

Bagama't ang planong pangkapakanan na alam natin ngayon ay pinasimulan lamang noong 1936, isinagawa na ng mga Banal sa *bawat* dispensasyon ang mga alituntunin ng masinop na pamumuhay dahil ang Tagapagligtas na si Jesucristo ang arkitekto ng planong pangkapakanan. Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: "Ang Panginoon ay naglaan ng paraan nang sabihin niyang, 'At ang kamalig ay pananatilihin sa pamamagitan ng mga paglalaan ng simbahan; at ang mga balo at ulila ay paglalaanan, gayon din ang mga maralita.' (D at T 83:6.) Sumunod ang paalalang, 'Subalit ito ay talagang kinakailangang magawa sa aking sariling pamamaraan' (D at T 104:16)."[2]

Upang makatulong sa paraan ng Panginoon, kailangang tustusan natin ang ating sarili pangangailangan at pagkatapos ay hangaring tulungan ang iba na matustusan ang kanilang pangangailangan. "Tumutulong ang matatapat na kalalakihan at kababaihan na maisagawa ang malawak at binigyang inspirasyong programang ito," sabi ni Pangulong Monson. "Ang totoo, hinding-hindi magtatagumpay ang planong ito sa pagsisikap lamang, dahil ang programang ito ay naisasagawa sa pamamagitan ng pananalig sa pamamaraan ng Panginoon."[3]

Ang ika-75 anibersaryo ng planong pangkapakanan—na ipinagdiriwang sa taong ito—ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga Banal sa mga Huling Araw na pag-isipang mabuti ang mga pangunahing alituntunin tulad ng pagtustos sa sariling pangangailangan, pangangalaga sa maralita at nangangailangan, at paglilingkod sa kapwa. Kapag ipinamumuhay natin ang mga alituntuning ito, mas maiibsan natin ang paghihirap, mahuhubog ang pagkatao, at makahihikayat ng pagkakaisa.

**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Heber J. Grant* (2002), 127.
2. Thomas S. Monson, "The Way of the Lord," *Ensign,* Nob. 1977, 7.
3. Thomas S. Monson, *Ensign,* Nob. 1977, 7.

> *"Ang tunay na panghabang-buhay na layunin ng planong pangkapakanan ay hubugin ang pagkatao ng mga miyembro ng Simbahan, ng nagbibigay at tumatanggap, pinananatili ang lahat ng mabuting katangian nila, at pinamumulaklak at pinamumunga ang tagong yaman ng espiritu, na siya namang tunay na misyon at layunin at dahilan ng pagkakatatag ng Simbahang ito."*
>
> **Pangulong J. Reuben Clark Jr.** (1871–1961), Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, sa Glen L. Rudd, *Pure Religion: The Story of Church Welfare Since 1930* (1995), 301.

*Mga larawan sa pahina 81–Itaas: Ang mga miyembro ay nagdiskarga ng mga pagkain sa Bishops' Central Storehouse sa Salt Lake City, 1937. Gitna: Ang mga kabataang Pilipino ay nagpupunla ng mga binhi sa halamanan. Ibaba: Ang mga miyembro ay nagtatrabaho sa isang stake welfare farm sa Utah, 1948.*



# Pitumpu't Limang Taon ng Masinop na Pamumuhay

Kahit hindi pa opisyal noon ang planong pangkapakanan ng Simbahan, kinilala ng mga Banal noon ang kahalagahan ng pagtustos sa sariling pangangailangan, pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan, at paglilingkod sa kapwa. Sinabi ni Propetang Joseph Smith, "Ang isang taong puspos ng pag-ibig ng Diyos, ay hindi kuntentong pamilya lamang niya ang mapagpala, kundi ang buong mundo, sabik na mapagpala ang buong sangkatauhan."[1]

Hindi nagtagal matapos maitatag ang Simbahan, ang maliliit na bishops' storehouse at tithing office ay itinayo upang tulungan ang mga nangangailangan. Pinasimulan ni Joseph Smith ang pagkalap ng mga handog-ayuno sa Kirtland, Ohio, noong 1830s.[2] Ang alituntunin ng ikapu ay inihayag din sa panahong ito (tingnan sa D at T 119). Ang mga ikapu at handog-ayuno ay binayaran sa pamamagitan ng pagtatrabaho, mga kita o ani, at iba pang mga bagay. Pinangasiwaan ng mga bishop at branch president ang pamamahagi ng mga bagay na ito sa kaparaanang katulad ngayon.[3]


Marami sa mga Banal noon ang nagsikap na suportahan ang kanilang sarili. Upang maalis ang katamaran, ang mga lider at miyembro ng Simbahan ay nagkaisa sa paghahanap ng mga paraan na makalikha ng ikabubuhay. Ang ilan ay nakapagtrabaho sa mga ipinatatayong gusali ng Simbahan at mga proyekto ng pamahalaan. Ang iba ay nagsaka at nagbenta ng kalakal para tustusan ang kanilang sarili at kanilang pamilya. Dahil sama-sama silang nagtrabaho, ang mga Banal ay nabiyayaan nang sapat na makatutugon sa kanilang mga pangangailangan.

Bagama't iba ang mga pagsubok sa ating panahon, patuloy na itinataguyod ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang sarili at pinangangalagaan ang mga maralita at nangangailangan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga turo ng Tagapagligtas at sa halimbawang ipinakita ng nagdaang mga henerasyon.

**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 387.
2. Tingnan sa Howard W. Hunter, "Fast Day," *Ensign,* Nob. 1985, 72.
3. Tingnan sa Glen L. Rudd, *Pure Religion* (1995), 2, 4.

*Ang impormasyon sa kasaysayang ito ay nagmula sa sumusunod na mga sanggunian, maliban kung iba ang nakasaad: Susan Clayton Rather,* Supporting the Rescue of All That Is Finest *(2005); Glen L. Rudd,* Key Moments in Church Welfare Services *(2008); Glen L. Rudd,* Important Events for Historical Church Welfare *(1999); Glen L. Rudd,*
A Brief History of the Church Employment Program *(1998); Glen L. Rudd,* Pure Religion *(1995).*



**1936**

- Abril 6: Ibinalita ni Pangulong Heber J. Grant at ng kanyang mga tagapayo ang planong pangseguridad ng Simbahan sa pangkalahatang kumperensya.
- Oktubre: Binuo ng Simbahan ang General Welfare Committee.

> ***"Kapag nag-aayuno tayo, . . . nagugutom tayo. At sa maikling panahon, literal nating inilalagay ang ating sarili sa katayuan ng mga nagugutom at nangangailangan. Habang ginagawa natin ito, nagkakaroon tayo ng higit na pang-unawa sa mga bagay na ipinagkakait sa kanila. Kapag nagbibigay tayo sa [bishop] ng handog upang ibsan ang paghihirap ng iba, hindi lang tayo gumagawa ng kadakilaan para sa iba, kundi gumagawa rin tayo ng napakagandang bagay para sa ating sarili."***
>
> **Elder Joseph B. Wirthlin** (1917–2008) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Batas ng Ayuno," *Liahona,* Hulyo 2001, 90; *Ensign,* Mayo 2001, 73.



*Ang mga Banal sa Central Valley sa California ay nagtatrabaho sa ubasang pag-aari ng Simbahan sa Madera, California, USA. Ang ubasan ay nakagagawa ng daan-daang tonelada ng mga pasas na magagamit ng mga maralita sa iba't ibang dako ng mundo.*



*Kaliwa, itaas: Ang mga Banal na Dutch ay nag-ani at nagkarga ng mga patatas para sa mga Banal na Aleman noong 1947. Itaas: Ang food-production training sa Ecuador ay nakatulong sa mga miyembro na maragdagan pa ang kanilang aning pananim.*

ITAAS, MULA KALIWA: MGA LARAWANG KUHA NI CORNELIUS ZAPPEY, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY ARCHIVES; NINA HOWARD COLLETT; AT PETER EVANS

# Maunawaan ang Kahalagahan ng Pagtustos sa Sariling Pangangailangan

Maaaring akalain ng maraming miyembro na ang programang pangkapakanan ay tumutulong lang sa mga miyembro na pansamantalang nasa mahirap na kalagayan. Ngunit ang layunin ng planong pangkapakanan ng Simbahan ay higit pa riyan; hinihikayat din nito na gawing bahagi ng pamumuhay ang pagtustos sa sariling pangangailangan. Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson na ang pagtustos sa sariling pangangailangan—"ang abilidad, tapat na pangako, at pagsisikap na tustusan ang sariling pangangailangan sa buhay at ng pamilya"[1]—ay mahalagang aspeto ng ating temporal *at* espirituwal na kapakanan.[2]

Ang hangarin lamang na matustusan ang sariling pangangailangan ay hindi sapat. Dapat tayong maging masigasig sa paglalaan ng sarili nating pangangailangan at ng ating pamilya. Ipinaalala sa atin ni Bishop H. David Burton, Presiding Bishop, na kapag nagawa na natin ang lahat para matustusan ang sariling pangangailangan, "makababaling tayo sa Panginoon nang may tiwala upang hingin ang anumang kulang pa sa atin."[3] Ang pagtustos sa sariling pangangailangan ay nagtutulot sa atin na pagpalain ang iba. Sinabi ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Sa pag-asa sa sarili lang natin tunay na matutularan ang Tagapaglitas sa paglilingkod at pagpapala sa iba."[4]

Ang pagtustos sa sariling pangangailangan ay kinabibilangan ng iba't ibang aspeto ng balanseng



**1937**

- Itinatag ng Simbahan ang unang Bishops' Central Storehouse, sa Salt Lake City.



**1938**

- Ang lupain ng Welfare Square ay binili sa Salt Lake City, at sinimulan ang pagtatayo.
- Abril: Ang planong pangseguridad ng Simbahan ay tinawag na planong pangkapakanan ng Simbahan.
- Agosto 12: Binuksan ng Simbahan ang una nitong Deseret Industries thrift store, sa Salt Lake City.



pamumuhay, (1) edukasyon, (2) kalusugan, (3) trabaho, (4) paggawa o pag-iimbak ng pagkain sa tahanan, (5) pananalapi ng pamilya, at (6) espirituwal na lakas.

**1. Edukasyon**

Inutos sa atin ng Panginoon na "maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (D at T 88:118). Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): "Naniniwala tayo sa edukasyon. Hinihikayat ng Simbahang ito ang pag-aaral. May tungkulin ang bawat miyembro ng Simbahang ito, bilang utos mula sa Panginoon, na pag-aralan ang lahat ng maaaring pag-aralan. . . . Iniutos mismo ng Panginoon sa mga Banal sa mga Huling Araw na bigyan natin ng kaalaman ang ating isipan at ng kasanayan ang ating mga kamay."[5]

Ang makapag-aral ang layunin ni Roberto Flete Gonzalez ng Dominican Republic, na nag-aral sa kolehiyo pagkauwi mula sa kanyang misyon. Pumayag ang kanyang ama na tustusan ang mga gastusin ni Roberto para mapagtuunan niyang mabuti ang kanyang pag-aaral, ngunit hindi nagtagal, namatay ang kanyang ama, at iniwang kapos sa pera ang pamilya.

Huminto sa pag-aaral si Roberto para suportahan ang kanyang sarili, ang kanyang ina, at kapatid. Inisip niya kung paano siya makatatapos ng pag-aaral.

Ilang linggo kalaunan ibinalita ni Pangulong Hinckley ang Perpetual Education Fund, "isang mapangahas na gawain" na tutulong sa mga kabataang nasa mahihirap na lugar na "makaahon sa kinamulatan nilang kahirapan."[6] Nag-aplay si Roberto at napautang ng PEF, kaya nakapagpatuloy siya sa pag-aaral. Ang oportunidad na ito ay hindi lang nakatulong sa mga gastusin, kundi nakatulong din ito kay Roberto na magkaroon ng lakas ng loob na mag-asawa at bumuo ng pamilyang walang hanggan dahil alam niyang maitataguyod niya sila.

Nakapagtapos si Roberto ng medisina habang naglilingkod bilang bishop at naging unang miyembro ng Simbahan na napabilang sa National Board of Dominican Medical Schools. Ngunit ang pinakamagagandang ibinunga nito, sabi niya, ay nasa tahanan. "May mga pagbabago na sa aking pamilya ngayong nakaahon na kami sa kinamulatang kahirapan," sabi niya. "Nagpapasalamat ako na hindi na matutulad

> *"Lahat ng natutuhan nating totoo habang narito tayo sa lupa ay kasama sa pagbabangon natin sa Pagkabuhay na Mag-uli. At lahat ng natutuhan natin ay magpapaibayo sa kakayahan nating maglingkod."*
>
> **Pangulong Henry B. Eyring,** Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Education for Real Life," *Ensign,* Okt. 2002, 21.




**1939**
- Sinimulan ang pagtatrabaho sa unang storehouse at pabrika ng de-lata sa Welfare Square.



**1940**
- Agosto 27: Inilaan ni Pangulong David O. McKay ang imbakan ng mga butil sa Welfare Square. Ang mga miyembro ng Simbahan ay nag-ukol ng mahigit 70,000 oras ng paggawa para maitayo ito.

**1941**
- Abril 20: Sinimulan ang pagtatrabaho sa orihinal na pabrika ng gatas sa Welfare Square.





*Dulong kaliwa: Ang mga estuyanteng Banal sa mga Huling Araw ay patuloy sa pag-aaral upang mas maging handa sa pagtugon sa mahigpit na labanan sa mundo ngayon. Kaliwa: Ang pag-eehersisyo at mabuting nutrisyon ay mahalagang bahagi ng pag-aalaga at paggalang sa ating katawan.*

ITAAS, MULA SA KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NINA JOHN LUKE, ISRAEL ANTUNES, AT CRAIG DIMOND

sa akin ang buhay ng aking anak dahil nakaahon na kami sa kahirapang iyon."

Para sa karagdagang impormasyon, puntahan ang bahaging Education and Literacy ng **providentliving.org** at puntahan ang **besmart.com**, isang website na tumutulong sa mga kabataang Banal sa mga Huling Araw na maghanda para sa mas mataas na edukasyon.

**2. Kalusugan**

Dahil nilikha tayo sa larawan ng Diyos (tingnan sa Genesis 1:27), ang ating mga katawan ay templo at dapat pangalagaan at igalang (tingnan sa I Mga Taga Corinto 3:16–17).

Ang Word of Wisdom, na matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan 89, ay ang batas ng kalusugan ng Panginoon at ipinahayag kay Joseph Smith noong 1833. Itinuturo nito sa atin na dapat tayong kumain ng masusustansyang pagkain at iwasan ang mga bagay na nakapipinsala. Noon pa man ay itinuro na sa atin ng mga Apostol at propeta na iwasan ang lahat ng pagkain o gawaing pumipinsala sa ating katawan o isipan at maaaring humantong sa pagkalulong.[7]

Natutuhan ni Sainimere Balenacagi ng Fiji ang aral na ito noong tinedyer pa siya nang dumalo siya sa kasal kasama ang ilang kaibigan na hindi mga miyembro ng Simbahan. Marami sa mga taong naroon, kabilang ang mga kaibigan ni Sainemere, ang umiinom ng alak at naninigarilyo at niyaya siyang uminom. "Sa buong buhay ko itinuro sa akin na ipamuhay ang mga pamantayan ng ebanghelyo, kaya hindi ako nag-atubiling tanggihan ang alok" sabi ni Sainimere.

Alam niya na ang mga pagpapala ng pagsunod sa Word of Wisdom ay hindi lang sa kalusugan ng katawan: "Nagkaroon ako ng karagdagang proteksyon sa pagpili ng tama dahil malapit sa akin ang Banal na Espiritu. Malinaw kong nakikita na hindi nililimitahan ng mga pamantayan ang ating kalayaan; pinoprotekSyunan tayo nito para hindi malimitahan ang ating kalayaan."

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang bahaging Physical Health ng **providentliving.org**.



*Alam ni Sainimere Balenacagi ang pisikal at espirituwal na biyayang ibinubunga ng pagsunod sa Word of Wisdom.*

> *"Ang ating katawan ay tunay ngang mga templo ng Diyos. Dahil dito, dapat nating pag-isipan ang mga ipinapasok natin* sa loob *ng ating templo, ang inilalagay natin* sa *ating templo, ang ginagawa natin* sa loob *ng ating templo, at ang ginagawa natin* sa *ating templo."*
>
> **Elder David A. Bednar** ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ye Are the Temple of God," *Ensign,* Set. 2001, 18.



**1948**
- Marso 1: Nagbukas ang Simbahan ng isang regional employment office sa Salt Lake City.



**1960**
- Marso: Natapos ang bagong pabrika ng gatas sa Welfare Square.

**1963**
- Sinimulan na ang pagtatrabaho sa pabrika ng pasta at sa bagong pabrika ng de-lata sa Welfare Square.





*Itaas: Isang dalaga ang tinulungan sa isang employment resource center sa Mexico. Itaas: Sinabi ni Oséias Portinari na ang employment resource center sa São Paulo, Brazil, ay "nagbibigay sa mga miyembrong walang trabaho ng mas magandang pananaw sa buhay."*

**3. Trabaho**

Sa maraming ward at branch, ang paghahanap ng trabaho ang talagang kailangan ng mga miyembro sa pagsisikap nilang matustusan ang sariling pangangailangan. Ang mga korum ng priesthood at mga miyembro ng ward council ay makatutulong sa mga miyembrong ito. Dapat silang makipagtulungan sa mga taong ito, alamin ang makatutulong na mga ahensya sa komunidad, ituro kung sino ang personal na makatutulong sa mga nangangailangan, at kung ano ang mapapasukang trabaho. Ang lakas ng mga miyembrong nagkakaisa nang may pananampalataya upang tulungan ang mga nangangailangan ay kadalasang humahantong sa matagumpay na pagtatrabaho.

Sa ilang lugar sa mundo, ang Simbahan ay nagtayo ng mga employment resource center. Sa kasalukuyan, may mahigit 300 center sa 56 na bansa na nagbibigay ng mga serbisyong tulad ng mga career workshop, networking meeting, at job counseling. Ang bagong website ng Simbahan na LDSjobs.org ay nagbibigay din ng tulong sa mga naghahanap ng trabaho, nagpapatrabaho, at mga lider ng Simbahan.

*"Ang gusto lang ng ating Ama sa Langit ay gawin natin ang pinakamahusay na magagawa natin—na gumawa tayo sa abot ng makakaya natin, gaano man iyon kalaki o kaliit."*

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf,** Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Dalawang Alituntunin para sa Alinmang Pamumuhay," *Liahona* at *Ensign,* Nob. 2009, 56.

Pagkatapos matanggal sa trabaho si Oséias Portinari ng Brazil, mahigit dalawang buwan siyang naghanap ng bagong trabaho. Nang hindi makakita ng trabaho, nagpasiya siya na maging boluntaryo sa employment resource center sa kanilang bayan sa São Paulo, Brazil. Ang pagtulong sa iba na makahanap ng trabaho ay nagbigay kay Oséias ng oportunidad na mapagbuti ang kanyang sariling kaalaman sa pag-iinterbyu at paghahanap ng trabaho. Ilang beses siyang dumalo sa career workshop at kalaunan ay naging instructor. Sa masigasig na paglilingkod sa iba, nagulat si Oséias nang makatanggap siya ng tawag sa mga kumpanya, na humantong sa magandang trabaho.

Nagpapasalamat si Oséias sa tulong ng Simbahan na nagbibigay sa mga miyembrong walang trabaho ng mas magandang pananaw sa buhay. Sabi niya, "Alam ko na kung magsisikap tayo, bibigyan tayo ng oportunidad ng Panginoon."

Para sa karagdagang impormasyon, puntahan ang **LDSjobs.org**, **employment.lds.org**, o ang inyong pinakamalapit na employment resource center.

**1973**
- Nilikha ng Simbahan ang LDS Social Services para tulungan ang mga pamilya.



**1976**
- Ang mga welfare facility ay ipinalaganap sa iba't ibang dako ng Estados Unidos at Canada.
- Marso 29: Natapos ang bagong bishops' storehouse sa Welfare Square.

**1978**
- Binuo ng Simbahan ang Emergency Response Committee para tulungan ang milyun-milyong tao sa buong mundo na napinsala ng mga kalamidad.

**4. Paggawa at Pag-iimbak ng Pagkain sa Tahanan**

Noong 2007 inilunsad ng Simbahan ang *Ihanda ang Bawat Kinakailangang Bagay: Pag-iimbak ng Pagkain ng Pamilya sa Tahanan,* isang polyeto na nagbibigay ng pinasimpleng pamamaraan ng pag-iimbak ng pagkain ng pamilya sa tahanan. Hinihikayat ng Unang Panguluhan ang mga miyembro sa iba't ibang panig ng mundo na pagtuunan ng pansin ang pagkakaroon ng suplay ng mga pangunahing pagkain at tubig at pag-iimpok. Ang mga miyembro ay maaaring magsimulang gumawa o bumili ng ilang sobrang aytem at magtabi ng kaunting pera hangga't kaya nila. Sa pagsunod sa hakbang na ito, ang mga miyembro ay magkakaroon ng imbak na pagkain sa tahanan at ipong pera na tutugon sa kanilang mga pangangailangan.[8]

Matapos malaman ang payong ito, ang pamilya Lugo ng Valencia, Venezuela, ay nabigyang-inspirasyon na simulan ang pag-iimbak ng pagkain sa kanilang tahanan. Linggu-linggo nagsimula silang magtabi ng kaunting pagkain, tubig, at pera. Kahit maliit ang kanilang kinikita, nagawa nilang makapag-imbak nang malaki makaraan lamang ang ilang buwan. Kalaunan sa taong iyon dahil sa pagwewelga ng mga manggagawa sa Venezuela maraming manggagawa sa lugar ang nanganib na mawalan ng trabaho. Kasama si Brother Omar Lugo sa mga nawalan ng trabaho kalaunan.

Halos umabot ng dalawang taon bago nakahanap ng trabaho si Brother Lugo. Sa panahong iyan, nabuhay si Brother Lugo at ang kanyang pamilya sa naipon nila at naimbak na pagkain. Sa kabila ng mahihirap na pagsubok ng kawalan ng trabaho, nakadama ng kapayapaan at kapanatagan ang mga Lugo dahil handa sila. Hinarap nila ang walang katiyakang kinabukasan nang may tiwala, batid na sinunod nila ang payo na unti-unting mag-imbak ng pagkain sa tahanan.[9]

Para sa karagdagang impormasyon, puntahan ang bahaging Family Home Storage ng **providentliving.org** o kaya'y basahin ang polyetong *Ihanda ang Lahat ng Kinakailangang Bagay: Pag-iimbak ng Pagkain ng Pamilya sa Tahanan*.

KALIWANG ITAAS: PAGLALARAWAN NI WELDEN C. ANDERSEN; KANANG ITAAS: MGA LARAWANG KUHA NI HOWARD COLLETT






*Ang mga pamilya sa Democratic Republic of Congo ay magkakasama sa pagtatanim ng kamoteng-kahoy bilang pangunahing pagkain at ang ugat ay ginagawang harina para magamit sa araw-araw at maimbak nang pangmatagalan.*

***"Ang bagong programang ito [ng pag-iimbak sa tahanan] ay kayang sundin ng lahat. Ang unang hakbang ay magsimula. Ang ikalawa ay magpatuloy. Hindi mahalaga kung gaano kabilis natin itong magagawa bagkus ay magsimula tayo at magpatuloy ayon sa ating mga kakayahan."***

**Bishop H. David Burton,** Presiding Bishop, sa "Pag-iimbak ng Pagkain ng Pamilya sa Tahanan: Isang Bagong Mensahe," *Liahona,* Mar. 2009, 14; *Ensign,* Mar. 2009, 60.



**1980s**
- Itinatag ang unang mga employment center sa labas ng Estados Unidos, sa Argentina, Chile, Paraguay, at Uruguay.

**1981**
- Nagtayo ang Simbahan ng Deseret Industries thrift store sa Welfare Square.



**1982**
- Setyembre 10: Dinalaw ni U.S. president Ronald Reagan ang mga welfare facility sa Ogden, Utah.





*Ayon kina Devon at Michaela Stephens ang pagbabadyet ay nakatulong sa kanilang "kontroling mabuti" ang kanilang gastusin.*

**5. Kabuhayan ng Pamilya**

Ang isa pang aspeto ng masinop na pamumuhay ay ang matalinong pamamahala ng ating kinikita at gastusin. Ipinayo ng Unang Panguluhan:

"Hinihimok naming maging matipid kayo sa inyong paggastos; disiplinahin ang sarili sa pamimili upang maiwasan ang pag-utang. . . .

"Kung bayad na ang inyong mga utang at mayroon kayong reserbang pondo, kahit na maliit lang, kayo at ang inyong pamilya ay makadarama ng higit na seguridad at kapanatagan ng kalooban."[10]

Ang maayos na kabuhayan ng pamilya ay nagsisimula sa pagbabayad ng mga ikapu at handog. Kapag inuuna ng mga miyembro ang Panginoon, mas napapangalagaan nila ang kanilang sarili at ang iba.

Isa pang bahagi ng maayos na kabuhayan ang pag-alam kung magkano ang inyong kinikita at gastusin at pagkontrol sa pera sa halip na hayaang ito ang magkontrol sa inyo. Noong sina Devon at Michaela Stephens ng Arizona, USA, ay gumawa ng badyet, wala silang gaanong ideya kung magkano ang nagagastos nila kada buwan. Pero nang gumawa sila ng badyet para sa bawat gastusin, natulungan sila nito na "kalimutan na ang pangangarap at harapin ang katotohanan," ang sabi ni Michaela. "Kinabahan kami nang malamang kaunti lang pala ang pera namin, pero nakakatuwa rin dahil ngayon alam na naming kontroling mabuti ang aming gastusin."

Para sa karagdagang impormasyon, puntahan ang bahaging Family Finances ng **providentliving.org** o kaya'y basahin ang polyetong *Ihanda ang Bawat Kinakailangang Bagay: Kabuhayan ng Pamilya*.

> ***"Responsibilidad nating lahat na maglaan para sa ating sarili at sa ating pamilya sa paraang kapwa temporal at espirituwal. Para masinop na makapaglaan, dapat nating sundin ang mga alituntunin ng masinop na pamumuhay: sa masayang pamumuhay ayon sa ating kinikita, pagkakuntento sa anumang mayroon tayo, pag-iwas sa labis na pag-utang, at masigasig na pag-iimpok at paghahanda para sa mga panahon ng kagipitan."***
>
> **Elder Robert D. Hales** ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pagiging Masinop na Tagapaglaan sa Temporal at sa Espirituwal," *Liahona,*at *Ensign,* Mayo 2009, 8.

**6. Espirituwal na Lakas**

Ang espirituwalidad ay mahalaga sa ating temporal at walang hanggang kapakanan. Nakararanas tayong lahat ng mga pagsubok. Ang pagsisikap na mapalakas

**1983**
- Ang Presiding Bishopric ang itinalaga na mamahala sa welfare program o programang pangkapakanan.

**1985**
- Nagsimula ang Church Humanitarian Services program.



**1990s**
- Ginamit ng Simbahan ang Humanitarian Service Center nito para sa pag-iimpake ng sobrang mga damit at iba pang suplay na ipadadala sa iba't ibang dako ng mundo bilang tugon sa kahirapan at mga kalamidad.

**1996**
- Itinatag ng Simbahan ang Latter-day Saint Charities bilang isang organisasyong hindi sakop ng pamahalaan upang mapabilis ang pagkakawanggawa sa piling mga bansa.[1]
- Itinayo ng Welfare Services ang una nitong mga bishops' storehouse at home storage center sa labas ng Estados Unidos, sa Mexico.
- Ang renobasyon ng Welfare Square ay sinimulan.

ang ating espirituwalidad ay makatutulong sa atin na harapin ang mga pagsubok na ito at umasang magiging mas maayos ang buhay.

Si Nirina Josephson-Randriamiharisoa ng Madagascar ay kasalukuyang naninirahan sa France para ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral. Nang una siyang dumating doon, nahirapan siyang harapin aang lungkot at pangungulila. "Nakahanap ako ng lakas sa pagdarasal, pagbabasa ng banal na kasulatan, at sa mapagmahal na paghihikayat ng Espiritu Santo," sabi ni Nirina. "Ang mga bagay na ito ang mas nagpalapit sa akin sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas, at nakadama ako ng kapayapaan."

Hindi nagtagal nagkaroon ng mga kaibigan si Nirina at sumali sa mga aktibidad sa loob at labas ng Simbahan at naging masaya. Ngunit isang napakalungkot na balita mula sa kanila ang gumimbal sa kanya. "Isang umaga nakatanggap ako ng balita na namatay ang kapatid kong lalaki. Hindi ko inakalang malulungkot ako nang ganoon katindi. Nang sumunod na mga araw at linggo, pinaglabanan ko ang matinding lungkot, galit, at dusa. Pati ang mga simpleng bagay ay nahirapan akong gawin."

Pagkaraan ng ilang buwan, namatay naman ang isa niyang malapit na kaibigan. Nakaragdag ito sa dinaranas na kalungkutan ni Nirina. Sandaling pumasok sa isip ni Nirina na huwag nang magsimba, ngunit naalala niya na ang mga bagay na nakatulong sa kanya sa mga nauna niyang pagsubok ay makatutulong din sa kanya ngayon.

"Tulad noong kalilipat ko pa lang sa France, nakahanap ako ng kapanatagan sa pagdarasal, pagbabasa ng banal na kasulatan, at sa Espiritu Santo. Sa pamamagitan nito mas natuklasan ko na ang Espiritu at ang doktrina tungkol sa walang hanggang pamilya ay magbibigay sa atin ng kapanatagan at na ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay tunay na nadarama sa ating buhay," sabi niya.

"Anumang pagsubok ang maranasan natin, walang 'saradong daan' sa Panginoon. Ang Kanyang plano ay plano ng kaligayahan."

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-asa sa sarili at masinop na pamumuhay, tingnan ang *Pagtulong Ayon sa Paraan ng Panginoon: Buod ng Gabay ng Lider sa Gawaing Pangkawanggawa,* na makukuha sa maraming wika sa **providentliving.org**.


**MGA TALA**

1. *Pagtulong Ayon sa Paraan ng Panginoon: Buod ng Gabay ng Lider sa Gawaing Pangkapakanan*(buklet, 2009), 1.
2. Tingnan sa Thomas S. Monson, "Guiding Principles of Personal and Family Welfare," *Tambuli,* Peb. 1987, 3; *Ensign,* Set. 1986, 3.
3. H. David Burton, "Ang Pagpapala ng Pagtatrabaho," *Liahona*, Dis. 2009, 37; *Ensign,* Dis. 2009, 43.
4. Robert D. Hales, "Isang Pananaw ng Ebanghelyo sa Pagkakawanggawa: Pagkilos ayon sa Pananampalataya," sa *Mga Pangunahing Tuntunin sa Pagkakawanggawa at Pag-asa sa Sarili* (buklet, 2009), 2.
5. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 724.
6. Gordon B. Hinckley, "Ang Perpetwal na Pondong Pang-edukasyon," *Liahona*, Hulyo 2001, 62; *Ensign,* Mayo 2001, 52.
7. Tingnan, halimbawa, ang Russell M. Nelson, "Addiction or Freedom," *Ensign,* Nob. 1988, 6; M. Russell Ballard, "O Yaong Tusong Plano Niyang Masama," *Liahona* at *Ensign,* Nov. 2010, 108.
8. Tingnan sa *Ihanda ang Bawat Kinakailangang Bagay: Pag-iimbak ng Pagkain ng Pamilya sa Tahanan* (polyeto, 2007).
9. Tingnan sa "Pag-iimbak ng Pagkain ng Pamilya sa Tahanan: Isang Bagong Mensahe," *Liahona,* Mar. 2009, 12–13; *Ensign,* Mar. 2009, 58–59.
10. *Ihanda ang Bawat Kinakailangang Bagay: Kabuhayan ng Pamilya* (polyeto, 2007).




*Natuklasan ni Nirina Josephson-Randriamiharisoa na ang patuloy na pamumuhay sa ebanghelyo ay makatutulong sa atin kahit na sa pinakamahihirap na sandali.*

***"Ang malakas na patotoo ay nagdudulot ng kapayapaan, kapanatagan, at katiyakan. Ipinadarama nito ang paniniwalang kapag palagiang sinunod ang mga turo ng Tagapagligtas, gaganda ang buhay, magiging tiyak ang kinabukasan, at magkakaroon tayo ng kakayahang daigin ang mga hamong haharang sa ating landas. Ang patotoo ay nagmumula sa pagkaunawa sa katotohanang dulot ng panalangin at pagninilay sa mga doktrina ng banal na kasulatan. Napangangalagaan ito sa pamumuhay ng mga katotohanang iyon taglay ang pananampalatayang nakasalig sa katiyakang makakamtan ang mga ipinangakong resulta."***

**Elder Richard G. Scott** ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Nagpapabagong Kapangyarihan ng Pananampalataya at Pagkatao," *Liahona,* at *Ensign,* Nob. 2010, 45.

ITAAS: PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY



**1997**
- Ang LDS Social Services ay nakapagtala ng 629 na mga napaampon sa loob ng isang taon—ang pinakamataas na bilang na naabot ng ahensiya sa ika-20 siglo.[2]




**1999**
- Marso: Sinimulan ng Welfare Services ang isang malaking proyekto para sa trabaho at nagtayo ng hanggang 50 bagong employment resource center sa iba't ibang dako ng mundo.
- Ang LDS Social Services ay pinalitan ng pangalang LDS Family Services, at pinalawak ang mga programa.



# Dagdagan ang Ating Mahabaging Paglilingkod sa Pamamagitan ng Pagsunod sa Tagapagligtas

"Ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay, ay mawawalan nito," ang turo ng Tagapagligtas, "datapuwa't sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin, ay maililigtas nito yaon" (Lucas 9:24).

Patungkol sa payong ito sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: "Naniniwala ako na sinasabi sa atin ng Tagapagligtas na maliban na kalimutan natin ang ating sarili sa paglilingkod sa iba ay kaunti lamang ang layunin ng ating buhay. Ang mga nabubuhay para sa sarili lamang nila ay nangungulunto at nawawalan ng buhay, samantalang ang mga lumilimot sa kanilang sarili sa paglilingkod sa iba ay umuunlad at nananagana—at tunay na naliligtas ang kanilang buhay."[1]

Maaaring mahirap humanap ng oras at lakas na kailangan para matulungan ang ating pamilya, kapwa, miyembro ng ward o branch, komunidad, at maging ang mga hindi natin kakilala. Kailan at paano tayo tutulong, lalo na kapag limitado lamang ang panahon ng bawat isa sa atin? Paano tayo makapaglilingkod kung nalilimitahan ng ating mga kalagayan ang ating kakayahan?

Ang ating Halimbawa, mangyari pa, ay ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, na nag-aanyaya sa ating sumunod sa Kanya (tingnan sa Mateo 4:19). Bagama't hindi tayo makababahagi sa Kanyang banal na tungkulin, makababahagi tayo sa Kanyang ministeryo. Sa paglalarawan sa ministeryong iyan, sinabi ni Apostol Pablo na si Jesus ay "naglilibot na gumagawa ng mabuti" (Ang Mga Gawa 10:38).

**Pinagaling ni Jesus ang maysakit at nahahapis** (tingnan sa Mateo 9:20–22; Marcos 8:22–25). Marahil hindi natin magagawa ang malalaking himala, ngunit maaari nating mapanatag at matulungan sa mga pangangailangan ang mga taong malapit ng pumanaw, maysakit, o nagdadalamhati.

**Mahimalang pinakain ng Tagapagligtas ang mga taong walang makain** (tingnan sa Mateo 14:15–21). Maaari tayong magbigay ng mas maraming handog-ayuno, maglingkod sa mga proyektong pangkapakanan ng Simbahan sa produksyon ng pagkain, at tumulong sa mga gawain ng komunidad na pakainin ang mga nangangailangan.

**Batid ni Jesus ang pangangailangan at nagministeryo sa bawat isa** (tingnan sa Lucas 8:45–48). Kapag hinangad nating tularan ang Kanyang halimbawa, bubuksan ng Espiritu ang ating

**2001**
- Pinasimulan ang isang bagong career workshop sa mga employment resource center. Ang mga materyal para sa self-employment workshop ay ipinaalam makaraan ang isang taon.
- Setyembre 5: Pagkatapos ng renobasyon ng Welfare Square, isang seremonya ng muling paglalaan ang idinaos.



**2003**
- Enero 25: Inilunsad ang Provident Living website, providentliving.org.
- Isang malaking plano ang inaprubahan upang maragdagan ang bilang ng mga bishops' storehouse sa iba't ibang panig ng mundo.
- Sinimulan ng Simbahan ang apat na malalaking proyektong pangkawanggawa: neonatal resuscitation training, malinis na tubig, pamamahagi ng wheelchair, at paggamot sa mata.

mga mata upang makita ang mga nahihirapan, nalulungkot, at nalilihis ng landas. At tayo ay magagabayan sa pagtulong na matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

**Si Jesus ay gumugol ng panahon sa iba, kahit hindi Niya ito ipinlano** (tingnan sa Lucas 24:29) **at kahit may kinakaharap din Siyang sariling alalahanin** (tingnan sa Mateo 14). Tayo ay pinayuhan na maglingkod sa matalino at maayos na paraan at huwag "tumakbo nang higit na mabilis kaysa sa [ating] lakas" (Mosias 4:27). Ngunit kung minsan ang ating pinakamalaking mga oportunidad na maglingkod at tumulong ay dumarating kung kailan hirap din tayo. Sa talinghaga ng Tagapagligtas, inihinto ng mabuting Samaritano ang kanyang paglalakbay, upang sa oras ding iyon ay matulungan ang sugatang lalaki (tingnan sa Lucas 10:30–37).

**Walang taong hindi mapapansin ng Tagapagligtas o napakaaba na hindi Niya matutulungan** (tingnan sa Mateo 9:9–13). Tulad ng ginawa ng Tagapagligtas, maaari nating mahalin at bigyang-inspirasyon ang iba, turuan sila ng mas mainam na paraan at anyayahang makiisa sa atin sa masaganang buhay na ibinibigay ng Tagapagligtas.

Alam ng ating Ama sa Langit ang ating kakaibang mga kakayahan, kalagayan, at hangarin, at alam Niya kung paano natin gagamitin ang mga ito para matulungan ang iba. Sa ating paglapit sa Kanya at paghingi ng patnubay, matutulungan Niya tayo na malaman kung kanino, saan, at paano tayo maglilingkod.

Puntahan ang Service section ng **LDS.org** para makakuha ng mga ideya tungkol sa paglilingkod sa Simbahan, sa inyong komunidad, sa gawaing misyonero, at sa mga serbisyong pantao.

**TALA**

1. Thomas S. Monson, "Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" *Liahona* at *Ensign,* Nob. 2009, 84–87.

*"Ang dalisay na relihion at walang dungis sa harapan ng ating Dios at Ama ay ito, dalawin ang mga ulila at mga babaing bao sa kanilang kapighatian, at pagingatang walang dungis ang kaniyang sarili sa sanglibutan" (Santiago 1:27).*



*Dulong kaliwa: Si Brother Chiroque, Young Men president sa Chulucanas, Peru, ay tumutulong kay Alex, isang miyembro ng teachers quorum, sa paggawa ng mga saklay para sa isang napilay na lalaki sa kanilang branch.*

*Ang mga handog-ayuno, tulad ng mga kinokolekta ng mga deacon na ito, ay mahalaga sa pagtulong sa mga nangangailangan.*

KALIWANG ITAAS: LARAWANG KUHA NI HOWARD COLLETT; KANANG ITAAS: PAGLALARAWAN NI JERRY GARNS

## Ang Lakas ng Nakararami

### Ang Batas ng Pag-aayuno

Itinatag ng Panginoon ang batas ng pag-aayuno upang pagpalain ang Kanyang mga tao at maglaan ng paraan na mapangalagaan ang mga nangangailangan. Inutusan Niya ang mga Banal "[na magbahagi] ng inyong ari-arian sa mga maralita, . . . at ang mga [ito] ay ibibigay sa harapan ng obispo . . . para sa pagtulong sa mga maralita at nangangailangan" (D at T 42:31, 34). Ang mga handog-ayuno ang pangunahing pinagkukunan ng storehouse o kamalig ng Panginoon. Ang mga miyembro ng Simbahan ay hinihikayat na magbigay ng handog na katumbas man lang ng halaga ng dalawang kainan na hindi kinain dahil nag-ayuno. Hiniling ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) na magbigay ang mga miyembro ng "higit pa—makasampung beses kapag kaya nating gawin ito."[1]

Kapag naunawaan at ipinamuhay natin ang batas ng pag-aayuno, ang ating pagmamahal at pagkahabag sa mga kapus-palad ay nadaragdagan. Ang pag-aayuno, na may kalakip na panalangin, ay isang anyo

**2009**

- Hunyo: Inilunsad ang isang bagong adoption website, ItsAboutLove.org.[3]



**2010**

- Abril: Inilunsad ang bagong employment website, LDSjobs.org, makukuha sa kasalukuyan sa wikang Ingles, Espanyol, at Portuges.
- Ang produksyon ng pagkain ay idinagdag sa proyektong pangkawanggawa.

**MGA TALA**

1. Tingnan sa "Humanitarian Activities Worldwide," providentliving.org/content/display/0,11666,4600-1-2323-1,00.html.
2. Tingnan sa C. Ross Clement, "LDS Family Services" (hindi inilathalang kasaysayan na inihanda para sa LDS Family Services, Mayo 10, 2000).
3. Tingnan sa Kimberly Bowen, "LDS Family Services Launches New Web Site," *Ensign,* Set. 2009, 78.



*Larawan ng karagdagang lakas na dulot ng pagkakaisa natin sa paglilingkod sa iba, ang mga kapatid sa priesthood sa Louisiana, USA, ay tumutulong sa pag-alis sa isang natumbang puno matapos manalasa ang Hurricane Katrina noong 2005.*



*Ang mga proyektong tulad ng pagtatanim ng milokoton [peach] ay nagbibigay ng maraming masustansyang pagkain na nakatutulong at nagpapasigla sa buhay ng mga taong naiwasan ang gutom dahil dito.*

ng tunay na pagsamba. Kapag sinusunod natin ang batas ng pag-aayuno, nagtatamo tayo ng espirituwal na lakas, mga pagpapalang temporal, at mas malaking hangaring paglingkuran ang iba.

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson: "Ang konsepto tungkol sa mga handog-ayuno ay ginagawa na noon pang panahon ni Isaias nang, sa pagsasalita tungkol sa tunay na pag-aayuno, ay hinikayat niya ang mga tao na mag-ayuno at 'magbahagi ng inyong tinapay sa gutom, at dalhin mo sa iyong bahay ang dukha na walang tuluyan' [Isaias 58:7]. Pinasimulan ni Propetang Joseph ang pagkolekta ng mga handog-ayuno para sa mga maralita sa Kirtland, Ohio; at kalaunan sa Nauvoo, Illinois, nagpadala ang Korum ng Labindalawang Apostol ng isang pangkalahatang liham sa Simbahan na nagbibigay-kahulugan 'sa alituntunin ng pag-aayuno,' sinasabing: 'Hayaang maging isang halimbawa ito sa lahat ng banal, at hindi kailanman magkakaroon ng kakulangan sa pagkain: Kapag ang mga maralita ay nagugutom, hayaang ang mga mayroon, ay mag-ayuno ng isang araw at ibigay sa mga bishop ang katumbas na halaga ng sana ay kakainin nila para sa maralita, at lahat ay mananagana sa mahabang panahon. . . . At hangga't ipinamumuhay ng mga banal ang lahat ng alituntuning ito nang may galak sa puso at masayang anyo palagi silang mananagana.'"[2]

*"Kung ang bawat miyembro ng simbahang ito ay mag-aayuno at maghahandog ng marami, ang mga maralita at nangangailangan—hindi lamang ang nasa Simbahan, gayon din ang maraming iba pa—ay matutulungan at mapaglalaanan."*

**President Gordon B. Hinckley** (1910–2008), "Rise to a Larger Vision of the Work," *Ensign,* Mayo 1990, 97.

**Produksyon ng Pagkain**

Ang produksyon at pagpoproseso ng pagkain upang pakainin ang mga nagugutom ang siyang pinagsasaligan ng planong pangkapakanan mula pa noong una itong ipabatid sa mga miyembro ng Simbahan. Ang dating magkakahiwalay na taniman at proyekto na nasa iba't ibang dako ng Utah ay naging malaking network ng mahigit 1,000 bukirin at proyekto para sa food-production na pinangangasiwaan ng mga stake at ward ng Simbahan. Mayroong mga welfare farm o bukiring pangkapakanan sa Hilagang Amerika, Europa, Australia, at Polynesia. Noong 1980s ang mga bukirin at pasilidad na ito ay pinatatag, pinalaki at pinaganda. Ang ilang maliliit na pasilidad ay ipinagbili.

Noon, ang mga bukirin at pasilidad na ito ay sinusuportahan ng mga miyembro ng Simbahan na halos sila ang gumagawa—lahat ay boluntaryo. Ang mga miyembro ay nagbibigay ng libu-libong araw kada taon sa paggawa, pagpoproseso, at pamamahagi ng pagkain na gagamitin sa pagtulong sa mga nangangailangan. Mahigit 100 milyong libra (45 milyong kg) ng butil, beans, karne, prutas, gulay at iba pang mga



*Bilang bahagi ng patuloy na pagsisikap na matugunan ang pinakapangunahing mga pangangailangan ng tao, ang mga kabataang babae sa Hong Kong ay nagbalot ng sabon at iba pang gamit na panlinis sa katawan para sa mga biktima ng kalamidad.*



*Ang mga proyekto pang-serbisyo ay nagpapatibay ng ugnayan natin at tumutulong sa atin na magkaroon ng mga katangiang tulad ng kay Cristo. Dito, ang mga kabataang Banal sa mga Huling Araw sa Mexico, na nakibahagi sa pagpapaganda ng lugar, ay naglilinis ng isang bahay.*

bagay ang naaani o nagagawa taun-taon, tinitiyak na may pagkaing maibibigay ang mga bishop para tulungan ang mga nangangailangan. Sa mga lugar ng Simbahan kung saan wala o walang nakahandang mga storehouse, ginagamit ng mga bishop at branch president ang mga handog-ayuno upang makapagbigay ng kailangang pagkain at serbisyo.

**Ang Storehouse o Kamalig ng Panginoon**

Simula nang ipabatid ang programang pangkapakanan noong 1936, ang mga miyembro ng Simbahan ay nagtulungan upang maibsan ang paghihirap ng mga nangangailangan. Ang paghina ng ekonomiya, mga kalamidad, kawalan ng trabaho, pagkakasakit at kapansanan, o kamatayan ay pawang nangangailangan ng pagtutulungan ng mga Banal sa ilalim ng pamamahala ng priesthood upang matiyak na natutugunan ang mga pangangailangan at natulungan ang indibiduwal at mga pamilya. Sa nakalipas na mga taon milyun-milyong mga miyembro ang kusang nagbigay ng kanilang oras at mga talento upang tulungan ang iba at halinhan, tulad ng sabi ni Pangulong Monson, "ang kahinaan ng isang taong nag-iisa [ay] lakas ng nakararami na magkakasamang naglilingkod."[3]

Nang magsalita si Pangulong Heber J. Grant tungkol sa welfare system o sistema ng gawaing pangkapakanan noong 1936, nakinita niyang "hindi [kailangan] ang bagong organisasyon sa Simbahan" kundi ang "mga organisasyon ng stake at ward, mga korum ng priesthood, ang Relief Society, at iba't ibang auxiliary [ang] magbibigay ng pinakamalaking serbisyong makakaya [nila] para sa kapakanan ng buong Simbahan."[4] Naitatag na ng Panginoon ang organisasyong kailangan upang tulungan ang mga maralita at nangangailangan—nabuo na ang mga korum ng priesthood, naorganisa na ang mga Relief Society, at narito na sa lupa ang priesthood ng Diyos.

Ang mga miyembro ng Simbahan, kabilang ang kanilang inilaang paggawa, mga talento at kakayahan, ay naging mahalagang bahagi ng storehouse o kamalig ng Panginoon. Bukod pa sa mga handog-ayuno na ibinabayad sa pondo ng handog-ayuno ng Simbahan, magagamit ng mga lider ng priesthood ang panahon, mga talento, kakayahan, at lakas ng lahat ng miyembro sa pagtulong sa mga nangangailangan.

Sa pagtanggap sa oportunidad na tulungan ang iba sa oras ng kanilang pangangailangan, ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa Diyos at sa Kanyang mga anak. Ito ang tunay na kahulugan ng welfare o pagkakawanggawa, at ang tapat na pagsasagawa nito ay magpapasigla kapwa sa nagbibigay at tumatanggap, tulad ng nakinita ng mga propeta sa ating panahon.

**MGA TALA**


1. Spencer W. Kimball, sa Conference Report, Abr. 1974, 184.
2. Thomas S. Monson, "Be Thou an Example," *Ensign,* Nob. 1996, 44.
3. Thomas S. Monson, sa "Messages of Inspiration from President Monson," *Church News*, Peb. 6, 2010, 2.
4. Heber J. Grant, sa James R. Clark, comp., *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints,* 6 tomo. (1965–75), 6:19; ang pagpapalaki ng mga titik ay inayon sa pamantayan.


MULA KALIWA: MGA LARAWANG KUHA NINA JED CLARK, HOWARD COLLETT, NORMAN BURNINGHAM, AT CRAIG DIMOND



*"Sa lahat ng nakikinig sa akin ipinahahayag ko na ang planong pangkawanggawa ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay inspirado ng Diyos na Maykapal. Tunay ngang ang Panginoong Jesucristo ang arkitekto nito. Kinakawayan Niya kayo at ako, 'Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya' (Apocalipsis 3:20).*

*"Nawa'y marinig natin ang Kanyang tinig, [nawa'y] buksan natin ang ating puso sa Kanya, at [nawa'y] lagi natin Siyang makasama sa pagsisikap nating paglingkuran ang Kanyang mga anak."*

**Pangulong Thomas S. Monson,** "Ang Pamamaraan ng Panginoon," sa *Mga Pangunahing Tuntunin sa Pagkakawanggawa at Pag-asa sa Sarili* (buklet, 2009), 13.

# Gawing Bahagi ng Inyong Buhay ang mga Alituntunin ng Gawaing Pangkapakanan

"Ang pamumuhay ayon sa mga alituntunin ng gawaing pangkapakanan ay tungkol sa pagpapakita ng ating pananampalataya kay Jesucristo sa ating kilos—halimbawa, sa hindi pag-utang, pamumuhay nang ayon sa kinikita natin, at pag-iimbak ng pagkain ng pamilya sa tahanan at pag-iimpok. Inaakay tayo ng ating pananampalataya na bigyan natin ng kaalaman ang ating isipan at ng kasanayan ang ating mga kamay at magtrabaho araw-araw upang matustusan ang ating pangangailangan. Kapag natustusan natin ang ating sariling pangangailangan, mas mapaglalaanan natin ang ating sarili at makapaglilingkod sa iba. Nawa ay masunod natin ang payo na hindi lamang *gumawa* ng mabuti kundi magsikap na *maging* mabuti, hindi lang *gumawa* ng mas mabuti kundi *maging* mas mabuti.[1] Ang pagsunod sa payo ng Panginoon ay nagdudulot ng mga pagpapalang temporal at espirituwal. Tinutulungan tayo nito na maharap ang mga pagsubok ng buhay nang may katatagan at pagtitiwala sa halip na takot at pag-aalinlangan.

Ipinaalala sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson ang ating tungkuling bigyang-inspirasyon at tulungan ang iba:

"Mga kapatid, nawa itanong natin ito sa ating sarili . . . : 'Ano ang nagawa ko ngayon para sa isang tao?' Nawa ang mga titik ng pamilyar na himno ay tumimo sa ating kaluluwa at manatili sa ating puso:

*"Ako ba'y may kabutihang nagawa?*
*Ako ba ay nakatulong na?*
*Nakapagpasaya, nakapagpasigla?*
*Kundi ay bigong talaga.*
*May napagaan bang pasanin ngayon*
*Dahil ako ay tumulong?*
*Ang mga nanghihina, nalunasan ba?*
*Nang kailangan ako'y naro'n ba?*

"Ang paglilingkod kung saan tinawag tayong lahat ay ang paglilingkod ng Panginoong Jesucristo."[2] ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Robert D. Hales, "Isang Pananaw ng Ebanghelyo sa Pagkakawanggawa: Pagkilos ayon sa Pananampalataya," sa *Mga Pangunahing Tuntunin sa Pagkakawanggawa at Pag-asa sa Sarili* (buklet, 2009), 1.
2. Thomas S. Monson, "Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" *Liahona* at *Ensign,* Nob. 2009, 84–87.

**KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN**
Interesado ba kayong matutuhan pa ang tungkol sa mga paksang tinalakay sa mga pahinang ito? Makatutulong sa inyo ang ilang mga polyeto, DVD, website, at iba pang mga materyal. Bisitahin ang **75yearsofwelfare.org** para sa karagdagang impormasyon.

PAGLALARAWAN NI JERRY GARNS



HINDI MAARING KOPYAHIN

*Sa Kanyang Pangangalaga sa Tuwina*, ni Greg Olsen

*"Hindi baga ipinagbibili ang limang maya sa dalawang beles? at isa man sa kanila ay hindi nalilimutan sa paningin ng Dios.*

*"Datapuwa't maging ang mga buhok ng inyong ulo ay pawang bilang na lahat. Huwag kayong mangatakot: kayo'y lalong mahalaga kay sa maraming maya" Lucas 12:6–7).*



Noong 1829 ang mga sinaunang Apostol na sina Pedro, Santiago, at Juan ay nagpakita kina Joseph Smith at Oliver Cowdery at iginawad sa kanila ang Melchizedek Priesthood. Sa pamamagitan ng gayunding proseso ng ordenasyon, natatanggap at nagagamit ng lahat ng karapat-dapat na lalaking miyembro ng Simbahan ang priesthood—ang karapatang kumilos sa pangalan ng Diyos. *Tingnan sa mga pahina 14, 16, at 19.*

TAGALOG
4 02096 86893 7